



**L.A. Care**<sup>®</sup>  
*Medi-Cal*

# Handbook ng Miyembro

Ang kailangan ninyong malaman tungkol sa inyong mga benepisyo

---

Pinagsamang Katibayan ng Coverage (Evidence of Coverage, EOC)  
at Form ng Pagsisiwalat ng L.A. Care Health Plan (L.A. Care)



# Iba pang wika at format

---

## Iba pang wika

Makukuha ninyo itong Handbook ng Miyembro at iba pang materyales ng plano sa iba pang wika nang wala kayong babayaran. Nagbibigay kami ng mga nakasulat na pagsasalin mula sa mga kwalipikadong tagasalin. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Walang bayad ang pagtawag. Basahin ang Handbook ng Miyembro na ito para matuto pa tungkol sa mga serbisyo ng tulong sa wika para sa pangangalagang pangkalusugan, gaya ng interpreter at mga serbisyo ng pagsasalin.

---

## Iba pang format

Maaari ninyong makuha ang impormasyong ito sa iba pang format, gaya ng braille, 20-point font na malalaking titik, audio, at madaling ma-access na mga elektronikong format nang wala kayong babayaran. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Walang bayad ang pagtawag.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lcare.org](http://lcare.org).

## Mga serbisyo ng interpreter

Ang L.A. Care ay nagbibigay ng mga serbisyo sa pasalitang interpretasyon mula sa isang kwalipikadong interpreter, sa 24-oras na batayan, nang wala kayong babayaran. Hindi ninyo kailangang gumamit ng miyembro ng pamilya o kaibigan bilang interpreter. Hindi namin hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad bilang mga interpreter, maliban kung ito ay isang emergency. Available ang mga serbisyo ng interpreter at na panglingguwistika at pangkultura nang wala kayong babayaran. Available ang tulong nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong sa wika o para makuha itong handbook sa ibang wika, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Walang bayad ang pagtawag.

**ATENSIYON:** Kung kailangan ninyo ng tulong sa inyong wika, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Mayroon ding mga tulong at serbisyo na magagamit para sa mga taong may kapansanan, gaya ng mga dokumento sa braille at malalaking titik. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang mga serbisyong ito.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

**English**

ATTENTION: If you need help in your language call **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call **1-888-839-9909** (TTY: **711**). These services are free of charge.

**Spanish**

ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al **1-888-839-9909** (TTY: **711**). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Estos servicios son gratuitos.

**Arabic**

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ **1-888-839-9909** (TTY: **711**). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة بريل والخط الكبير. اتصل بـ **1-888-839-9909** (TTY: **711**). هذه الخدمات مجانية.

**Armenian**

ՈՒՇԱՂԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք **1-888-839-9909** (TTY: **711**): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Զանգահարեք **1-888-839-9909** (TTY: **711**): Այդ ծառայություններն անվճար են:

**Cambodian**

ចំណាំ: បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ **1-888-839-9909** (TTY: **711**)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរធំ សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ **1-888-839-9909** (TTY: **711**)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

**Chinese**

请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 **1-888-839-9909** (TTY: **711**)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如文盲和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 **1-888-839-9909** (TTY: **711**)。这些服务都是免费的。

**Farsi**

توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با **1-888-839-9909** (TTY: **711**) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با **1-888-839-9909** (TTY: **711**) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

**Hindi**

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो **1-888-839-9909** (TTY: **711**) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। **1-888-839-9909** (TTY: **711**) पर कॉल करें। ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

**Hmong**

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau **1-888-839-9909** (TTY: 711). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau **1-888-839-9909** (TTY: 711). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

**Japanese**

注意日本語での対応が必要な場合は **1-888-839-9909** (TTY: 711) へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。 **1-888-839-9909** (TTY: 711) へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

**Korean**

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 **1-888-839-9909** (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. **1-888-839-9909** (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

**Laotian**

ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໂທຫາເບີ **1-888-839-9909** (TTY: 711). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມິໂຕຮິມໃຫຍ່ ໃຫ້ໂທຫາເບີ **1-888-839-9909** (TTY: 711). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

**Mien**

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux **1-888-839-9909** (TTY: 711). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hlou mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx **1-888-839-9909** (TTY: 711). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

**Punjabi**

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ **1-888-839-9909** (TTY: 711). ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ **1-888-839-9909** (TTY: 711). ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

**Russian**

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру **1-888-839-9909** (TTY: 711). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру **1-888-839-9909** (TTY: 711). Такие услуги предоставляются бесплатно.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

### Tagalog

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Libre ang mga serbisyo ng ito.

### Thai

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข **1-888-839-9909** (TTY: **711**) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข **1-888-839-9909** (TTY: **711**) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

### Ukrainian

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Ці послуги безкоштовні.

### Vietnamese

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số **1-888-839-9909** (TTY: **711**). Các dịch vụ này đều miễn phí.



---

# Maligayang pagdating sa L.A. Care!

---

Salamat sa pagsali sa L.A. Care. Ang L.A. Care ay isang planong pangkalusugan para sa mga taong may Medi-Cal. Ang L.A. Care ay tinatawag ding Local Initiative Health Authority for Angeles County. Maaari ninyo kaming tawaging “L.A. Care.” Nakikipagtulungan ang L.A. Care sa Estado ng California para tulungan kayong makatanggap ng pangangalagang pangkalusugan na kailangan ninyo. Ang L.A. Care ay isang lokal na pampublikong entidad. Sa katunayan, kami ang pinakamalaking planong pangkalusugan na pinapatakbo ng publiko sa bansa. Naglilingkod kami sa mga taong naninirahan sa Los Angeles County (na tinatawag naming “lugar ng serbisyo”). Nakikipagtulungan din ang L.A. Care sa apat (4) na Partner ng Planong Pangkalusugan (ang L.A. Care ay itinuturing ding “Partner ng Planong Pangkalusugan”) para magbigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa aming mga miyembro. Kapag sumali ang isang miyembro ng Medi-Cal sa L.A. Care, maaaring piliin ng miyembro na tumanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng alinmang Partner ng Planong Pangkalusugan na nakalista sa ibaba hangga’t available ang piniling plano.

- Anthem Blue Cross
- Blue Shield of California Promise Health Plan
- Kaiser Permanente
- L.A. Care

---

## Handbook ng Miyembro

Sinasabi sa inyo ng Handbook ng Miyembro na ito ang tungkol sa inyong coverage sa ilalim ng L.A. Care. Mangyaring basahin ito nang mabuti at buo. Matutulungan kayo nitong maunawaan at magamit ang inyong mga benepisyo at serbisyo. Ipinapaliwanag din nito ang inyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng L.A. Care. Kung mayroon kayong mga espesyal na pangangailangang pangkalusugan, tiyaking basahin ang lahat ng seksyong nalalapat sa inyo.

Ang Handbook ng Miyembro na ito ay tinatawag ding Pinagsamang Katibayan ng Coverage (Evidence of Coverage, EOC) at Form ng Pagsisiwalat. Ito ay isang buod ng mga panuntunan at patakaran ng L.A. Care at nakabatay sa kontrata sa pagitan ng L.A. Care at Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS). Kung gusto ninyo ng karagdagang impormasyon, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) para humingi ng kopya ng kontrata sa pagitan ng L.A. Care at DHCS. Maaari din kayong humingi ng isa pang kopya ng Handbook ng Miyembro nang wala kayong babayaran o bumisita sa website ng L.A. Care sa [lacare.org](http://lacare.org) para tingnan ang Handbook ng Miyembro. Maaari din kayong humiling, nang wala kayong babayaran, ng kopya ng mga hindi pag-aaring klinikal at administratibong patakaran at pamamaraan ng L.A. Care, o kung paano i-access ang impormasyong ito sa website ng L.A. Care.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Makipag-ugnayan sa amin

Narito ang L.A. Care para tumulong. Kung mayroon kayong mga tanong, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag.

Maaari din kayong bumisita online anumang oras sa [lacare.org](http://lacare.org).

Salamat,

L.A. Care Health Plan  
1055 West 7<sup>th</sup> Street, 10<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



# Talaan ng mga nilalaman

<b>Iba pang wika at format .....</b>	<b>1</b>
Iba pang wika.....	1
Iba pang format .....	1
Mga serbisyo ng interpreter.....	2
<b>Maligayang pagdating sa L.A. Care! .....</b>	<b>6</b>
Handbook ng Miyembro.....	6
Makipag-ugnayan sa amin .....	7
<b>Talaan ng mga nilalaman .....</b>	<b>8</b>
<b>1. Pagsisimula bilang isang miyembro .....</b>	<b>10</b>
Paano humingi ng tulong.....	10
Sino ang maaaring maging miyembro.....	11
Mga identification (ID) card.....	11
<b>2. Tungkol sa inyong planong pangkalusugan .....</b>	<b>12</b>
Pangalahatang-ideya ng planong pangkalusugan .....	12
Paano gumagana ang inyong plano .....	13
Pagpapalit ng mga planong pangkalusugan.....	13
Mga mag-aaral na lumipat sa bagong county o sa labas ng California .....	14
Pagpapatuloy ng pangangalaga.....	15
Mga gastusin.....	16
<b>3. Paano makakuha ng pangangalaga .....</b>	<b>19</b>
Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.....	19
Provider ng pangunahing pangangalaga (Primary care provider, PCP) .....	20
Network ng provider .....	22
Mga appointment.....	28
Pagpunta sa inyong mga appointment .....	28
Pagkansela at muling pag-iskedyul .....	28
Pagbabayad.....	29
Mga referral .....	30
Paunang pag-apruba (paunang pahintulot) .....	31
Mga ikalawang opinyon .....	32
Sensitibong pangangalaga .....	32
Agarang pangangalaga .....	35
Pang-emergency na pangangalaga .....	36
Linya para sa Payo ng Nars .....	37



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

Mga paunang direktiba .....	37
Pag-donate ng organ at tisiyu.....	38
<b>4. Mga benepisyo at serbisyo.....</b>	<b>39</b>
Ano ang sinasaklaw ng inyong planong pangkalusugan .....	39
Mga benepisyo ng Medi-Cal na saklaw ng L.A. Care .....	41
Iba pang saklaw na benepisyo at programa ng L.A. Care .....	59
Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal.....	62
Mga serbisyong hindi ninyo maaaring makuha sa pamamagitan ng L.A. Care o Medi-Cal.....	66
Pagsusuri ng mga bago at kasalukuyang teknolohiya .....	66
<b>5. Pagpapanatili ng kalusugan ng bata at kabataan.....</b>	<b>67</b>
Mga serbisyong pambata (Mga batang wala pang edad na 21 taon).....	67
Mga well-child na check up sa kalusugan at pang-iwas na pangangalaga .....	68
Mga pagsusuri ng pagkalason dahil sa lead sa dugo.....	69
Tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa pagpapanatili ng kalusugan ng bata at kabataan .....	69
Iba pang serbisyong makukuha ninyo sa pamamagitan ng Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal o iba pang programa .....	70
<b>6. Pag-uulat atpaglutat ng mga problema.....</b>	<b>72</b>
Mga Reklamo .....	73
Mga Apela .....	74
Ano ang dapat gawin kung hindi kayo sumasang-ayon sa mga desisyon sa apela .....	75
Mga Reklamo at Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR) sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagamg Pangkalusugan.....	76
Mga Pagdinig ng Estado .....	77
Panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso .....	78
<b>7. Mga karapatan at responsibilidad .....</b>	<b>80</b>
Inyong mga karapatan .....	80
Inyong mga responsibilidad .....	81
Abiso ng hindi pandidiskrimina.....	82
Mga paraan para makibahagi bilang miyembro .....	84
Abiso sa mga kasanayan sa pagkapribado .....	85
Mga abiso tungkol sa mga batas .....	92
Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang huling tagabayad, iba pang coverage sa kalusugan, at tort recovery .....	92
Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian .....	93
Abiso sa Pagkilos .....	93
Mahalagalang numero ng telepono .....	94



# 1. Pagsisimula bilang isang miyembro

---

## Paano humingi ng tulong

Gusto ng L.A. Care na maging masaya kayo sa inyong pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kayong anumang tanong o alalahanin tungkol sa inyong pangangalaga, gusto ng L.A. Care na makibalita sa inyo!

### Member Services

Narito ang Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care para tulungan kayo. Magagawa ng L.A. Care na:

- Sumagot ng mga tanong tungkol sa inyong planong pangkalusugan at mga saklaw na serbisyo ng L.A. Care
- Tulungan kayong pumili o magpalit ng provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP)
- Sabihin sa inyo kung saan kukunin ang pangangalagang kailangan ninyo
- Tulungan kayong makakuha ng mga serbisyo ng interpreter kung hindi kayo nagsasalita ng Ingles
- Tulungan kayong makakuha ng impormasyon sa iba pang wika at format
- Tumulong sa pagkuha ng mga appointment sa tamang oras
- Palitan ang inyong ID card
- Sumagot ng mga tanong tungkol sa mga problemang hindi ninyo kayang lutasin
- Tumulong sa pag-iskedyul ng transportasyon

Kung kailangan ninyo ng tulong, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday.. Walang bayad ang pagtawag. Dapat tiyakin ng L.A. Care na maghihintay kayo nang wala pang 10 minuto kapag tumatawag.

Maaari din kayong bumisita online anumang oras sa [lacare.org](http://lacare.org).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Sino ang maaaring maging miyembro

Kwalipikado kayo para sa L.A. Care dahil kwalipikado kayo para sa Medi-Cal at nakatira kayo sa Los Angeles County. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa inyong coverage sa Medi-Cal o tungkol sa kung kailan ninyo kailangang i-renew ang inyong Medi-Cal, mangyaring tawagan ang Departamento ng Mga Pamublikong Serbisyong Panlipunan (Department of Public Social Services, DPSS) ng Los Angeles County sa **1-866-613-3777**. Maaari din kayong maging kwalipikado para sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Social Security dahil tumatanggap kayo ng SSI/SSP.

Para sa mga tanong tungkol sa pagpapatala, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077** o **711**). O bisitahin ang <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov>. Para sa mga tanong tungkol sa Social Security, tawagan ang Pangasiwaan ng Social Security (Social Security Administration) sa **1-800-772-1213**. O bisitahin ang <https://www.ssa.gov/locator/>.

### Transitional na Medi-Cal


Ang Transitional na Medi-Cal ay tinatawag ding “Medi-Cal para sa mga nagtatrabaho.” Maaari kayong makakuha ng Transitional na Medi-Cal kung hihinto kayo sa pagkuha ng Medi-Cal dahil:

- Nagsimula kayong kumita ng mas malaking pera.
- Nagsimula nang makatanggap ang inyong pamilya ng mas maraming suporta para sa anak o asawa.

Maaari kayong magtanong tungkol sa kwalipikasyon para sa Transitional na Medi-Cal sa lokal na tanggapan para sa mga serbisyong pangkalusugan at pantao ng inyong county sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx> o tumawag sa Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077** o **711**).

## Mga identification (ID) card

Bilang miyembro ng L.A. Care, makakakuha kayo ng ID card ng L.A. Care. Dapat ninyong ipakita ang inyong ID card ng L.A. Care at ang inyong Identification Card para sa Mga Benepisyo (Benefits Identification Card, BIC) ng Medi-Cal, na ipinadala sa inyo ng Estado ng California, kapag kukuha kayo ng anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o reseta. Dapat ninyong dalhin ang lahat ng inyong card ng kalusugan sa lahat ng oras. Narito ang mga sample na BIC at ID card ng L.A. Care para ipakita sa inyo kung ano ang magiging hitsura ng inyo:



Kung hindi ninyo makukuha ang inyong ID card ng L.A. Care sa loob ng ilang linggo pagkalipas ng petsa ng inyong pagpapatala, o kung ang inyong card ay nasira, nawala, o ninakaw, tawagan kaagad ang **Mga Serbisyo sa Miyembro**. Papadalhan kayo ng L.A. Care ng bagong card nang wala kayong babayaran. Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lcare.org](http://lcare.org).

## 2. Tungkol sa inyong planong pangkalusugan

### Pangkalahatang-ideya ng planong pangkalusugan

Ang L.A. Care ay isang planong pangkalusugan para sa mga taong may Medi-Cal sa mga county na ito: Los Angeles County. Nakikipagtulungan ang L.A. Care sa Estado ng California para tulungan kayong makatanggap ng pangangalagang pangkalusugan na kailangan ninyo.

Maaari kayong makipag-usap sa isa sa mga kinatawan ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care para matuto pa tungkol sa planong pangkalusugan at paano ito mapapagana para sa inyo. Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-839-9909 (TTY 711)**.

### Kailan magsisimula at magtatapos ang inyong coverage

Kapag nagpatala kayo sa L.A. Care, padadalhan namin kayo ng ID card sa loob ng dalawang linggo mula sa petsa ng inyong pagpapatala. Kailangan ninyong ipakita ang inyong ID card ng L.A. Care at ang inyong Identification Card para sa Mga Benipisyo (Benefits Identification Card, BIC) ng Medi-Cal kapag kukuha kayo ng anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o reseta.

Kailangang i-renew ang inyong coverage sa Medi-Cal taon-taon. Kung hindi ire-renew ng lokal na tanggapan ng inyong county ang inyong coverage sa Medi-Cal gamit ang mga elektronikong mapagkukunan, padadalhan kayo ng county ng isang form para sa pag-renew ng Medi-Cal. Kompletuhin ang form na ito at ibalik ito sa lokal na ahensya ng mga serbisyong pantao ng inyong county. Maaari ninyong ibalik ang inyong impormasyon online, sa personal, o sa pamamagitan ng telepono o iba pang elektronikong paraan kung available sa inyong county.

Magkakabisa ang inyong coverage sa unang araw ng buwan pagkatapos makompleto ang pagpapatala sa isang planong pangkalusugan. Suriin ang inyong sulat mula sa Health Care Options para sa petsa ng pagkabisa ng inyong coverage.

Maaari ninyong hilinging wakasan ang inyong coverage sa L.A. Care at pumili ng ibang planong pangkalusugan anumang oras. Para sa tulong sa pagpili ng bagong plano, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711)**. O bisitahin ang [www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov](http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov). Maaari din ninyong hilinging wakasan ang inyong Medi-Cal.

Ang L.A. Care ang planong pangkalusugan para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa Los Angeles County. Hanapin ang inyong lokal na tanggapan sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>.

Maaaring magtapos ang kwalipikasyon sa L.A. Care kung totoo ang alinman sa mga sumusunod:

- Lumipat kayo sa labas ng Los Angeles County
- Wala na kayong Medi-Cal
- Kung magiging kwalipikado kayo para sa isang programa ng waiver na nangangailangang nakatala kayo sa FFS Medi-Cal.
- nasa kulungan o bilangguan kayo

Kung mawawala ang inyong coverage sa L.A. Care Medi-Cal, maaari pa rin kayong maging kwalipikado para sa coverage ng Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal. Kung hindi kayo sigurado kung saklaw pa rin kayo ng L.A. Care, mangyaring tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-839-9909 (TTY 711)**.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Mga espesyal na pagsasaalang-alang para sa mga Amerikanong Indiyano sa pinamamahalaang pangangalaga

Ang mga Amerikanong Indiyano ay may karapatang hindi magpatala sa isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal o maaari silang umalis sa kanilang plano ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal at bumalik sa FFS Medi-Cal anumang oras at para sa anumang dahilan.

Kung kayo ay isang Amerikanong Indiyano, may karapatan kayong makatangap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa isang Indiyano Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan (Indian Health Care Provider, IHCP). Maaari rin kayong manatili o umalis sa L.A. Care habang tumatangap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa mga lokasyong ito. Para sa impormasyon tungkol sa pagpapatala at pag-alis sa pagkakatala, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY o **711**).

---

## Paano gumagana ang inyong plano

Ang L.A. Care ay isang planong pangkalusugan ng pinapamahalaang pangangalaga na nakakontrata sa DHCS. Nakikipagtulungan ang L.A. Care sa mga doktor, ospital, at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan sa lugar ng serbisyo ng L.A. Care para bigyan kayo, ang miyembro, ng pangangalagang pangkalusugan. Habang kayo ay miyembro ng L.A. Care, maaari kayong maging kwalipikadong makatangap ng ilang karagdagang serbisyong ibinibigay sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal. Kabilang dito ang mga reseta para sa outpatient, hindi inireresetang gamot, at ilang medikal na supply sa pamamagitan ng FFS Medi Cal Rx.

Sasabihin sa inyo ng isang kinatawan ng Mga Serbisyo sa Miyembro kung paano gumagana ang L.A. Care, paano makukuha ang pangangalagang kailangan ninyo, paano mag-iskedyul ng mga appointment sa provider sa loob ng karaniwang mga oras ng pag-access, paano humiling ng walang bayad na mga serbisyo sa interpretasyon, at paano malalaman kung kwalipikado kayo para sa mga serbisyo sa transportasyon .

Para matuto pa, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Makikita rin ninyo ang impormasyon sa serbisyo sa miyembro online sa [lacare.org](https://www.lacare.org).

---

## Pagpapalit ng mga planong pangkalusugan

Maaari kayong umalis sa L.A. Care at sumali sa ibang planong pangkalusugan sa tinitirhan ninyong county anumang oras. Tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077** o **711**) para pumili ng bagong plano. Maaari kayong tumawag sa pagitan ng 8:00 a.m. at 6:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes. O bumisita sa <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/>.

Nagtatagal nang hanggang 30 araw para maproseso ang kahilingin ninyong umalis sa L.A. Care at magpatala sa ibang plano sa inyong county kung walang isyu sa kahilingan. Para malaman ang katayuan ng inyong kahilingan, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077** o **711**).

Kung gusto ninyong umalis sa lalong madaling panahon sa L.A. Care, maaari kayong humiling sa Health Care Options ng pinabilis (mabilis) na pag-alis sa pagkakatala. Kung ang dahilan para sa inyong kahilingan ay makakatugon sa mga panuntunan para sa pinabilis na pag-alis sa pagkakatala, makakatanggap kayo ng sulat para sabihin sa inyong inalis na kayo sa pagkakatala.

Kasama, pero hindi limitado, sa mga miyembrong maaaring humiling ng pinabilis na pag-alis sa pagkakatala ang mga batang tumatangap ng mga serbisyo sa ilalim ng mga programa ng Foster na Pangangalaga o Tulong sa Pag-ampon, miyembrong may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, at miyembrong nakatala na sa Medicare o ibang Medi-Cal o komersyal na plano ng pinamamahalaang pangangalaga.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](https://www.lacare.org).



Maaari ninyong hilinging umalis sa L.A. Care nang personal sa lokal na tanggapan para sa mga serbisyong pangkalusugan at pantao ng inyong county. Hanapin ang inyong lokal na tanggapan sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>. O tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077** o **711**).

## Mga mag-aaral na lumipat sa bagong county o sa labas ng California

Available ang mga serbisyong pang-emergency at agarang pangangalaga sa lahat ng nagpatala sa Medi-Cal sa buong estado anuman ang tinitirhang county. Ang karaniwan at pang-iwas na pangangalaga ay saklaw lang sa inyong tinitirhang county. Kung lilipat kayo sa isang bagong county sa California para pumasok sa mas mataas na edukasyon, kabilang ang kolehiyo, sasaklawin ng L.A. Care ang mga serbisyo sa emergency room at sa agarang pangangalaga sa inyong bagong county. Maaari din kayong makatanggap ng karaniwan at pang-iwas na pangangalagan sa inyong bagong county, pero dapat ninyong ipaalam ito sa inyong MCP. Tumingin sa ibaba para sa karagdagang detalye.

Kung nakatala kayo sa Medi-Cal at mag-aaral kayo sa isang county na iba sa inyong tirahan sa California, hindi ninyo kailangang mag-apply para sa Medi-Cal sa county na iyon.

Kung pansamantala kayong lumipat ng bahay para maging isang mag-aaral sa ibang county sa California, may dalawang pagpipilian na available sa inyo. Maaari ninyong:

- Ipaalam sa Departamento ng Mga Pamublikong Serbisyong Panlipunan ng Los Angeles County sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-866-613-3777** o bisitahin ang <http://dpss.lacounty.gov> para iulat na pansamantala kayong lilipat para pumasok sa institusyon ng mas mataas na edukasyon at ibigay ang inyong address sa bagong county. I-update ng county ang mga talaan ng kaso hinggil sa bago ninyong address at code ng county sa database ng Estado. Gamitin ang pagpipiliang ito kung gusto ninyong makakuha ng karaniwan at pang-iwas na pangangalagan sa inyong bagong county. Maaaring kailanganin ninyong magpalit ng mga planong pangkalusugan kung hindi nagpapatakbo ang L.A. Care sa county kung saan kayo magkokolehiyo. Para sa mga tanong at para maiwasan ang anumang pagkaantala sa pagpapatala sa bagong planong pangkalusugan, tawagan ang Health Care Options sa **1-800-430-4263** (TTY **1-800-430-7077** o **711**).

### O

- Piliing huwag baguhin ang inyong planong pangkalusugan kapag pansamantala kayong lumipat para magkolehiyo sa ibang county. Maa-access lang ninyo ang mga serbisyo sa emergency room at agarang pangangalaga sa bagong county para sa ilang kondisyon. Para matuto pa, pumunta sa Kabanata 3, "Paano makakuha ng pangangalaga." Para sa karaniwan o pang-iwas na pangangalagang pangkalusugan, kakailanganin ninyong gamitin ang regular na network ng mga provider ng L.A. Care na nasa tinitirhang county ng pinuno ng sambahayan.

Kung kayo ay pansamantalang aalis ng California para maging isang mag-aaral sa ibang estado at gusto ninyong panatilihin ang inyong coverage sa Medi-Cal, makipag-ugnayan sa inyong manggagawa sa kwalipikasyon sa Departamento ng Mga Pamublikong Serbisyong Panlipunan ng Los Angeles County. Hangga't karapat-dapat kayo, sasaklawin ng Medi-Cal ang mga serbisyong pang-emergency at sa agarang pangangalaga sa ibang estado. Sasaklawin din ng Medi-Cal ang pang-emergency na pangangalagang nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico kung ang serbisyo ay inaprubahan at ang doktor at ospital ay nakakatugon sa mga panuntunan ng Medi-Cal. Ang mga serbisyo sa karaniwan at pang-iwas na pangangalaga, kabilang ang mga inireresetang gamot, ay hindi saklaw sa labas ng California. Kung gusto ninyo ang Medicaid sa ibang estado, kakailanganin ninyong mag-apply sa estadong iyon. Hindi ka magiging kwalipikado para sa Medi-Cal at hindi magbabayad ang L.A. Care para sa inyong pangangalagang pangkalusugan. Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang pang-emergency, agaran, o anumang iba pang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa labas ng Estados Unidos, maliban sa Canada at Mexico, gaya ng binanggit sa Kabanata 3.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Pagpapatuloy ng pangangalaga

### Pagpapatuloyng Pangangalaga para sa hindi kalahok na Provider

Bilang miyembro ng L.A. Care, makukuha ninyo ang inyong pangangalagang pangkalusugan mula sa mga provider sa network ng L.A. Care. Para malaman kung ang provider ng pangangalagang pangkalusugan ay nasa network ng L.A. Care, mangyaring tingnan ang [www.lacare.org/members/welcome-la-care/member-documents/medi-cal](http://www.lacare.org/members/welcome-la-care/member-documents/medi-cal)

Sa ilang kaso, maaari kayong pumili sa mga provider na wala sa network ng L.A. Care kung lumipat kayo sa ibang plano o fee-for-service (FFS) o isang provider na dating nasa network at wala na sa network ngayon. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga.

Tawagan ang L.A. Care at sabihin sa amin kung kailangan ninyong bumisita sa provider na wala sa network. Sasabihin namin sa inyo kung mayroon kayong karapatan sa pagpapatuloy ng pangangalaga. Maaari ninyong magamit ang pagpapatuloy ng pangangalaga hanggang sa 12 buwan, o higit pa sa ilang kaso, kung totoo ang lahat ng sumusunod:

- Mayroon kayong patuloy na ugnayan sa hindi kalahok na provider, bago ang pagpapatala sa L.A. Care
- Natingnan kayo ng hindi kalahok na provider kahit isang beses sa loob ng labindalawang (12) buwan bago ang inyong pagpapatala sa L.A. Care para sa isang hindi pang-emergency na pagbisita
- Ang hindi kalahok na provider ay handang makipagtulungan sa L.A. Care at sumasang-ayon sa mga kinakailangan sa kontrata ng L.A. Care at pagbabayad para sa mga serbisyo
- Ang hindi kalahok na provider ay nakakatugon sa mga pamantayan para sa propesyonal ng L.A. Care

Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** para sa karagdagang impormasyon.

Kung ang inyong mga provider ay hindi sasali sa network ng L.A. Care bago ang pagtatapos ng 12 buwan, hindi sumasang-ayon sa mga rate ng pagbabayad ng L.A. Care, o hindi nakakatugon sa mga kinakailangan sa kalidad ng pangangalaga, kailangan ninyong lumipat sa mga provider sa network ng L.A. Care. Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** para talakayin ang inyong mga opsyon.

### Pagpapatuloy ng Pangangalaga para sa mga serbisyo

Bilang miyembro ng L.A. Care, makukuha ninyo ang inyong mga serbisyo sa Medi-Cal mula sa mga provider sa network ng L.A. Care. Sa ilang kaso, maaari kayong makakuha ng patuloy na pag-access sa mga serbisyo ng Medi-Cal kung ginagamot kayo para sa ilang kondisyon sa kalusugan at ang hindi kalahok na provider ay hindi handang magpatuloy sa pagbibigay ng mga serbisyo o hindi sumasang-ayon sa mga kinakailangan sa kontrata, pagbabayad, o iba pang tuntunin para sa pagbibigay ng pangangalaga ng L.A. Care ni, hindi kayo makakatanggap ng patuloy na pangangalaga mula sa provider. Gayunpaman, maaari kayong magpatuloy sa pagkuha ng mga serbisyo mula sa ibang provider sa network ng L.A. Care.

Ang mga serbisyong ibinibigay ng L.A. Care para sa pagpapatuloy ng pangangalaga ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

- Malalalang kondisyon (isang medikal na isyung nangangailangan ng mabilis na atensyon) – hangga't tumatagal ang kondisyon.
- Mga hindi gumagaling na kondisyon ng katawan at pag-uugali (isang isyu sa pangangalagang pangkalusugan na mayroon kayo sa mahabang panahon) – para sa dami ng oras na kinakailangan para matapos ang kurso ng paggamot at para ayusin ang ligtas na paglipat sa bagong doktor sa network ng L.A. Care.
- Pagbubuntis – sa panahon ng pagbubuntis at hanggang sa 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis.
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng ina hanggang sa 12 buwan mula sa diagnosis o mula sa pagtatapos ng pagbubuntis, alinman ang mas maaga.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



- Pangangalaga sa bagong silang na bata sa pagitan ng kapanganakan at edad na 36 na buwan hanggang 12 buwan mula sa petsa ng pagsisimula ng coverage o petsa ng pagtatapos ng kontrata ng provider sa L.A. Care.
- Sakit na nagtataning sa buhay (isang medikal na isyung nagbabanta sa buhay) – hangga't tumatagal ang sakit. Ang pagkompleto ng mga saklaw na serbisyo ay maaaring lumagpas sa labindalawang (12) buwan mula sa oras na huminto ang provider sa pagtatrabaho sa L.A. Care.
- Pagsasagawa ng operasyon o iba pang medikal na procedure mula sa isang hindi kalahok na provider hangga't ito ay saklaw, medikal na kinakailangan, at pinahihintulutan ng L.A. Care bilang bahagi ng isang dokumentadong kurso ng paggamot at inirekomenda at dokumentado ng provider – operasyon o iba pang medikal na procedure na magaganap sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pagwawakas ng kontrata ng provider o 180 araw mula sa petsa ng pagkabisa ng coverage ng isang bagong miyembro.

Para sa iba pang kondisyon na maaaring maging kwalipikado, makipag-ugnayan sa **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY 711).

Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY 711) para sa tulong sa pagpili ng isang nakakontratang provider para magpatuloy sa inyong pangangalaga o kung mayroon kayong anumang tanong o problema sa pagtanggap ng mga saklaw na serbisyo mula sa isang provider na hindi na bahagi ng L.A. Care.

Ang L.A. Care ay hindi inaatasang magbigay ng pagpapatuloy na pangangalaga para sa mga serbisyong hindi saklaw ng Medi-Cal, matibay na kagamitang medikal, transportasyon, iba pang pantulong na serbisyo, at carved-out na provider ng serbisyo. Para matuto pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga at mga kwalipikasyon, at para marinig ang tungkol sa lahat ng available na serbisyo, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY 711).

---

## Mga gastusin

### Mga gastusin ng miyembro

Ang L.A. Care ay naglilingkod sa mga taong kwalipikado para sa Medi-Cal. Sa karamihan ng mga kaso, ang mga miyembro ng L.A. Care ay **hindi** kailangang magbayad para sa mga saklaw na serbisyo, premium, o deductible. Ang mga miyembrong nakatala sa Programa para sa Insurance sa Kalusugan ng Mga Bata ng California (California Children's Health Insurance Program, CCHIP) sa mga county ng Santa Clara, San Francisco, at San Mateo at miyembro ng Programang Medi-Cal para sa Mga Pamilya ay maaaring magkaroon ng buwanang premium at mga copayment. Maliban sa pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga, o sensitibong pangangalaga, kailangan ninyong makakuha ng paunang pag-apruba mula sa L.A. Care bago kayo bumisita sa isang provider na wala sa network ng L.A. Care. Kung hindi kayo makakakuha ng paunang pag-apruba at pupunta kayo sa isang provider na wala sa network para sa pangangalagang hindi pang-emergency, agaran, o sensitibo, maaaring kailanganin ninyong magbayad para sa pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network. Para sa listahan ng mga saklaw na serbisyo, pumunta sa “Mga benepisyo at serbisyo.” Maaari din ninyong mahanap ang Direktoryo ng Provider sa website ng L.A. Care sa [lacare.org](http://lacare.org).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

### Para sa mga miyembrong may pangmatagalang pangangalaga at bahagi sa gastusin

Maaaring kailanganin ninyong magbayad ng bahagi sa gastusin bawat buwan para sa inyong mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga. Ang halaga ng inyong bahagi sa gastusin ay nakadepende sa inyong kita at mga mapagkukunan. Bawat buwan, babayaran ninyo ang inyong sariling mga bayarin sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga bayarin sa Mga Pinamamahalaang Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (Managed Long-Term Services and Support, MLTSS), hanggang sa ang halaga ng inyong binayaran ay maging katumbas ng inyong bahagi sa gastusin. Pagkatapos nito, ang inyong pangmatagalang pangangalaga ay sasaklawin ng L.A. Care para sa buwang iyon. Hindi kayo sasaklawin ng L.A. Care hanggang sa mabayaran ninyo ang inyong buong bahagi sa gastusin sa pangmatagalang pangangalaga para sa buwan.

### Paano binabayaran ang provider

Binabayaran ng L.A. Care ang mga provider sa ganitong mga paraan:

- Mga capitation na pagbabayad
  - Binabayaran ng L.A. Care ang ilang provider ng nakatakdang halaga ng pera bawat buwan para sa bawat miyembro ng L.A. Care. Tinatawag itong capitation na pagbabayad. Nagtutulungan ang L.A. Care at mga provider para magpasya tungkol sa halaga ng bayad.
- Mga FFS na pagbabayad
  - Nagbibigay ang ilang provider ng pangangalaga sa mga miyembro ng L.A. Care at pagkatapos ay nagpapadala sila sa L.A. Care ng bayarin para sa mga serbisyong ibinigay nila. Tinatawag itong FFS na pagbabayad. Nagtutulungan ang L.A. Care at mga provider para magpasya kung magkano ang halaga ng bawat serbisyo.

Para matuto pa tungkol sa kung paano binabayaran ng L.A. Care ang mga provider, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY 711).

### Kung nakatanggap kayo ng bayarin mula sa provider ng pangangalagang pangkalusugan

Ang mga saklaw na serbisyo ay mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na responsibilidad ng L.A. Care na bayaran. Kung makakakuha kayo ng bayarin para sa mga bayad para sa pansuportang serbisyo, copayment, o bayarin sa pagpaparehistro para sa saklaw na serbisyo, huwag bayaran ang bayarin. Tawagan kaagad ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY 711).

### Paghiling sa L.A. Care na bayaran kayo para sa mga gastusin

Kung nagbayad kayo para sa mga serbisyong inyong natanggap na, maaari kayong maging kwalipikadong ma-reimburse (maibalik ang ibinayad) kung matugunan ninyo **lahat ng** sumusunod na kondisyon:

- Ang serbisyong natanggap ninyo ay isang saklaw na serbisyo na responsibilidad ng L.A. Care na bayaran. Ang L.A. Care ay hindi magre-reimburse sa inyo para sa serbisyong hindi saklaw ng L.A. Care.
- Natanggap ninyo ang saklaw na serbisyo pagkatapos ninyong maging kwalipikadong miyembro ng L.A. Care.
- Hiniling ninyong mabayaran kayo sa loob ng isang taon mula sa petsa ng pagtanggap ninyo ng saklaw na serbisyo.
- Nagbigay kayo ng patunay na nagbayad kayo para sa saklaw na serbisyo, gaya ng detalyadong resibo mula sa provider.
- Natanggap ninyo ang saklaw na serbisyo mula sa nakatalang provider ng Medi-Cal sa network ng L.A. Care. Hindi ninyo kailangang matugunan ang kondisyong ito kung nakatanggap kayo ng mga pang-emergency na serbisyo, serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o ibang serbisyo na pinapayagan ng Medi-Cal na ibigay ng mga wala sa network na provider nang walang paunang pag-apruba.
- Kung ang saklaw na serbisyo ay karaniwang nangangailangan ng paunang pag-apruba, nagbigay kayo ng katibayan mula sa provider na nagpapakita ng medikal na pangangailangan para sa saklaw na serbisyo.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

Ang L.A. Care ang magsasabi sa inyo ng desisyon nito na i-reimburse kayo sa liham na tinatawag na Abiso sa Pagkilos. Kung natutugunan ninyo ang lahat ng kondisyon sa itaas, dapat kayong bayaran ng provider na nakatala sa Medi-Cal para sa buong halaga na inyong binayaran. Kung ang provider ay tumangging magbayad sa inyo, ang L.A. Care ang magbabayad sa inyo para sa buong halaga na inyong binayaran. Kailangan naming i-reimburse kayo sa loob ng 45 araw ng negosyo mula sa pagtanggap ng claim. Kung ang provider ay nakatala sa Medi-Cal, ngunit wala sa network ng L.A. Care at tumangging bayaran kayo, babayaran kayo ng L.A. Care, ngunit hanggang sa halaga lamang na babayaran ng FFS Medi-Cal. Ang L.A. Care ay magbabayad sa inyo para sa buong halaga na mula sa sariling bulsa para sa mga pang-emergency na serbisyo, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o ibang serbisyo na pinapayagan ng Medi-Cal na ibigay ng mga wala sa network na provider nang walang paunang pag-apruba. Kung hindi ninyo natutugunan ang isa sa mga kondisyon sa itaas, hindi kayo babayaran ng L.A. Care.

Hindi kayo babayaran ng L.A. Care kung:

- Humiling at tumanggap kayo ng mga serbisyong hindi saklaw ng Medi-Cal, gaya ng mga serbisyong pangkosmetiko.
- Ang serbisyo ay hindi saklaw na serbisyo ng L.A. Care.
- Mayroon kayong hindi pa natutugunang Bahagi sa Gastusin ng Medi-Cal.
- Nagpunta kayo sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at gayunpaman, pumirma kayo sa form na nagsasabing gusto ninyong magpasuri at kayo mismo ang magbabayad para sa mga serbisyo.
- Kung mayroon kayong Medicare Part D, saklaw ng inyong plano sa Medicare Part D ang mga copayment para sa mga reseta.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

# 3. Paano makakuha ng pangangalaga

## Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

### MANGYARING BASAHIN ANG MGA SUMUSUNOD NA IMPORMASYON PARA MALAMAN NINYO KUNG MULA KANINO O SA ANONG GRUPO NG MGA PROVIDER MAAARING MAKAKAKUHA NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Maaari kayong magsimulang makatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan batay sa inyong petsa ng pagkabisa ng pagpapatala. Dalhin palagi ang inyong ID card ng L.A. Care, Identification Card para sa Mga Benepisyo ng Medi-Cal (Medi-Cal Benefits Identification Card, BIC), at anumang iba pang card ng insurance sa kalusugan na mayroon kayo. Huwag payagan ang sinuman na gamitin ang inyong BIC o ID card ng L.A. Care.

Ang mga bagong miyembro na may coverage sa Medi-Cal lang ang dapat pumili ng provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP) sa network ng L.A. Care. Ang mga bagong miyembro na may Medi-Cal at iba pang komprehensibong coverage sa kalusugan ay hindi kailangang pumili ng PCP. Ang network ng L.A. Care ay isang grupo ng mga doktor, ospital, at iba pang provider na nakikipagtulungan sa L.A. Care. Dapat kayong pumili ng PCP sa loob ng 30 araw mula sa oras na naging miyembro kayo ng L.A. Care. Kung hindi kayo pipili ng PCP, ang L.A. Care ang pipili ng isa para sa inyo.

Maaari ninyong piliin ang parehong PCP o iba't ibang PCP para sa lahat ng miyembro ng pamilya sa L.A. Care, hangga't ang PCP ay available.

Kung mayroon kayong doktor na gusto ninyong panatilihin, o gusto ninyong maghanap ng bagong PCP, maaari kayong tumingin sa Direktoryo ng Provider. Mayroon itong listahan ng lahat ng PCP sa network ng L.A. Care. May iba pang impormasyon ang Direktoryo ng Provider para tulungan kayong pumili ng PCP. Kung kailangan ninyo ng Direktoryo ng Provider, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Maaari din ninyong mahanap ang Direktoryo ng Provider sa website ng L.A. Care sa [lacare.org](http://lacare.org).

Kung hindi ninyo makuha ang pangangalagang kailangan ninyo mula sa kalahok na provider sa network ng L.A. Care, dapat humingi ng pag-apruba ang inyong PCP sa L.A. Care para ilipat kayo sa wala sa network na provider. Tinatawag itong referral. Hindi ninyo kailangan ng pahintulot para pumunta sa wala sa network na provider para makakuha ng mga sensitibong serbisyo na inilarawan sa ilalim ng heading na "Sensitibong pangangalaga" sa hulihang bahagi ng kabanatang ito.

Basahin ang kabuuan ng kabanatang ito para matuto pa tungkol sa mga PCP, sa Direktoryo ng Provider, at sa network ng provider.

**Ang mga benepisyo sa botika ay ibinibigay na ngayon sa pamamagitan ng programa ng Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal Rx. Para matuto pa, basahin ang seksyong "Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal" sa Kabanata 4.**



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Provider ng pangunahing pangangalaga (Primary care provider, PCP)

Dapat kayong pumili ng PCP sa loob ng 30 araw mula sa pagpapatala sa L.A. Care. Depende sa inyong edad at kasarian, maaari kayong pumili ng pangkalahatang practitioner, OB/GYN, pampamilyang practitioner, internist, o doktor ng mga bata bilang inyong provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP). Maaari ding gumapang bilang inyong PCP ang practitioner na nars (nurse practitioner, NP), assistant na doktor (physician assistant, PA), o sertipikadong kumadronang nars. Kung pipili kayo ng NP, PA, o sertipikadong kumadronang nars, maaaring magtalaga sa inyo ng doktor na mangangasiwa sa inyong pangangalaga. Kung kayo ay parehong nasa Medicare at Medi-Cal, o kung mayroon kayong iba pang komprehensibong insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi ninyo kailangang mamili ng PCP.

Maaari kayong pumili ng Indyanong Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan (IHCP), Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (Federally Qualified Health Center, FQHC) o Rural na Klinikang Pangkalusugan (Rural Health Clinic, RHC) bilang inyong PCP. Depende sa uri ng provider, maaari kayong pumili ng isang PCP para sa inyong buong pamilya na mga miyembro ng L.A. Care, hangga't available ang PCP.

Tandaan: Ang mga Amerikanong Indyano ay maaaring pumili ng IHCP bilang kanilang PCP, kahit na ang IHCP ay wala sa network ng L.A. Care.

Kung hindi kayo pipili ng PCP sa loob ng 30 araw mula sa pagpapatala, magtatalaga ang L.A. Care ng PCP sa inyo. Kung kayo ay itinalaga sa isang PCP at gusto ninyong magpalit, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Mangyayari ang pagbabago sa unang araw ng susunod na buwan.

Ang inyong PCP ay:

- Aalamin ang inyong kasaysayan at mga pangangailangan sa kalusugan.
- Itatabi ang inyong mga talaan sa kalusugan
- Ibibigay sa inyo ang pang-iwas at karaniwang pangangalagang pangkalusugan na kailangan ninyo
- Ire-refer (papapuntahin) kayo sa espesyalista kung kailangan ninyo nito
- Magsasaayos para sa pangangalaga sa ospital kung kailangan ninyo ito

Maaari kayong tumingin sa Direktoryo ng Provider para makahanap ng PCP sa network ng L.A. Care. Ang Direktoryo ng Provider ay may listahan ng mga IHCP, FQHC at RHC na nakikipagtulungan sa L.A. Care.

Mahamanap ninyo ang Direktoryo ng Provider ng L.A. Care online sa [lacare.org](http://lacare.org). O maaari kayong humiling na ipadala sa inyo ang Direktoryo ng Provider sa pamamagitan ng pagtawag sa **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Maaari din kayong tumawag para alamin kung tumatanggap ng mga bagong pasyente ang PCP na gusto ninyo.

### Pagpili ng mga doktor at iba pang provider

Kayo ang pinakanakakaalam sa inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya naman pinakamabuti kung kayo ang pumili ng inyong PCP.

Pinakamainam na manatili sa isang PCP para malaman nila ang inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Gayunpaman, kung gusto ninyong magpalit ng PCP, maaari kayong magpalit anumang oras. Dapat kayong pumili ng PCP na nasa network ng provider ng L.A. Care at tumatanggap ng mga bagong pasyente.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

Ang inyong bagong pinili ay magiging inyong PCP sa unang araw ng susunod na buwan pagkatapos ninyong magawa ang pagbabago.

Para palitan ang inyong PCP, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Maaaring baguhin ng L.A. Care ang inyong PCP kung ang PCP ay hindi tumatanggap ng mga bagong pasyente, umalis sa network ng L.A. Care, hindi nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyenteng kaedad ninyo, o kung may mga alalahanin sa kalidad sa PCP na nakabinbin ang resolusyon. Ang L.A. Care o ang inyong PCP ay maaari ding humiling sa inyo na lumipat sa bagong PCP kung hindi kayo nagkakasundo o sumasang-ayon sa inyong PCP, o kung nakakaligtaan ninyo ang o nahuhuli kayo sa mga appointment. Kung kailangan ng L.A. Care na palitan ang inyong PCP, sasabihin ito sa inyo ng L.A. Care sa pamamagitan ng sulat.

Kung nagbago ang inyong PCP, makakatanggap kayo ng sulat at bagong ID card ng miyembro ng L.A. Care sa mail. Nakalagay dito ang pangalan ng inyong PCP. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa pagkuha ng bagong ID card.

Ilang bagay na dapat isipin kapag pumipili ng PCP:

- Ang PCP ba ay nangangalaga ng mga bata?
- Nagtatrabaho ba ang PCP sa klinika kung saan ko gustong magpasuri?
- Malapit ba ang tanggapan ng PCP sa aking bahay, trabaho, o paaralan ng mga anak ko?
- Malapit ba ang tanggapan ng PCP sa tinitirhan ko at madali lang ba ang pagpunta sa tanggapan ng PCP?
- Ang mga doktor at kawani ba ay nagsasalita ng aking wika?
- Nagtatrabaho ba ang PCP sa ospital na gusto ko?
- Maibibigay ba ng PCP ang mga serbisyong maaaring kailanganin ko?
- Akma ba sa iskedyul ko ang oras ng tanggapan ng PCP?

### **Unang pagtatasa ng kalusugan (Initial health assessment, IHA)**

Inirerekomenda ng L.A. Care na, bilang bagong miyembro, bisitahin ninyo ang inyong bagong PCP sa loob ng unang 120 araw para sa unang pagtatasa ng kalusugan (IHA). Ang layunin ng IHA ay tulungan ang inyong PCP na malaman ang inyong kasaysayan at mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring kayong tanungin ng inyong PCP tungkol sa kasaysayan ng inyong kalusugan o maaari niyang hilingin sa inyong magsagot ng talatanungan. Ipapaalam din sa inyo ng inyong PCP ang tungkol sa pagpapayo at mga klase sa edukasyong pangkalusugan na makakatulong sa inyo.

Kapag tumawag kayo para iiskedyul ang inyong appointment sa IHA, sabihin sa taong sasagot sa telepono na kayo ay miyembro ng L.A. Care. Ibigay ang inyong numero ng ID sa L.A. Care.

Dalhin ang inyong BIC at ID card ng L.A. Care sa inyong appointment. Magandang ideya na magdala ng listahan ng inyong mga gamot at tanong sa inyong pagpapatingin. Maghandang makipag-usap sa inyong PCP tungkol sa inyong mga pangangailangan at alalahanin sa pangangalagang pangkalusugan.

Tiyaking tawagan ang tanggapan ng inyong PCP kung mahuhuli kayo o hindi kayo makakapunta sa inyong appointment.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa IHA, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



## Karaniwang pangangalaga

Ang karaniwang pangangalaga ay regular na pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang pang-iwas na pangangalaga, na tinatawag ding pagpapanatili ng kalusugan o well care. Tinutulungan kayo nitong manatiling malusog at tumutulong ito na ilayo kayo sa pagkakasakit. Kasama sa pang-iwas na pangangalaga ang mga regular na pagpapatingin at edukasyon at pagpapayo sa kalusugan. Ang mga bata ay nakakatanggap ng maraming kinakailangang maagang pang-iwas na serbisyo, gaya ng mga screening sa pandinig at paningin, pagtatasa sa proseso ng paglaki, at marami pang ibang serbisyo na inirerekomenda ng mga alintuntunin ng Bright Futures ([https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf)) ng mga doktor ng bata. Bilang karagdagan sa pang-iwas na pangangalaga, kasama rin sa karaniwang pangangalaga ang pangangalaga kapag may sakit kayo. Sinasaklaw ng L.A. Care ang karaniwang pangangalaga mula sa inyong PCP.

Ang inyong PCP ay:

- Ibibigay sa inyo ang karamihan sa inyong karaniwang pangangalaga, kabilang ang mga regular na checkup, bakuna, paggamot, reseta, at payong medikal
- Itatabi ang inyong mga talaan sa kalusugan
- Ire-refer (papapuntahin) kayo sa espesyalista kung kinakailangan
- Mag-uutos ng mga X-ray, mammogram, o pagsusuri sa laboratoryo kung kailangan ninyo ang mga ito

Kapag kailangan ninyo ng karaniwang pangangalaga, tatawagan ninyo ang inyong doktor para magpa-appointment. Tiyaking tawagan ang inyong PCP bago kayo tumanggap ng pangangalagang medikal, maliban kung isa itong emergency. Para sa emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Para matuto pa tungkol sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong sinasaklaw ng inyong plano, at kung ano ang hindi sinasaklaw nito, basahin ang “Mga benepisyo at serbisyo” at “Pagpapanatili ng kalusugan ng bata at kabataan” sa handbook na ito.

**Ang lahat ng provider ng L.A. Care ay maaaring gumamit ng mga tulong at serbisyo para makipag-usap sa mga taong may mga kapansanan. Maaari din silang makipag-usap sa inyo sa ibang wika o format. Sabihin sa inyong provider o sa L.A. Care kung ano ang kailangan ninyo.**

## Network ng provider

Ang network ng provider ang grupo ng mga doktor, ospital, at iba pang provider na nakikipagtulungan sa L.A. Care. Makukuha ninyo ang karamihan ng inyong mga saklaw na serbisyo sa pamamagitan ng network ng L.A. Care.

Tandaan: Ang mga Amerikanong Indiyano ay maaaring pumili ng IHCP bilang kanilang PCP, kahit na ang IHCP ay wala sa network ng L.A. Care.

Kung ang inyong PCP, ospital, o iba pang provider ay may moral na pagtutol sa pagbibigay sa inyo ng saklaw na serbisyo, gaya ng pagpapalano ng pamilya o pagpapalaglag, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Para sa higit pa tungkol sa mga moral na pagtutol, basahin ang seksyong “moral na pagtutol” sa hulihang bahagi ng kabanatang ito.

Kung ang inyong provider ay may moral na pagtutol, matutulungan nila kayong maghanap ng ibang provider na magbibigay sa inyo ng mga serbisyong kailangan ninyo. Ang L.A. Care ay makakatulong din sa inyo na makahanap ng provider na magsasagawa ng serbisyo.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Mga provider na nasa network

Gagamit kayo ng mga provider sa network ng L.A. Care para sa karamihan ng inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Makakakuha kayo ng pang-iwas at karaniwang pangangalaga mula sa mga provider na nasa network. Gagamit din kayo ng mga espesyalista, ospital, at iba pang provider sa network ng L.A. Care.

Para kumuha ng Direktoryo ng Provider ng mga provider na nasa network, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-839-9909 (TTY 711)**. Maaari din ninyong mahanap ang Direktoryo ng Provider online sa [lacare.org](http://lacare.org). Para makakuha ng kopya ng Listahan ng Nakakontratang Gamot, tawagan ang Medi-Cal Rx sa **800-977-2273 (TTY 800-977-2273)** at pindutin ang 7 o **711**. O bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Kailangan ninyong kumuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa L.A. Carebago kayo bumisita sa isang provider na wala sa network ng L.A. Care, kabilang ang sa loob ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care, maliban sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Kailangan ninyo ng pang-emergency na mga serbisyo, kung saan i-dial ang **911** o pumunta sa pinakamalapit na ospital
- Nasa labas kayo ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care at kailangan ninyo ng agarang pangangalaga, kung saan maaari kayong pumunta sa anumang pasilidad para sa agarang pangangalaga
- Kailangan ninyo ng mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, kung saan maaari kayong pumunta sa alinmang provider ng Medi-Cal nang walang paunang pag-apruba
- Kailangan ninyo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, kung saan maaari kayong pumunta sa nasa network na provider man o sa provider ng plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county nang walang paunang pag-apruba

Kung wala kayo sa isa sa mga sitwasyong ito, at hindi kayo makakuha ng paunang pag-apruba at makakuha ng pangangalaga mula sa provider na wala sa network, maaaring kailanganin ninyong magbayad para sa pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network.

## Mga wala sa network na provider na nasa loob ng lugar ng serbisyo

Ang mga wala sa network na provider ay ang mga walang kasunduang makipagtulungan sa L.A. Care. Bukod sa pang-emergency na pangangalaga, maaaring kailanganin ninyong magbayad para sa pangangalaga mula sa mga wala sa network na provider. Kung kailangan ninyo ng mga saklaw na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, maaaring makuha ninyo ang mga ito nang wala sa network at wala kayong babayaran hangga't medikal na kinakailangan at hindi available sa network ang mga ito.

Maaaring aprubahan ng L.A. Care ang referral sa isang wala sa network na provider kung ang mga serbisyong kailangan ninyo ay hindi available sa network o napakalayo sa inyong tahanan. Kung bibigyan namin kayo ng referral sa wala sa network na provider, kami ang magbabayad sa pangangalaga ninyo.

Para sa agarang pangangalaga sa loob ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care, kailangan ninyong bisitahin ang provider ng agarang pangangalaga sa network ng L.A. Care. Hindi ninyo kailangan ng paunang pag-apruba para makakuha ng agarang pangangalaga mula sa nasa network na provider. Kung hindi kayo makakakuha ng paunang pag-apruba, maaaring kailanganin ninyong magbayad para sa agarang pangangalaga na nakukuha ninyo mula sa wala sa network na provider sa loob ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa pangangalagang pang-emergency, agaran, at sensitibo, pumunta sa mga heading na iyon sa kabanatang ito.

Tandaan: Kung kayo ay isang Amerikanong Indiyano, maaari kayong makakuha ng pangangalaga sa IHCP sa labas ng aming network ng provider nang walang referral.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



Kung kailangan ninyo ng tulong sa mga serbisyong wala sa network, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY 711).

### Sa labas ng lugar ng serbisyo

Kung kayo ay nasa labas ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care at nangangailangan ng pangangalaga na **hindi** pang-emergency o agaran, tawagan kaagad ang inyong PCP. O tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Ang mga miyembrong nangangailangan ng pangangalagang hindi pang-emergency o hindi agaran sa labas ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care at/o network ng provider ay dapat magkaroon ng paunang pag-apruba bago makuha ang serbisyo. Mangyaring tawagan ang inyong PCP o Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care.

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Sinasaklaw ng L.A. Care ang wala sa network na pang-emergency na pangangalaga. Kung bumibiyahe kayo sa Canada o Mexico at kailangan ninyo ng mga pang-emergency na serbisyo na nangangailangan ng pagpapaospital, sasaklawin ng L.A. Care ang inyong pangangalaga. Kung bumibiyahe kayo sa labas ng Canada o Mexico at nangangailangan kayo ng mga pang-emergency na serbisyo, agarang pangangalaga, o anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, **hindi** sasaklawin ng L.A. Care ang inyong pangangalaga.

Kung nagbayad kayo para sa mga pang-emergency na serbisyo na nangangailangan ng pag-ospital sa Canada o Mexico, maaari kayong humiling sa L.A. Care na bayaran kayo. Susuriin ng L.A. Care ang inyong kahilingan.

Kung kayo ay nasa ibang Estado, kabilang ang mga teritoryo ng US (American Saninyoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico, at US Virgin Islands), saklaw kayo para sa pang-emergency na pangangalaga, ngunit hindi lahat ng ospital at doktor ay tumatanggap ng Medicaid (Medicaid ang tawag sa Medi-Cal sa ibang Estado). Kung kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga sa labas ng California, sabihin sa doktor ng ospital o emergency room na mayroon kayong Medi-Cal at isa kayong miyembro ng L.A. Care sa lalong madaling panahon. Hilingin sa ospital na gumawa ng mga kopya ng inyong ID card sa L.A. Care. Sabihin sa ospital at sa mga doktor na singilin ang L.A. Care. Kung makakakuha kayo ng bayarin para sa mga serbisyong natanggap ninyo sa ibang Estado, tawagan agad ang L.A. Care. Makikipagtulungan kami sa ospital at/o doktor para ayusin ng L.A. Care ang pagbabayad ng pangangalaga ninyo.

Kung kayo ay nasa labas ng California at may emergency na pangangailangan para punan ang mga inireresetang gamot para sa outpatient, mangyaring ipatawag sa botika ang Medi-Cal Rx sa **800-977-2273** para sa tulong.

Tandaan: Ang mga Amerikanong Indiyano ay maaaring makakuha ng mga serbisyo sa mga IHCP na wala sa network.

Kung kailangan ninyo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa kwalipikadong kondisyong medikal ng California Children's Services (CCS) at ang L.A. Care ay walang espesyalistang naka-panel sa CCS na nasa network na maaaring magbigay ng pangangalagang kailangan ninyo, maaari kayong pumunta sa isang wala sa network na provider nang wala kayong babayaran. Para malaman ang higit pa tungkol sa programa ng CCS, basahin ang kabanatang Mga Benepisyo at Serbisyo ng handbook na ito.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa pangangalagang wala sa network o wala sa lugar ng serbisyo, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Kung sarado ang tanggapan at gusto ninyo ng tulong mula sa isang kinatawan, tawagan ang **Linya para sa Payo ng Nars** 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday sa **1-800-249-3619** (TTY 711).

Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad para sa agarang pangangalaga. Kung kayo ay naglalakbay sa labas ng Estados Unidos at nangangailangan ng agarang pangangalaga, hindi sasaklawin ng L.A. Care ang inyong pangangalaga. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa agarang pangangalaga, pumunta sa heading na "Agarang pangangalaga" sa hulihang bahagi ng kabanatang ito.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Mga Itinalagang Modelong MCP

Ang L.A. Care ay nakikipagtulungan sa malaking bilang ng mga doktor, espesyalista, botika, ospital, at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Ang ilan sa mga provider na ito ay nagtutulungan sa loob ng isang network, na minsan ay tinatawag na “grupong medikal” o “independent practice association (IPA).” Maaari ding direktang nakakontrata ang mga provider na ito sa L.A. Care.

Ire-refer kayo ng inyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) sa mga espesyalista at serbisyong nakakonekta sa kanyang grupong medikal, IPA, o sa L.A. Care. Kung pupunta na kayo sa isang espesyalista, makipag-usap sa inyong PCP o tumawag sa **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Tutulungan kayo ng Mga Serbisyo sa Miyembro na magpatingin sa provider na iyon kung kwalipikado kayo para sa pagpapatuloy ng pangangalaga. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa seksyon ng pagpapatuloy ng pangangalaga ng handbook na ito.

## Mga Doktor

Pipiliin ninyo ang inyong doktor na magiging inyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) mula sa Direktoryo ng Provider ng L.A. Care. Ang doktor na pipiliin ninyo ay dapat isang provider na nasa network. Para kumuha ng kopya ng Direktoryo ng Provider ng L.A. Care, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). O hanapin ito online sa lacare.org.

Kung pipili kayo ng bagong doktor, dapat din kayong tumawag para matiyak na ang PCP na gusto ninyo ay tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Kung mayroon kayong doktor bago kayo naging miyembro ng L.A. Care, at ang doktor na iyon ay hindi bahagi ng network ng L.A. Care, maaaring mapanatili ninyo ang doktor na iyon sa limitadong panahon. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga. Maaari kayong magbasa pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa handbook na ito. Para matuto pa, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Kung kailangan ninyo ng isang espesyalista, ire-refer kayo ng inyong PCP sa isang espesyalista sa network ng L.A. Care. Ang ilang espesyalista ay hindi nangangailangan ng referral. Para sa higit pang impormasyon sa mga referral, pumunta sa heading na “Mga rekomendasyon” sa hulihang bahagi ng kabanatang ito.

Tandaan, kung hindi kayo pipili ng PCP, pipili ang L.A. Care ng isa para sa inyo, maliban kung mayroon kayong iba pang komprehensibong coverage sa kalusugan bukod sa Medi-Cal. Kayo ang pinakanakakaalam sa inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya naman pinakamabuti kung kayo ang pipili. Kung kayo ay nasa parehong Medicare at Medi-Cal, o kung mayroon kayong ibang insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi ninyo kailangang pumili ng PCP.

Kung gusto ninyong palitan ang inyong PCP, dapat kayong pumili ng PCP mula sa Direktoryo ng Provider ng L.A. Care. Tiyaking tumatanggap ng mga bagong pasyente ang PCP. Para palitan ang inyong PCP, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

## Mga Ospital

Sa isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na ospital.

Kung hindi ito isang emergency at kailangan ninyo ng pangangalaga sa ospital, magpapasya ang inyong PCP kung sa aling ospital kayo pupunta. Kakailanganin ninyong pumunta sa isang ospital na ginagamit ng inyong PCP at nasa network ng provider ng L.A. Care. Ang mga ospital sa network ng L.A. Care ay nakalista sa Direktoryo ng Provider.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa lacare.org.

## Mga espesyalista sa kalusugan ng mga babae

Maaari kayong pumunta sa isang espesyalista sa kalusugan ng mga babae sa loob ng network ng L.A. Care para sa saklaw na pangangalagang kinakailangan para ibigay ang mga serbisyo sa karaniwan at pang-iwas na pangangalaga para sa mga babae. Hindi ninyo kailangan ng referral mula sa inyong PCP para makuha ang mga serbisyong ito. Para sa tulong sa paghahanap ng espesyalista sa kalusugan ng mga babae, maaari ninyong tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Maaari din ninyong tawagan 24/7 ang **Linya para sa Payo ng Nars** sa **1-800-249-3619** (TTY **711**).

## Direktoryo ng Provider

Inilista ng Direktoryo ng Provider ng L.A. Care ang mga provider na lumalahok sa network ng L.A. Care. Ang network ay ang grupo ng mga provider na nakikipagtulungan sa L.A. Care.

Ang Direktoryo ng Provider ng L.A. Care ay naglilista ng mga ospital, PCP, espesyalista, nars na practitioner, nars na kumadrona, assistant na doktor, provider ng pagpapalano ng pamilya, Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (FQHC), provider ng kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient, pinamamahalaang pangmatagalang serbisyo at suporta (managed long-term services and supports, MLTSS), Freestanding na Paanakan (Freestanding Birth Center, FBC), Indiyangong Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan (IHCP), at Rural na Klinikang Pangkalusugan (RHC).

Ang Direktoryo ng Provider ay may mga pangalan, espesyalidad, address, numero ng telepono, oras ng negosyo, at wikang sinasalita ng nasa network na provider ng L.A. Care. Sinasabi nito kung tumatanggap ng mga bagong pasyente ang provider. Ibinibigay rin nito ang antas ng pisikal na pagiging accessible para sa gusali, gaya ng paradahan, mga rampa, hagdang may mga hawakan, at palikurang may malalawak na pinto at hawakan. Kung gusto ninyo ng impormasyon tungkol sa edukasyon, pagsasanay, at sertipikasyon ng lupon ng isang doktor, mangyaring tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Maaari ninyong mahanap ang Direktoryo ng Provider online [salacare.org](http://salacare.org)

Kung kailangan ninyo ng naka-print na Direktoryo ng Provider, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

**Maaari kayong makahanap ng listahan ng mga botikang nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Botika ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Maaari din kayong makahanap ng botikang malapit sa inyo sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 7 o 711).**

## Napapanahong access sa pangangalaga

Ang inyong nasa network na provider ay dapat mag-alok sa inyo ng appointment sa loob ng takdang panahon na nakalista sa ibaba.

Minsan, ang paghihintay nang mas matagal para sa pangangalaga ay hindi problema. Maaari kayong bigyan ng inyong provider ng mas mahabang oras ng paghihintay kung hindi ito magiging masama sa inyong kalusugan. Kailangang tandaan sa inyong talaan na ang mas mahabang oras ng paghihintay ay hindi makakasama sa inyong kalusugan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

Uri ng appointment	Dapat ay makakuha kayo ng appointment sa loob ng:
Mga appointment sa agarang pangangalaga na hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot)	48 oras
Mga appointment sa agarang pangangalaga na nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot)	96 na oras
Mga appointment sa pangunahing pangangalaga na hindi agaran (karaniwan)	10 araw ng negosyo
Mga appointment sa pangangalaga ng espesyalista na hindi agaran (karaniwan).	15 araw ng negosyo
Mga appointment sa provider (hindi doktor) sa kalusugan ng pag-iisip na hindi agaran (karaniwan)	10 araw ng negosyo
Mga follow-up na appointment para sa pangangalaga sa provider (hindi doktor) sa kalusugan ng pag-iisip na hindi agaran (karaniwan)	10 araw ng negosyo mula sa huling appointment
Mga appointment na hindi agaran (karaniwan) para sa mga pantulong na serbisyo para sa diagnosis o paggamot ng pinsala, karamdaman, o iba pang kondisyong pangkalusugan	15 araw ng negosyo
Iba pang pamantayan sa oras ng paghihintay	Dapat na maikonekta kayo sa loob ng:
Mga oras ng paghihintay sa telepono ng Mga Serbisyo sa Miyembro sa panahon ng normal na oras ng trabaho	10 minuto
Mga oras ng paghihintay sa telepono para sa Linya para sa Payo ng Nars	30 minuto (konektado sa nars)

### Oras o distansya ng pagbiyahe para sa pangangalaga

Dapat sundin ng L.A. Care ang mga pamantayan sa oras o distansya ng pagbiyahe para sa inyong pangangalaga. Nakakatulong ang mga pamantayang iyon para matiyak na makakakuha kayo ng pangangalaga nang hindi kinakailangang maglakbay nang masyadong matagal o masyadong malayo mula sa tinitirhan ninyo. Magkakaiba ang mga pamantayan ng oras at distansya ng pagbiyahe depende sa county kung saan kayo nakatira.

Kung hindi makapagbigay ng pangangalaga sa inyo ang L.A. Care sa loob ng mga pamantayang ito sa oras o distansya ng pagbiyahe, maaaring aprubahan ng DHCS ang ibang pamantayan, na tinatawag na alternatibong pamantayan sa pag-access. Para sa mga pamantayan ng oras o distansya ng L.A. Care para sa kung saan kayo nakatira, bisitahin ang [lacare.org](http://lacare.org). O tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Kung kailangan ninyo ng pangangalaga mula sa isang provider at ang provider na iyon ay malayo sa kung saan kayo nakatira, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) Makakatulong sila sa inyo na makahanap ng pangangalaga sa isang provider na matatagpuan na mas malapit sa inyo. Kung hindi makakahanap ang L.A. Care ng pangangalaga para sa inyo sa isang mas malapit na provider, maaari ninyong hilingin sa L.A. Care na magsaayos ng transportasyon para makapagpatingin kayo sa isang provider, kahit na malayo ang provider na iyon sa tinitirhan ninyo. Kung kailangan ninyo ng tulong sa mga provider sa botika, mangyaring tawagan ang Medi-Cal Rx sa **800-977-2273** (TTY **800-977-2273** at pindutin ang **7** o **711**).

Itinuturing na malayo kung hindi kayo makakarating sa provider na iyon sa loob ng mga pamantayan sa oras o distansya ng pagbiyahe ng L.A. Care para sa inyong county, mayroon man o walang anumang alternatibong pamantayan sa pag-access na maaaring gamitin ng L.A. Care para sa inyong ZIP Code.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Mga appointment

Kapag kailangan ninyo ng pangangalagang pangkalusugan:

- Tawagan ang inyong PCP
- Ihanda ang inyong numero ng ID sa L.A. Care sa pagtawag
- Mag-iwan ng mensaheng may kasamang pangalan at numero ng telepono ninyo kung sarado ang tanggapan
- Dalhin ang inyong BIC at ID card ng L.A. Care sa inyong appointment
- Humiling ng transportasyon papunta sa inyong appointment, kung kinakailangan
- Humingi ng tulong sa wika o serbisyo sa interpretasyon bago ang inyong appointment para matanggap ang mga serbisyo sa oras ng inyong pagpapatingin, kung kinakailangan
- Dumating sa inyong appointment sa tamang oras, na darating nang ilang minutong mas maaga para mag-sign in, magsagot ng mga form, at sagutin ang anumang tanong na maaaring mayroon ang inyong PCP
- Tumawag kaagad kung hindi ninyo mapupuntahan ang inyong appointment o mahuhuli kayo
- Ihanda ang inyong mga tanong at impormasyon ng gamot kung sakaling kailangan ninyo ang mga ito

Kung mayroon kayong emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

## Pagpunta sa inyong mga appointment

Kung wala kayong paraan para makarating at makaalis sa inyong mga appointment para sa mga saklaw na serbisyo, maaari kaming tumulong sa pagsasaayos ng transportasyon para sa inyo. Ang serbisyong ito, na tinatawag na medikal na transportasyon, ay **hindi** para sa mga emergency. Kung may emergency kayo, tumawag sa **911**. Ang medikal na transportasyon ay available para sa mga serbisyo at appointment na walang kaugnayan sa mga pang-emergency na serbisyo at maaaring available nang wala kayong babayaran.

Pumunta sa bahaging “Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyong hindi emergency” para sa karagdagang impormasyon.

## Pagkansela at muling pag-iskedyul

Kung hindi kayo makakarating sa inyong appointment, tawagan agad ang tanggapan ng inyong provider. Ang karamihan ng mga doktor ay humihiling sa inyo na tumawag 24 na oras (1 araw ng negosyo) bago ang inyong appointment kung kailangan ninyong magkansela. Kung hindi kayo nakapunta nang paulit-ulit sa mga appointment, maaaring hindi ka na gustuhin ng inyong doktor bilang pasyente.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](https://www.lacare.org).

## Pagbabayad

**Hindi** ninyo kailangang magbayad para sa mga saklaw na serbisyo. Sa karamihan ng mga kaso, hindi kayo makakatanggap ng bayarin mula sa isang provider. Dapat ninyong ipakita ang inyong ID card sa L.A. Care at ang inyong Medi-Cal BIC kapag kukuha kayo ng anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o reseta, para malaman ng inyong provider kung sino ang sisingilin. Maaari kayong makakuha ng Paliwanag ng Mga Benepisyo (Explanation of Benefits, EOB) o ng pahayag mula sa isang provider. Ang mga EOB at pahayag ay hindi mga bayarin.

Kung makakakuha kayo ng bayarin, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Kung makatanggap kayo ng bayarin para sa mga reseta, tawagan ang Medi-Cal Rx sa **800-977-2273** (TTY **800-977-2273** at pindutin ang **7** o **711**). O bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Sabihin sa L.A. Care ang halagang sinisingil, ang petsa ng serbisyo, at ang dahilan ng pagsingil. **Wala kayong pananagutan** na bayaran ang isang provider para sa anumang halagang kailangang bayaran ng L.A. Care para sa anumang saklaw na serbisyo. Kailangan ninyong kumuha ng paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot) mula sa L.A. Care bago kayo bumisita sa isang provider ng L.A. Care na wala sa network, kabilang ang sa loob ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care, maliban sa mga sumusunod na sitwasyon:

- Kailangan ninyo ng pang-emergency na mga serbisyo, kung saan i-dial ang **911** o pumunta sa pinakamalapit na ospital
- Kailangan ninyo ng mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya o mga serbisyong nauugnay sa pagsusuri para sa mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik, kung saan maaari kayong pumunta sa alinmang provider ng Medi-Cal nang walang paunang pag-apruba
- Kailangan ninyo ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, kung saan maaari kayong pumunta sa nasa network na provider man o sa provider ng plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county nang walang paunang pag-apruba

Kung hindi kayo makakakuha ng paunang pag-apruba, maaaring kailangan ninyong magbayad para sa pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network. Kung kailangan ninyo ng mga saklaw na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, maaari ninyong makuha ang mga ito sa isang provider na wala sa network nang wala kayong babayaran, hangga't ang mga ito ay medikal na kinakailangan, hindi available sa network, at paunang inaprubahan ng L.A. Care. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga, at mga sensitibong serbisyo, pumunta sa mga heading na iyon sa kabanatang ito.

Kung nakatanggap kayo ng bayarin o hiniling sa inyong magbayad ng co-pay na sa tingin ninyo ay hindi ninyo kailangang bayaran, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Kung binayaran ninyo ang bayarin, maaari kayong maghain ng claim form sa L.A. Care. Kakailanganin ninyong sabihin sa L.A. Care kung bakit kailangan ninyong magbayad para sa item o serbisyo. Susuriin ng L.A. Care ang inyong claim at magpapasya ito kung maibabalik sa inyo ang pera. Para sa mga tanong, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Kung nakatanggap kayo ng mga serbisyo sa sistema ng Mga Gawain ng Mga Beterano (Veterans Affairs) o hindi saklaw o hindi awtorisadong serbisyo na natanggap sa labas ng California, maaari kayong maging responsable sa pagbabayad.

Hindi kayo babayaran ng L.A. Care kung:

- Ang mga serbisyo ay hindi saklaw ng Medi-Cal, gaya ng mga serbisyong pangkosmetiko.
- Mayroon kayong hindi pa natutugunang Bahagi sa Gastusin ng Medi-Cal.
- Nagpunta kayo sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at gayunpaman, pumirma kayo sa form na nagsasabing gusto ninyong magpasuri at kayo mismo ang magbabayad para sa mga serbisyo.
- Hiniling ninyong bayaran kayo para sa mga co-pay para sa mga reseta na saklaw ng inyong plano sa Medicare Part D.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



## Mga referral

Ang inyong PCP o ibang espesyalista ay magbibigay sa inyo ng referral para magpatingin sa isang espesyalista sa loob ng takdang panahon na nakalista sa seksyong “Napapanahong access sa pangangalaga” ng handbook na ito, kung kailangan ninyo nito. Ang isang espesyalista ay isang doktor na may karagdagang edukasyon sa isang larangan ng medisina. Makikipagtulungan sa inyo ang inyong PCP para tulungan kayong pumili ng espesyalista. Maaari kayong tulungan ng tanggapan ng inyong PCP na magtakda ng oras para magpatingin sa espesyalista.

Ang iba pang serbisyo na maaaring mangailangan ng referral ay ang mga procedure sa loob ng tanggapan, X ray, gawain sa lab, at mga espesyalista.

Maaari kayong bigyan ng inyong PCP ng form para dalhin sa espesyalista. Sasagutan ng espesyalista ang form at ipapadala niya ito sa inyong PCP. Gagamutin kayo ng espesyalista hanggang sa tingin nila ay kailangan ninyo ng paggamot.

Kung mayroon kayong problema sa kalusugan na nangangailangan ng pangmatagalang espesyal na pangangalagang medikal, maaaring mangailangan kayo ng pangmatagalang referral. Nangangahulugan itong maaari kayong pumunta sa parehong espesyalista nang higit sa isang beses nang hindi kumukuha ng referral sa bawat pagkakataon.

Kung nahihirapan kayong makakuha ng pangmatagalang referral o gusto ninyo ng kopya ng patakaran sa referral ng L.A. Care, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Hindi ninyo kailangan ng referral para sa:

- Mga pagpapatingin sa PCP
- Mga pagpapatingin sa obstetrics/gynecology (OB/GYN)
- Mga pagpapatingin sa agaran o pang-emergency na pangangalaga
- Mga sensitibong serbisyo para sa nasa hustong gulang, gaya ng pangangalaga para sa sekswal na pag-atake
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya (para matuto pa, tawagan ang Tanggapan ng Impormasyon sa Pagpapalano ng Pamilya at Serbisyo sa Referral sa **1-800-942-1054**)
- Pagsusuri at pagpapayo sa HIV (12 taon pataas)
- Mga serbisyo sa impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik (12 taon pataas)
- Mga serbisyong chiropractic (maaaring kailanganin ang isang referral kapag ibinigay ng wala sa network na mga FQHC, RHC, at IHCP)
- Paunang pagtatasa ng kalusugan ng isip
- Patuloy na therapy sa kalusugan ng pag-iisip

Ang mga menor de edad ay maaari ding makakuha ng ilang serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng outpatient, sensitibong serbisyo, at serbisyo sa sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal nang walang pahintulot ng magulang. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang “Mga serbisyo ng pagpapahintulot sa menor de edad” at “Mga serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal” sa handbook na ito.

**Handa na bang huminto sa paninigarilyo? Tumawag sa Ingles: 1-800-300-8086 o Espanyol: 1-800-600-8191 para malaman kung paano. O pumunta sa [www.kickitca.org](http://www.kickitca.org).**



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Paunang pag-apruba (paunang pahintulot)

Para sa ilang uri ng pangangalaga, kakailanganin ng inyong PCP o espesyalista na humingi ng pahintulot sa L.A. Care bago kayo makatanggap ng pangangalaga. Tinatawag itong paghingi ng paunang pahintulot o paunang pag-apruba. Nangangahulugan ito na dapat tiyakin ng L.A. Care na ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan o kailangan.

Ang mga serbisyong Medikal na Kinakailangan ay makatwiran at kinakailangan para protektahan ang inyong buhay, pigilan kayong magkaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o bawasan ang matinding pananakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga Miyembrong wala pang 21 taong gulang, ang mga serbisyo ng Medi-Cal ay kinabibilangan ng pangangalagang medikal na kinakailangan para ayusin o tumulong na mapawi ang isang pisikal o pangkaisipang karamdaman o kondisyon.

Ang mga sumusunod na serbisyo ay palaging nangangailangan ng paunang pag-apruba, kahit na natanggap ninyo ang mga ito mula sa isang provider sa network ng L.A. Care:

- Pagpapaospital, kung hindi emergency
- Mga serbisyo sa labas ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care, kung hindi emergency o agaran
- Operasyon para sa outpatient
- Pangmatagalang pangangalaga o mga serbisyo ng may kasanayang pagkalinga sa isang pasilidad ng pangangalaga
- Mga espesyal na paggamot, imaging, pagsusuri, at procedure
- Mga serbisyo ng medikal na transportasyon kapag hindi ito emergency. Ang mga pang-emergency na serbisyo ng ambulansya ay hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba.
- Pag-transplant ng malaking organ

Sa ilalim ng Seksyon 1367.01(h)(1) ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan, ang L.A. Care ang magpapasya sa mga karaniwang paunang pag-apruba (mga paunang pahintulot) sa loob ng 5 araw ng negosyo kapag natanggap ng L.A. Care ang impormasyong makatwirang kinakailangan para magpasya.

Para sa mga kahilingan kung saan ipinahiwatig ng isang provider o natukoy ng L.A. Care na ang pagsunod sa karaniwang takdang panahon ay maaaring malubhang maisapanganib ang inyong buhay o kalusugan o kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang maximum na paggalaw, gagawa ang L.A. Care ng pinabilis (mabilis) na desisyon sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Ang L.A. Care ay magbibigay sainyo ng abiso ayon sa bilis na kinakailangan ng inyong kondisyong pangkalusugan at hindi lalagpas sa 72 oras pagkatanggap ng kahilingan para sa mga serbisyo.

Ang mga kahilingan sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot) ay sinusuri ng mga klinikal o medikal na tauhan, gaya ng mga doktor, nars, at parmasyutiko.

**Hindi** binabayaran ng L.A. Care ang mga tagasuri para tanggihan ang coverage o mga serbisyo. Kung hindi aaprubahan ng L.A. Care ang kahilingan, padadalhan kayo ng L.A. Care ng sulat ng Abiso sa Pagkilos (Notice of Action, NOA). Sasabihin sa inyo ng sulat ng NOA kung paano maghain ng apela kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon.

Makikipag-ugnayan sa inyo ang L.A. Care kung kailangan ng L.A. Care ng higit pang impormasyon o higit pang oras para suriin ang inyong kahilingan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



Hindi ninyo kailanman kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa pang-emergency na pangangalaga, kahit na ito ay wala sa network at wala sa inyong lugar ng serbisyo. Kabilang dito ang pagle-labor at panganganak kung buntis kayo. Hindi ninyo kailangan ng paunang pag-apruba para sa ilang partikular na serbisyo sa sensitibong pangangalaga. Para malaman ang higit pa tungkol sa mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga, pumunta sa “Sensitibong pangangalaga” sa hulihang bahagi ng kabanatang ito.

Para sa mga tanong tungkol sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot), tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-839-9909** (TTY 711).

---

## Mga ikalawang opinyon

Maaaring gusto ninyo ng ikalawang opinyon tungkol sa pangangalagang sinasabi ng inyong provider na kailangan ninyo o tungkol sa inyong diagnosis o plano ng paggamot. Halimbawa, maaaring gusto ninyo ng ikalawang opinyon kung hindi kayo sigurado kung kailangan ninyo ng iniresetang paggamot o operasyon, o sinubukan ninyong sumunod sa isang plano ng paggamot at hindi ito naging epektibo.

Kung nais ninyong makakuha ng pangalawang opinyon, ire refer ka namin sa isang kwalipikadong network provider na maaaring magbigay sa inyo ng pangalawang opinyon. Para sa tulong sa pagpili ng provider, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-839-9909** (TTY 711).

Magbabayad ang L.A. Care para sa ikalawang opinyon kung hihilingin ninyo o ng inyong nasa network na provider ito at kukunin ninyo ang ikalawang opinyon mula sa isang nasa network na provider. Hindi ninyo kailangan ng pahintulot mula sa L.A. Care para kumuha ng ikalawang opinyon mula sa isang nasa network na provider. Gayunpaman, kung kailangan ninyo ng referral, ang inyong nasa network na provider ay maaaring makatulong sa inyo na makakuha ng referral para sa ikalawang opinyon kung kailangan ninyo nito.

Kung walang provider sa network ng L.A. Care na magbibigay sa inyo ng ikalawang opinyon, magbabayad ang L.A. Care para sa ikalawang opinyon mula sa wala sa network na provider. Sasabihin sa inyo ng L.A. Care sa loob ng 5 araw ng pagtatrabaho kung naaprubahan ang provider na pinili ninyo para sa ikalawang opinyon. Kung mayroon kayong hindi gumagaling, malala, o seryosong karamdaman, o nahaharap kayo sa isang daglian at seryosong banta sa inyong kalusugan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagkawala ng buhay, paa/braso, o pangunahing bahagi ng katawan o paggana ng katawan, magbibigay-alam sa inyo ang L.A. Care sa pamamagitan sulat sa loob ng 72 oras.

Kung tatanggihan ng L.A. Care ang inyong kahilingan para sa ikalawang opinyon, maaari kayong maghain ng reklamo. Para malaman ang higit pa tungkol sa mga reklamo, pumunta sa heading na “Mga Reklamo” sa Kabanatang pinamagatang “Pag-ulat at Paglutas ng Mga Problema” sa handbook na ito.

---

## Sensitibong pangangalaga

### Mga serbisyo ng pagpapahintulot sa mga menor de edad

Kung kayo ay wala pang 18 taong gulang, maaari kayong makatanggap ng ilang serbisyo nang walang pahintulot ng magulang o tagapangalaga. Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga serbisyo ng pagpapahintulot sa mga menor de edad.

Maaari ninyong matanggap ang mga sumusunod na serbisyo nang walang pahintulot ng inyong magulang o tagapangalaga:

- Mga serbisyo sa sekswal na pag atake, kabilang ang pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip ng outpatient
  - Pagbubuntis
  - Pagpapalano ng pamilya at pagkontrol ng pabubuntis
- 



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

- Mga serbisyo sa pagpapalaglag

Kung kayo ay 12 taong gulang pataas, maaari din ninyong matanggap ang mga serbisyong ito nang walang pahintulot ng inyong magulang o tagapangalaga:

- Pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip ng outpatient para sa:
  - Sekswal na pag-atake
  - Incest
  - Pisikal na pag-atake
  - Pang-aabuso sa bata
  - Kapag naiisip ninyong saktan ang inyong sarili o ang iba
- Pag-iwas, pagsusuri, at paggamot sa HIV/AIDS
- Pag-iwas, pagsusuri, at paggamot sa mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik
- Paggamot sa sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal
- Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa “Mga serbisyo sa paggamot sa sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal” sa handbook na ito.

Para sa pagsusuri sa pagbubuntis, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, mga serbisyo sa pagkontrol ng pagbubuntis, o mga serbisyo para sa mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik, ang doktor o klinika ay hindi kailangang maging bahagi ng network ng L.A. Care. Maaari kayong pumili ng anumang provider ng Medi-Cal at pumunta sa kanila para sa mga serbisyong ito nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Para sa mga serbisyo ng pagpapahintulot sa mga menor de edad na hindi espesyal na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, maaari kayong pumunta sa nasa network na provider nang walang referral at walang paunang pag-apruba. Hindi kayo kailangang i-refer ng inyong PCP at hindi ninyo kailangang makakuha ng paunang pag-apruba mula sa L.A. Care para makakuha ng mga serbisyo ng pagpapahintulot sa mga menor de edad na saklaw sa ilalim ng Handbook ng Miyembro na ito.

Ang mga serbisyo ng pagpapahintulot sa mga menor de edad na espesyal na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ay hindi saklaw sa ilalim ng Handbook ng Miyembro na ito. Ang mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ay saklaw ng plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county para sa county kung saan ka nakatira.

Maaaring pribadong makipag-usap ang mga menor de edad sa isang kinatawan tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 na **Linya para sa Payo ng Nars**, kasama ang mga holiday, sa **1-800-249-3619 (TTY 711)**.

Ang L.A. Care ay hindi magpapadala ng impormasyon tungkol sa pagkuha ng sensitibong serbisyo sa mga magulang o tagapangalaga. Mangyaring sumangguni sa seksyong “Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado” para sa impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng mga kumpidensyal na komunikasyon na may kaugnayan sa mga sensitibong serbisyo.

### **Mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga para sa nasa hustong gulang**

Bilang isang nasa hustong gulang (18 taong gulang pataas), maaaring hindi ninyo gustong pumunta sa inyong PCP para sa partikular na sensitibo o pribadong pangangalaga. Kung gayon, maaari kayong pumili ng alinmang doktor o klinika para sa mga sumusunod na uri ng pangangalaga:

- Pagpapalano ng pamilya at pagkontrol sa pagbubuntis (kabilang ang sterilization para sa mga nasa hustong gulang na 21 taon pataas)
- Pagsusuri at pagpapayo sa pagbubuntis



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

- Pag-iwas at pagsusuri sa HIV/AIDS
- Pag-iwas, pagsusuri, at paggamot sa mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik
- Pangangalaga para sa sekswal na pag-atake
- Mga serbisyo sa pagpapalaglag para sa outpatient

Ang doktor o klinika ay hindi kailangang maging bahagi ng network ng L.A. Care. Maaari kayong pumili ng anumang provider ng Medi-Cal at pumunta sa kanila nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang apahintulot) para sa mga serbisyong ito. Maaaring hindi saklaw ang mga serbisyo ng wala sa network na provider na hindi nauugnay sa sensitibong pangangalaga. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinika na nagbibigay ng mga serbisyong ito, o para sa tulong sa pagkuha sa mga serbisyong ito (kabilang ang transportasyon), maaari kayong tumawag sa **Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-839-9909 (TTY 711)**. Maaari din ninyong tawagan ang 24/7 na **Linya para sa Payo ng Nars sa 1-800-249-3619 (TTY 711)**.

Ang L.A. Care ay hindi magpapadala ng impormasyon tungkol sa pagkuha ng sensitibong serbisyo sa iba pang miyembro ng sambahayan. Mangyaring sumangguni sa seksyong “Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado” para sa impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng mga kumpidensyal na komunikasyon na may kaugnayan sa mga sensitibong serbisyo.

#### Moral na pagtutol

Ang ilang provider ay may moral na pagtutol sa ilang saklaw na serbisyo. Nangangahulugan ito na may karapatan silang **hindi** mag- alok ng ilang saklaw na serbisyo kung hindi sila sumasang-ayon sa mga serbisyo. Kung ang inyong provider ay may moral na pagtutol, tutulungan ka nilang makahanap ng isa pang provider para sa mga kinakailangang serbisyo. Maaari rding makipagtulungan sa inyo ang L.A. Care para maghanap ng provider.

Ang ilang ospital at iba pang provider ay hindi nagbibigay ng isa o higit pa sa mga sumusunod na serbisyo na maaaring saklaw sa ilalim ng kontrata ng inyong plano at maaaring kailanganin ninyo o ng inyong miyembro ng pamilya:

- Pagpapalaglag ng pamilya;
- Mga serbisyo sa pagkontrol sa pagbubuntis, kabilang ang pang-emergency na pagkontrol sa pagbubuntis;
- Sterilization, kabilang ang tubal ligation sa oras ng pagle-labor at panganganak;
- Mga gamot para sa kawalan ng kakayahang magkaanak;
- Pagpapalaglag.

Dapat kayong kumuha ng karagdagang impormasyon bago kayo magpatala. Tawagan ang inyong potensyal na doktor, grupong medikal, independent practice association, o klinika, o tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** para matiyak na makukuha ninyo ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na inyong kailangan.

Ang mga serbisyong ito ay available at ang L.A. Care ay dapat tiyakin na kayo o ang inyong miyembro ng pamilya ay nakakapagtingin sa isang provider o na-admit sa ospital na nagsasagawa ng mga saklaw na serbisyo. Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** kung mayroon kayng mga tanong o kailangan ninyo ng tulong sa paghahanap ng provider.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Agarang pangangalaga

Ang agarang pangangalaga ay **hindi** para sa isang kondisyong pang-emergency o nagbabanta sa buhay. Ito ay para sa mga serbisyong kailangan ninyo para iwasan ang seryosong panganib sa inyong kalusugan mula sa biglaang pagkakasakit, pinsala, o komplikasyon ng kondisyong mayroon na kayo. Ang karamihan ng mga appointment sa agarang pangangalaga ay hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) at available sa loob ng 48 oras mula sa inyong kahilingan para sa isang appointment. Kung ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga na kailangan ninyo ay nangangailangan ng paunang pag-apruba, kayo ay aalukin ng appointment sa loob ng 96 na oras mula sa inyong kahilingan.

Para sa agarang pangangalaga, tawagan ang inyong PCP. Kung hindi ninyo matawagan ang inyong PCP, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). O maaari ninyong tawagan ang **Linya para sa Payo ng Nars** 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday sa **1-800-249-3619** (TTY **711**), para malaman ang antas ng pangangalaga na pinakamainam para sa inyo.

Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga sa labas ng lugar ng serbisyo, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad para sa agarang pangangalaga.

Ang mga pangangailangan sa agarang pangangalaga ay maaaring:

- Sipon
- Pamamaga ng lalamunan
- Lagnat
- Pananakit ng tainga
- Napuwersang kalamnan
- Mga serbisyo para sa pagiging ina

Kailangan ninyong tanggapin ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga mula sa nasa network na provider kapag kayo ay nasa loob ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care. Hindi ninyo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa agarang pangangalaga mula sa nasa network na provider sa loob ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care. Kung kayo ay nasa labas ng lugar ng serbisyo ng L.A. Care, ngunit nasa loob ng Estados Unidos, hindi ninyo kailangan ng paunang pag-apruba para makakuha ng agarang pangangalaga. Pumunta sa pinakamalapit na pasilidad para sa agarang pangangalaga. Ang Medi-Cal ay hindi sumasaklaw sa mga serbisyo ng agarang pangangalaga sa labas ng Estados Unidos. Kung kayo ay naglalakbay sa labas ng Estados Unidos at nangangailangan ng agarang pangangalaga, hindi namin sasaklawin ang inyong pangangalaga.

Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip, tawagan ang inyong plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county o **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Maaari ninyong tawagan ang inyong plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county o ang inyong Organisasyon sa Kalusugan ng Pag-uugali (Behavioral Health Organization) ng L.A. Care anumang oras, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para mahanap ang lahat ng walang bayad na numero ng telepono online, bisitahin ang <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPCContactList.aspx>.

Maaari kayong bigyan ng inyong provider ng agarang pangangalaga ng gamot bilang bahagi ng inyong pagpapatingin para sa agarang pangangalaga. Kung makakakuha kayo ng mga gamot bilang bahagi ng inyong pagpapatingin, sasaklawin ng L.A. Care ang mga gamot bilang bahagi ng inyong coverage sa agarang pangangalaga. Kung ang inyong provider sa agarang pangangalaga ay magbibigay sa inyo ng reseta na dadalhin sa isang botika, ang programa ng Medi-Cal Rx ang sasaklaw sa mga gamot. Para malaman ang higit pa tungkol sa Medi-Cal Rx, pumunta sa “Mga inireresetang gamot na saklaw ng Medi-Cal Rx” sa heading ng seksyong “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa Kabanata 4.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lcare.org](http://lcare.org).

## Pang-emergency na pangangalaga

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER). Para sa pang-emergency na pangangalaga, **hindi** ninyo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa L.A. Care.

Sa loob ng Estados Unidos, kabilang ang anumang Teritoryo ng U.S., mayroon kayong karapatang gamitin ang anumang ospital o iba pang setting para sa pang-emergency na pangangalaga.

Sa labas ng U.S., tanging mga pang-emergency na serbisyo na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico lang ang saklaw. Hindi saklaw ang pang-emergency na pangangalaga at iba pang pangangalaga sa ibang bansa.

Ang pang-emergency na pangangalaga ay para sa mga nakamamatay na medikal na kondisyon. Ang pangangalagang ito ay para sa isang karamdaman o pinsala na maaaring asahan ng isang maalam (makatwiran) na karaniwang tao (hindi isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na may karaniwang kaalaman sa kalusugan at gamot na, kung hindi ka maaalagaan kaagad, malalagay ninyo ang inyong kalusugan (o kalusugan ng inyong hindi pa isinisilang na sanggol) sa malubhang panganib, o nanganganib kayong magkaroon ng malubhang pinsala sa mga paggana ng inyong katawan, organ ng katawan, o bahagi ng katawan. Kabilang sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa:

- Aktibong pagle-labor
- Nabaling buto
- Malubhang pananakit
- Pananakit ng dibdib
- Kahirapan sa paghinga
- Malalang paso
- Pagka-overdose sa gamot
- Pagkawala ng malay
- Malalang pagdurugo
- Mga pang-emergency na kondisyong psychiatric, gaya ng malubhang depresyon o mga saloobin ng pagpapakamatay (maaaring saklaw ng mga plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county)

**Huwag pumunta sa ER para sa karaniwang pangangalaga o pangangalagang hindi agad na kinakailangan.** Dapat kayong tumanggap ng karaniwang pangangalaga mula sa inyong PCP, na siyang pinakamabuting nakakaalam ng inyong kondisyon. Kung hindi kayo sigurado kung ang inyong medikal na kondisyon ay isang emergency, tawagan ang inyong PCP. Maaari din ninyong tawagan ang 24/7 na **Linya para sa Payo ng Nars sa 1-800-249-3619 (TTY 711)**.

Kung kailangan ninyo ng pang-emergency na pangangalaga na malayo sa bahay, pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER), kahit na wala ito sa network ng L.A. Care . Kung pupunta kayo sa isang ER, hilingin sa kanila na tawagan ang L.A. Care. Kayo o ang ospital kung saan kayo na-admit ay dapat tumawag sa L.A. Care sa loob ng 24 na oras pagkatapos ninyong makatanggap ng pang-emergency na pangangalaga. Kung kayo ay naglalakbay sa labas ng U.S., maliban sa Canada o Mexico, at nangangailangan ng pang-emergency na pangangalaga, **hindi** sasaklawin ng L.A. Care ang inyong pangangalaga.

Kung kailangan ninyo ng pang-emergency na transportasyon, tumawag sa **911**. Hindi ninyo kailangang tanungin muna ang inyong PCP o L.A. Care bago kayo pumunta sa ER.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

Kung kailangan ninyo ng pangangalaga ng wala sa network na ospital pagkatapos ng inyong emergency (pangangalaga pagkatapos ng pag-stabilize ng kondisyon), tatawagan ng ospital ang L.A. Care.

**Tandaan:** Huwag tumawag sa **911** maliban kung ito ay isang emergency. Tumanggap ng pang-emergency na pangangalaga para lang sa isang emergency, hindi para sa karaniwang pangangalaga o hindi malubhang sakit gaya ng sipon o pamamaga ng lalamunan. Kung ito ay isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

**Ang Linya para sa Payo ng Nars ng L.A. Care ay nagbibigay sa inyo ng libreng medikal na impormasyon at payo 24 na oras sa isang araw, bawat araw ng taon. Tumawag sa 1-800-249-3619 (TTY 711).**

## Linya para sa Payo ng Nars

Ang Linya para sa Payo ng Nars ng **L.A. Care** ay nagbibigay sa inyo ng libreng medikal na impormasyon at payo 24 na oras sa isang araw, bawat araw ng taon. Tumawag sa **1-800-249-3619 (TTY 711)** sa:

- Makipag-usap sa isang nars na sasagot ng mga medikal na tanong, magbibigay ng payo sa pangangalaga, at tutulungan kayong magpasya kung dapat kayong bumisita agad sa isang provider
- Kumuha ng tulong sa mga medikal na kondisyon gaya ng diabetes o hika, kabilang ang payo tungkol sa kung anong uri ng provider ang maaaring tama para sa inyong kondisyon

Ang Linya para sa Payo ng Nars ay **hindi puwedeng** tumulong sa mga appointment sa klinika o pag-refill ng gamot. Tumawag sa tanggapan ng inyong provider kung kailangan ninyo ng tulong sa mga ito.

Tutulungan kayo ng mga nars sa inyong wika nang wala kayong babayaran. Ang numero ng inyong Linya para sa Payo ng Nars ay nakalista sa inyong ID card ng planong pangkalusugan.

## Mga paunang direktiba

Ang paunang direktiba sa kalusugan ay isang legal na form. Maaari ninyong ilista kung anong pangangalagang pangkalusugan ang gusto ninyo kung sakaling hindi kayo makapagsalita o makapagpasya sa kalaunan. Maaari ninyong ilista kung anong pangangalaga ang **hindi** ninyo gusto. Maaari kayong magbanggit ng isang tao, gaya ng asawa, para magpasya para sa inyong pangangalagang pangkalusugan kung hindi ninyo ito magagawa.

Maaari kayong makakuha ng form ng paunang direktiba sa mga botika, ospital, tanggapan ng abogado, at tanggapan ng mga doktor. Maaaring kailangan ninyong magbayad para sa form. Makakahanap at makakapag-download din kayo ng libreng form online. Maaari ninyong hilingin sa inyong pamilya, PCP, o isang taong pinagkakatiwalaan ninyong tulungan kayo sa pagsagot ng form.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](https://www.lacare.org).

May karapatan kayong ipalagay ang inyong paunang direktiba sa inyong mga medikal na talaan. May karapatan kayong baguhin o kanselahin ang inyong paunang direktiba anumang oras.

May karapatan kayong malaman ang tungkol sa mga pagbabago sa mga batas sa paunang direktiba. Sasabihin sa inyo ng L.A. Care ang tungkol sa mga pagbabago sa batas ng estado nang hindi hihigit sa 90 araw pagkatapos ng pagbabago.

Maaari ninyong tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) para sa karagdagang impormasyon.

---

## Pag-donate ng organ at tisiyu

Makakatulong ka sa pagliligtas ng mga buhay sa pamamagitan ng pagiging donor ng organ o tisiyu. Kung kayo ay nasa pagitan ng 15 at 18 taong gulang, maaari kayong maging donor sa pamamagitan ng nakasulat na pahintulot ng inyong magulang o tagapangalaga. Maaaring magbago ang inyong isip sa pagiging donor ng organ anumang oras. Kung gusto ninyong matuto pa tungkol sa pag-donate ng organ o tisiyu, makipag-ugnayan sa inyong PCP. Maaari din ninyong bisitahin ang website ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos sa [www.organdonor.gov](http://www.organdonor.gov).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



# 4. Mga benepisyo at serbisyo

## Ano ang sinasaklaw ng inyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang lahat ng inyong saklaw na serbisyo bilang miyembro ng L.A. Care. Ang inyong mga saklaw na serbisyo ay libre hangga't ang mga ito ay medikal na kinakailangan at ibinibigay ng isang nasa network na provider. Kailangan ninyong humiling sa amin ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) kung ang pangangalaga ay wala sa network, maliban sa ilang sensitibong serbisyo at pang-emergency na pangangalaga. Maaaring saklawin ng inyong planong pangkalusugan ang mga medikal na kinakailangang serbisyo mula sa wala sa network na provider. Pero kailangan ninyong humiling sa L.A. Care ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para dito. Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatwiran at kinakailangan para protektahan ang inyong buhay, pigilan kayong magkaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o bawasan ang matinding pananakit mula sa isang na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga Miyembrong wala pang 21 taong gulang, ang mga serbisyo ng Medi-Cal ay kinabibilangan ng pangangalagang medikal na kinakailangan para ayusin o tumulong na mapawi ang isang pisikal o mental na sakit o kondisyon. Para sa karagdagang detalye sa inyong mga saklaw sa serbisyo, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay makakakuha ng dagdag na benepisyo at serbisyo. Basahin ang Kabanata 5: Pagpapanatili ng kalusugan ng bata at kabataan para sa karagdagang impormasyon.

Ang ilan sa mga pangunahing benepisyo sa kalusugan na inaalok ng L.A. Care ay nakalista sa ibaba. Ang mga benepisyong may bituin (\*) ay maaaring mangailangan ng paunang pag-apruba.

- Acupuncture\*
- Mga therapy at serbisyong pangkalusugan sa tahanan para sa malubhang sakit (panandaliang paggamot)
- Mga pagpapabakuna para sa mga nasa hustong gulang (mga bakuna)
- Pagsusuri ng allergy at mga iniksyon
- Mga serbisyo ng ambulansya para sa isang emergency
- Mga serbisyo ng anesthesiologist
- Pag-iwas sa hika
- Audiology\*
- Mga paggamot sa kalusugan ng pag-uugali\*
- Pagsusuri sa biomarker
- Rehabilitasyon ng puso
- Mga serbisyong chiropractic\*
- Chemotherapy at Radiation therapy
- Mga pagtatasa sa kalusugan na pag-iisip
- Mga serbisyo ng manggagawang pangkalusugan sa komunidad
- Mga serbisyo sa ngipin - limitado (isinasagawa ng medikal na propesional/PCP sa medikal na tanggapan)
- Mga serbisyo sa dialysis/hemodialysis
- Mga serbisyo ng Doula
- Matibay na kagamitang medikal (DME)\*
- Mga serbisyo sa dyadic na pangangalaga
- Mga pagbisita sa emergency room
- Enteral and parenteral na nutrisyon\*
- Mga pagbisita sa tanggapan para sa pagpapalano ng pamilya at pagpapayo (maaari kayong pumunta sa isang hindi kalahok na provider)
- Pampamilyang therapy
- Mga serbisyo at device na panghabilitasyon\*
- Mga hearing aid
- Pangangalagang pangkalusugan sa tahanan\*
- Pangangalaga sa hospisyo\*
- Medikal at pang-operasyong pangangalaga para sa inpatient\*



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



- Laboratoryo at radiology\*
- Mga pangmatagalang therapy at serbisyong pangkalusugan sa tahanan\*
- Pangangalaga sa pagbubuntis at sa bagong silang
- Pag-transplant ng malaking organ\*
- Occupational therapy\*
- Mga orthotic/prosthesis\*
- Mga supply sa ostomy at urology
- Mga serbisyo ng ospital para sa outpatient
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient
- Operasyon para sa outpatient\*
- Palliative na pangangalaga\*
- Mga pagpapatingin sa PCP
- Mga serbisyo para sa bata
- Pisikal na therapy\*
- Mga serbisyo para sa paa\*
- Rehabilitasyon ng baga
- Rapid Whole Genome Sequencing
- Mga serbisyo at device sa rehabilitasyon\*
- Mga serbisyo ng may kasanayang pagkalinga
- Mga pagbisita sa espesyalista
- Therapy sa pananalita\*
- Mga serbisyo sa operasyon
- Telemedicine / Telehealth
- Mga serbisyo para sa transgender\*
- Agarang pangangalaga
- Mga serbisyo sa paningin\*
- Mga serbisyong pangkalusugan para sa mga babae

Ang mga kahulugan at paglalarawan ng mga saklaw na serbisyo ay matatagpuan sa Kabanata 8, “Mahahalagang numero at salita na dapat malaman.”

**Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatwiran at kinakailangan para protektahan ang inyong buhay, inilalayo kayo sa pagkakaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o bawasan ang matinding pananakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala.**

**Kabilang sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang mga serbisyong kinakailangan para sa paglago at pag-unlad na angkop sa edad, o para makamit, mapanatili, o mabawi ang kakayahang gumalaw.**

**Para sa mga Miyembrong wala pang 21 taong gulang, ang isang serbisyo ay medikal na kinakailangan kung ito ay kinakailangan para iwasto o i-ameliorate ang mga depekto at pisikal at mental na sakit o kondisyon sa ilalim ng pederal na Maaga at Pana-panahong Screening, Pagsusuri, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment, EPSDT) na benepisyo. Kabilang dito ang pangangalagang kinakailangan para ayusin o makatulong na mapawi ang pisikal o mental na karamdaman o kondisyon o mapanatili ang kondisyon ng miyembro para hindi ito lumala.**

**Hindi kabilang sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang:**

- Mga paggamot na hindi pa nasubukan o sinusubukan pa rin
- Mga serbisyo o item na hindi karaniwang tinatanggap bilang epektibo
- Mga serbisyo sa labas ng normal na kurso at haba ng paggamot o mga serbisyong walang klinikal na alituntunin
- Mga serbisyo para sa kaginhawaan ng tagapangalaga o provider

Ang L.A. Care ay makikipag-ugnayan sa iba pang programa para matiyak na natatanggap ninyo ang lahat ng medikal na kinakailangang serbisyo, kahit na ang mga serbisyong iyon ay saklaw ng ibang programa at hindi ng L.A. Care.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

Kabilang sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang mga saklaw na serbisyo na makatwiran at kinakailangan para:

- Protektahan ang buhay;
- Maiwasan ang mapanganib na karamdaman o malaking kapansanan;
- Bawasan ang matinding sakit;
- Makamit ang paglago at pag-unlad na angkop sa edad; at
- Makamit, mapanatili, at mabawi ang kakayahan sa paggalaw.

Para sa mga Miyembrong wala pang 21 taong gulang, ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay kinabibilangan ng lahat ng saklaw na serbisyo, na tinukoy sa itaas, at anumang iba pang kinakailangang pangangalagang pangkalusugan, mga serbisyong diagnostic, paggamot, at iba pang hakbang para iwasto o i-ameliorate ang mga depekto at pisikal at mental na karamdaman at kondisyon, gaya ng kinakailangan ng pederal na Maaga at Pana-panahong Screening, Pagsusuri at Paggamot (EPSDT) na benepisyo.

Ang EPSDT ay nagbibigay ng malawak na hanay ng mga serbisyo sa pag-iwas, pagsusuri, at paggamot para sa mga sanggol, bata, at adolescent na wala pang 21 taong gulang at ang mga magulang ay may mababang kita. Ang benepisyo ng EPSDT ay mas matibay kaysa sa benepisyo para sa mga nasa hustong gulang at idinisenyo para matiyak na ang mga bata ay tumatanggap ng maagang pagtuklas at pangangalaga, para ang mga problema sa kalusugan ay maiwasan o ma-diagnose at magagamot nang maaga hangga't maaari. Ang layunin ng EPSDT ay tiyakin na ang mga indibidwal na bata ay makakakuha ng pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila kapag kailangan nila ito – ang tamang pangangalaga sa tamang bata sa tamang oras sa tamang sitwasyon.

Ang L.A. Care ay makikipag-ugnayan sa iba pang programa para matiyak na natanggap ninyo ang lahat ng medikal na kinakailangang serbisyo, kahit na ang mga serbisyong iyon ay saklaw ng ibang programa at hindi ng L.A. Care.

## Mga benepisyo ng Medi-Cal na saklaw ng L.A. Care

### Mga serbisyo para sa outpatient (ambulatory)

#### *Mga pagpapabakuna para sa mga nasa hustong gulang*

Makakakuha kayo ng mga pagpapabakuna para sa nasa hustong gulang (mga bakuna) mula sa nasa network na provider nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga bakunang iyon na inirerekomenda ng Tagapayong Komite sa Mga Kasanayan sa Pagpapabakuna (Advisory Committee on Immunization Practices, ACIP) ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC), kasama ang mga bakunang kailangan ninyo kapag naglalakbay kayo.

Maaari din kayong makakuha ng ilang serbisyo sa pagpapabakuna para sa nasa hustong gulang (mga bakuna) sa botika sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx. Para matuto pa tungkol sa programa ng Medi-Cal Rx, basahin ang seksyong Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal sa kabanatang ito.

#### *Pangangalaga sa allergy*

Sinasaklaw ng L.A. Care ang pagsusuri at paggamot sa allergy, kabilang ang allergy desensitization, hypo-sensitization, oimmunotherapy.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

***Mga serbisyo ng anesthesiologist***

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo sa anesthesia na medikal na kinakailangan kapag kumuha kayo ng pangangalaga para sa outpatient. Maaaring kabilang dito ang anesthesia para sa mga procedure sa ngipin kapag ibinigay ng isang anesthesiologist, na maaaring mangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

***Mga serbisyong chiropractic***

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyong chiropractic, na limitado sa paggamot ng gulugod sa pamamagitan ng manomanong pagmamanihula. Ang mga serbisyong chiropractic ay limitado sa dalawang serbisyo bawat buwan kasabay ng mga serbisyo ng acupuncture, audiology, occupational therapy, at therapy sa pananalita (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Maaaring paunang aprubahan ng L.A. Care ang iba pang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

Ang mga sumusunod na miyembro ay kwalipikado para sa mga serbisyong chiropractic:

- Mga batang wala pang 21 taong gulang
- Mga buntis hanggang sa katapusan ng buwan na kinabibilangan ng 60 araw kasunod ng pagtatapos ng pagbubuntis
- Mga residente sa isang sasilidad ng may kasanayang pagkalinga, pasilidad para sa intermediate na pangangalaga, o pasilidad para sa subacute na pangangalaga
- Ang lahat ng miyembro, kapag ang mga serbisyo ay ibinigay sa mga departamento para sa outpatient sa ospital ng county, klinika para sa outpatient, FQHC, o RHC na nasa network ng L.A. Care. Hindi lahat ng FQHC, RHC o ospital ng county ay nag-aalok ng mga serbisyong chiropractic para sa outpatient.

***Mga pagtatasa sa kalusugan na pag-iisip***

Ang L.A. Care ay sumasaklaw sa taunang maikling pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga miyembrong 65 taong gulang pataas, at sa ibang paraan ay hindi kwalipikado para sa katulad na pagtatasa bilang bahagi ng taunang pagpapatingin para sa kagalingan sa ilalim ng Programa ng Medicare. Hinahanap sa pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip ang mga palatandaan ng sakit na Alzheimer's o demensya.

***Mga serbisyo ng manggagawang pangkalusugan sa komunidad***

Ang L.A. Care ay sumasaklaw sa mga serbisyo ng manggagawang pangkalusugan sa komunidad (community health worker, CHW) para sa mga indibidwal kapag inirerekomenda ng isang manggagamot o iba pang lisensiyadong practitioner para maiwasan ang sakit, kapansanan, at iba pang kondisyon sa kalusugan o ang pag-unlad nito; pahabain ang buhay; at itaguyod ang pisikal at mental na kalusugan at kahusayan. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang:

- Edukasyon at pagsasanay para sa kalusugan, kabilang ang pagkontrol at pag-iwas sa hindi gumagaling o nakakahawang sakit; mga kondisyon sa kalusugan ng pang-uugali, perinatal na kalusugan, at kalusugan ng bibig; at pag-iwas sa pinsala
- Pagsulong ng at pagtuturo sa kalusugan, kabilang ang pagtakda ng layunin at paglikha ng mga plano sa pagkilos para matugunan ang pag-iwas at pamamahala ng sakit



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

***Mga serbisyo sa dialysis at hemodialysis***

Ang L.A. Care ay sumasaklaw sa mga paggamot na dialysis. Sinasaklaw din ng L.A. Care ang mga serbisyo ng hemodialysis (dialysis para sa hindi gumagaling na sakit) kung ang inyong doktor ay nagsumite ng kahilingan at aaprubahan ito ng L.A. Care .

Hindi kabilang sa coverage ng Medi-Cal ang:

- Mga kagamitan, supply, at feature para sa kaghinaan, kadalihan, o luho
- Mga item na hindi pangmedikal, gaya ng mga generator o accessory para gawing portable ang kagamitan sa pag-dialysis sa bahay para sa paglalakbay

***Mga serbisyo ng Doula***

Ang L.A. Care ay sumasaklaw sa mga serbisyo ng doula para isama ang personal na suporta sa mga buntis na indibidwal at pamilya sa buong pagbubuntis, pagle-labor, at pagkatapos manganak.

***Mga serbisyo sa dyadic na pangangalaga***

Ang L.A. Care ay sumasaklaw sa mga serbisyo sa dyadic na pangangalaga para sa mga miyembro at kanilang mga tagapangalaga na medikal na kinakailangan.

***Pampamilyang Therapy***

Ang L.A. Care ay sumasaklaw sa pampamilyang therapy kapag medikal na kinakailangan at binubuo ng hindi bababa sa dalawang miyembro ng pamilya.

Kabilang, pero hindi limitado, sa mga halimbawa ng pampamilyang therapy ang:

- Psychotherapy para sa bata at magulang (edad 0 hanggang 5 taon)
- Interaktibong therapy para sa magulang at bata (edad 2 hanggang 12 taon)
- Therapy sa pag-iisip at pag-uugali para sa magkasintahan (mga nasa hustong gulang)

***Operasyon para sa outpatient***

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga operasyon para sa outpatient. Ang mga kailangan para sa mga diagnostic na layunin, procedure na itinuturing na pinipili, at tinukoy na pang-outpatient na medikal o pangngipin na procedure ay dapat may paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

***Mga serbisyo ng doktor***

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng doktor na medikal na kinakailangan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

**Mga serbisyo para sa paa**

Ang L.A. Care ay sumasaklaw sa mga serbisyo para sa paa bilang medikal na kinakailangan para sa diagnosis at medikal, pang-operasyon, mekanikal, pangmanipula, at elektrikal na paggamot ng paa ng tao. Kabilang dito ang pagpasok sa paa ng bukong-bukong at mga litid at ang hindi pang-operasyong paggamot ng mga kalamnan at litid ng binti na kumontrol sa mga paggalaw ng paa.

**Mga therapy sa paggamot**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang iba't ibang therapy sa paggamot, kabilang ang:

- Chemotherapy
- Radiation therapy

**Pangangalaga sa pagbubuntis at sa bagong silang**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyong ito para sa pangangalaga sa pagbubuntis at sa bagong silang:

- Edukasyon at mga tulong sa pagpapasuso
- Pangangalaga sa panganganak at pagkatapos manganak
- Mga pump at supply sa suso
- Pangangalaga bago ang panganganak
- Mga serbisyo ng paanakan
- Sertipikadong Kumadronang Nars (Certified Nurse Midwife, CNM)
- Lisensyadong Kumadrona (Licensed Midwife, LM)
- Diagnosis ng mga henetikong kapansanan ng sanggol at pagpapayo
- Mga serbisyo sa pangangalaga ng bagong panganak

**Mga serbisyong telehealth**

Ang telehealth ay isang paraan ng pagkuha ng mga serbisyo nang wala sa parehong pisikal na lokasyon ng inyong provider. Maaaring kabilangsa telehealthang pagkakaroon ng live na pakikipag-usap sa inyong provider. O maaari ding kabilang sa telehealth ang pagbabahagi ng impormasyon sa inyong provider nang walang live na pag-uusap. Maaari kayong makatanggap ng maraming serbisyo sa pamamagitan ng telehealth. Gayunpaman, ang telehealth ay maaaring hindi available para sa lahat ng saklaw na serbisyo. Maaari kayong makipag-ugnayan sa inyong provider para malaman kung anong mga uri ng serbisyo ang available sa pamamagitan ng telehealth. Mahalagang sumang-ayon kayo at ang inyong provider na ang paggamit ng telehealth sa partikular na serbisyo ay naaangkop para sa inyo. Mayroon kayong karapatan sa mga harapang serbisyo at hindi ninyo kinakailangang gumamit ng telehealth kahit na sumasang-ayon ang inyong provider na angkop ito para sa inyo.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](https://www.lacare.org).

## Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip

### *Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient*

Sinasaklaw ng L.A. Care ang isang miyembro para sa paunang pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip nang hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Maaari kayong makakuha ng pagtatasa sa kalusugan ng pag-iisip anumang oras mula sa isang lisensyadong provider sa kalusugan ng pag-iisip sa network ng L.A. Care nang walang referral.

Maaaring gumawa ng referral ang inyong PCP o provider sa kalusugan ng pag-iisip para sa karagdagang screening sa kalusugan ng pag-iisip sa isang espesyalista sa loob ng network ng L.A. Care para tukuyin ang inyong antas ng kapansanan. Kung matukoy ng inyong mga resulta ng screening sa kalusugan ng pag-iisip na kayo ay nasa bahagya o katamtamang pagkabalisa o mayroon kayong kapansanan sa paggana ng pag-iisip, emosyon o pag-uugali, maaaring magbigay ang L.A. Care ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa inyo. Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na tulad ng:

- Pang-indibidwal at panggrupong pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip (psychotherapy);
- Psychological na eksaminasyon kapag ipinabatid ng klinika para suriin ang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip
- Pagpapaunlad ng mga kognitibong kakayahan para mapahusay ang atensyon, memorya, at paglutas ng problema
- Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay ng therapy sa gamot
- Mga gawain sa laboratoryo at gamot para sa outpatient na hindi na saklaw sa ilalim ng listahan ng nakakontratang gamot ng Medi-Cal Rx (<https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>), supply, at suplemento
- Psychiatric na konsultasyon
- Pampamilyang Therapy

Para sa tulong sa paghahanap ng higit pang impormasyon sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na ibinigay ng L.A. Care, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY 711).

Kung ang inyong PCP o provider sa kalusugan ng pag-iisip ay hindi makapagbigay sa inyo ng paggamot para sa karamdaman ng kalusugan ng pag-iisip na available sa network ng L.A. Care at sa loob ng mga oras na nakalista sa itaas sa seksyong “Napapanahong access sa pangangalaga”, sasaklawin at tutulungan kayo ng L.A. Care na isaayos ang mga serbisyong wala sa network.

Kung matukoy ng inyong mga resulta ng screening sa kalusugan ng pag-iisip na maaari kayong magkaroon ng mas mataas na antas ng kapansanan at kailangan ninyo ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (specialty mental health services, SMHS), ire-refer kayo ng inyong PCP o inyong provider sa kalusugan ng pag-iisip sa plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county para makakuha ng pagtatasa at tutulungan nila kayong kumonekta sa susunod na hakbang ng proseso.

Para malaman ang higit pa, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa pahina 65 sa ilalim ng “Mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip.”



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Mga pang-emergency na serbisyo

### ***Mga serbisyo para sa inpatient at outpatient na kailangan para gamutin ang isang medikal na emergency***

Sinasaklaw ng L.A. Care ang lahat ng serbisyong kinakailangan para gamutin ang medikal na emergency na nangyayari sa U.S. (kabilang ang mga teritoryong gaya ng Puerto Rico, U.S. Virgin Islands, atbp.). Sinasaklaw din ng L.A. Care ang pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico. Ang medikal na emergency ay isang medikal na kondisyong may matinding pananakit o seryosong pinsala. Ang kondisyon ay masyadong seryoso na, kung hindi ito makakatanggap agad ng atensyong medikal, maaaring asahan ng maalam na karaniwang tao na magresulta ito sa:

- Malubhang panganib sa inyong kalusugan; **o**
- Seryosong pinsala sa mga paggalaw ng katawan; **o**
- Seryosong hindi paggana ng anumang organo o bahagi ng katawan; **o**
- Sa kaso ng isang buntis na aktibong nagle-labor, ibig sabihin ay ang pagle-labor sa panahon kung kailan magaganap ang alinman sa mga sumusunod:
  - Walang sapat na oras para ligtas na ilipat kayo sa ibang ospital bago manganak.
  - Ang paglipat ay maaaring maghatid ng banta sa kalusugan o kaligtasan o sa inyong hindi pa naisisilang na anak.

Kung ang emergency room ng ospital ay nagbibigay sa inyo ng hanggang pang-72 oras na supply ng inireresetang gamot para sa outpatient bilang bahagi ng inyong paggamot, ang inireresetang gamot ay sasaklawin bilang bahagi ng inyong saklaw na Mga Pang-emergency na Serbisyo. Kung bibigyan kayo ng reseta ng provider ng emergency room ng ospital na kailangan ninyong dalhin sa botika para sa outpatient para mapunan, ang Medi-Cal Rx ang magiging responsable sa coverage ng reseta ng iyon.

***Kung ang parmasyutiko sa isang botika para sa outpatient ay magbibigay sa inyo ng pang-emergency na supply ng gamot, ang pang-emergency na supply na iyon ay sasaklawin ng Medi-Cal Rx at hindi ng L.A. Care. Ipatawag sa botika ang Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 kung kailangan nila ng tulong sa pagbibigay sa inyo ng pang-emergency na supply ng gamot.***

### ***Mga serbisyo ng pang-emergency na transportasyon***

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng ambulansya para tulong kayong makapunta sa pinakamalapit na lugar ng pangangalaga sa mga pang-emergency na sitwasyon. Nangangahulugan itong ang inyong kondisyon ay sapat na seryoso na maaaring maisapanganib ang inyong buhay o kalusugan ng iba pang paraan ng pagpunta sa lugar ng pangangalaga. Walang serbisyo ang saklaw sa labas ng U.S., maliban sa mga pang-emergency na serbisyong nangangailangan sa inyo na pumunta sa ospital sa Canada o Mexico. Kung nakatanggap kayo ng mga pang-emergency na serbisyo ng ambulansya sa Canada at Mexico at hindi ka naospital sa panahon ng kaganapang iyon ng pangangalaga, ang inyong mga serbisyo ng ambulansya ay hindi sasaklawin ng L.A. Care.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



## Pangangalaga sa hospisyong at palliative na pangangalaga

Sinasaklaw ng L.A. Care ang pangangalaga sa hospisyong at palliative na pangangalaga para sa mga bata at nasa hustong gulang, na tumutulong na mabawasan ang pisikal, emosyonal, panlipunan, at espirituwal na mga pagkabalisa. Ang mga nasa hustong gulang na may edad na 21 taon pataas ay maaaring hindi makatanggap ng parehong serbisyo ng pangangalaga sa hospisyong at palliative na pangangalaga nang magkasabay.

### ***Pangangalaga sa hospisyong***

Ang pangangalaga sa hospisyong ay isang benepisyong naglilingkod sa mga miyembrong walang lunas ang sakit. Ang pangangalaga sa hospisyong ay nangangailangan sa miyembro na magkaroon ng tagal ng buhay na 6 na buwan o mas maikli pa. Ito ay isang pamamagitan na pangunahing nakatuon sa pamamahala ng sakit at sintomas sa halip na sa lunas para mapahaba ang buhay.

Kabilang sa pangangalaga sa hospisyong ang:

- Mga serbisyo ng pagkalinga
- Mga serbisyo para sa katawan, trabaho, o pananalita
- Mga medikal na serbisyong panlipunan
- Mga serbisyo ng aide at tagapamahala ng tahanan para sa kalusugan sa tahanan
- Mga medikal na supply at kagamitan
- Ilang gamot at biyolohikong serbisyo (ang ilan ay maaaring available sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal Rx)
- Mga serbisyo sa pagpapayo
- Ang tuloy-tuloy na serbisyo ng pagkalinga sa 24 na oras na batayan sa panahon ng mga yugto ng krisis at kung kinakailangan para mapanatili sa tahanan ang mga miyembrong walang lunas ang sakit.
- Pangangalaga para sa pahinga para sa inpatient nang hanggang sa limang magkakasunod na araw sa isang ospital, pasilidad para sa may kasanayang pagkalinga, o pasilidad ng hospisyong
- Panandaliang pangangalaga para sa inpatient para sa pagkontrol ng pananakit o pamamahala ng sintomas sa isang ospital, pasilidad para sa may kasanayang pagkalinga, o pasilidad ng hospisyong

### ***Palliative na pangangalaga***

Ang palliative na pangangalaga ay pangangalagang nakasentro sa pasyente at pamilya na nagpapabuti sa kalidad ng buhay sa pamamagitan ng pag-abang, pag-iwas, at paggamot sa paghihirap. Hindi kinakailangan ng palliative na pangangalaga na ang miyembro ay magkaroon ng tagal ng buhay na anim na buwan o mas maikli. Maaaring ibigay ang palliative na pangangalaga kasabay ng panlunas na pangangalaga.

Kabilang sa palliative na pangangalaga ang:

- Pagpapalano ng paunang pangangalaga
- Pagtatasa at konsultasyon sa palliative na pangangalaga



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

- Plano ng pangangalaga, kabilang ang lahat ng awtorisadong palliative at panlunas na pangangalaga
- Plano ng team sa pangangalaga, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
  - Doktor ng medisina o osteopathy
  - Assistant na doktor
  - Rehistradong nars
  - Lisensyadong bokasyonal na nars o nurse practitioner
  - Social worker
  - Chaplain
- Pagsasaayos ng pangangalaga
- Pamamahala ng sakit at sintomas
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at medikal na serbisyong panlipunan

Ang mga nasa hustong gulang na may edad na 21 taon pataas ay maaaring hindi makatanggap ng parehong pangangalaga sa hospisyo at palliative na pangangalaga nang magkasabay. Kung nakakakuha kayo ng palliative na pangangalaga at natutugunan ninyo ang kwalipikasyon para sa pangangalaga sa hospisyo, maaari kayong humiling na baguhin sa pangangalaga sa hospisyo anumang oras.

### **Pagpapaospital**

#### ***Mga serbisyo ng anesthesiologist***

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng anesthesiologist na medikal na kinakailangan sa mga saklaw na panahon ng pananatili sa ospital. Ang anesthesiologist ay isang provider na dalubhasa sa pagbibigay ng anesthesia sa mga pasyente. Ang anesthesia ay isang uri ng gamot na ginagamit sa ilang medikal o pangngiping procedure.

#### ***Mga serbisyo ng ospital para sa inpatient***

Sinasaklaw ng L.A. Care ang medikal na kinakailangang pangangalaga sa ospital para sa inpatient kapag na-admit kayo sa ospital.

#### ***Rapid Whole Genome Sequencing***

Ang Rapid Whole Genome Sequencing (rWGS) ay isang saklaw na benepisyo para sa sinumang miyembro ng Medi-Cal na isang taong gulang pababa at nakakakuha ng mga serbisyo sa ospital para sa inpatient sa intensive care unit. Kabilang dito ang indibidwal na sequencing, trio sequencing para sa magulang o mga magulang at kanilang sanggol, at ultra-rapid sequencing. Ang rWGS ay isang bagong paraan para ma-diagnose ang mga kondisyon sa tamang oras na nakakaapekto sa pangangalaga ng mga batang isang taong gulang pababa sa ICU. Kung ang inyong anak ay kwalipikado para sa Mga Serbisyo para sa Mga Bata ng California (California Children's Services, CCS), maaaring saklawin ng CCS ang pamamalagi sa ospital at ang rWGS.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](https://www.lacare.org).

**Mga serbisyo sa operasyon**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga medikal na kinakailangang operasyon na isinagawa sa isang ospital.

**Ang Karagdagang Programa sa Pangangalaga Pagkatapos Manganak**

Ang Karagdagang Programa sa Pangangalaga Pagkatapos Manganak ay nagbibigay ng karagdagang coverage para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa panahon ng pagbubuntis at pagkatapos ng pagbubuntis.

Ang Karagdagang Programa sa Pangangalaga Pagkatapos Manganak ay nagpapahaba ng coverage ng L.A. Care hanggang sa 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis anuman ang kita, pagkamamamayan, o katayuan sa imigrasyon, at walang kinakaialangan na karagdagang aksyon.

**Mga serbisyo at device na pangrehabilitasyon at panghabilitasyon (therapy).**

Kasama sa benepisyong ito ang mga serbisyo at device para matulungan ang mga taong may pinsala, kapansanan, o hindi gumagaling na kondisyon para makuha o mabawi ang mga kasanayan sa pag-iisip at pangangatawan.

Sinasaklaw namin ang mga serbisyon pangrehabilitasyon at panghabilitasyon na inilarawan sa seksyong ito kung natutugunan ang lahat ng sumusunod na kinakailangan:

- Ang mga serbisyo ay medikal na kinakailangan
- Ang mga serbisyo ay tumutugon sa kondisyon sa kalusugan
- Ang mga serbisyo ay tutulungan kayong panatilihin, matutuhan, o mapabuti ang mga kasanayan at paggalaw para sa pang-araw-araw na pamumuhay
- Natanggap ninyo ang mga serbisyo sa isang nasa network na pasilidad, maliban kung ang nasa network na doktor ay nagpasya na medikal na kinakailangan para sa inyo na tumanggap ng mga serbisyo sa ibang lokasyon, o ang nasa network na pasilidad ay hindi available para gamutin ang inyong kondisyon sa kalusugan.

Sinasaklaw ng plano ang:

**Acupuncture**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng acupuncture para maiwasan, baguhin, o pagaanin ang pang-unawa ng malubha, tuloy-tuloy, at hindi gumagaling na pananakit na dulot ng pangkalahatang kinikilalang medikal na kondisyon. Limitado sa dalawang serbisyo kada buwan ang mga serbisyo ng acupuncture (mayroon o walang elektronikong stimulation ng mga karayom) para sa outpatient, kasama ng mga serbisyo ng audiology, chiropractic, occupational therapy, at therapy sa pananalita kapag ibinigay ng doktor, dentista, podiatrist o acupuncturist (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Ang L.A. Care ay maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ang mga karagdagang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

**Audiology (pandinig)**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo sa audiology. Ang audiology para sa outpatient ay limitado sa dalawang serbisyo bawat buwan, kasama ng mga serbisyo ng acupuncture, chiropractic, occupational therapy at therapy sa pananalita (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Ang L.A. Care ay maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ang mga karagdagang serbisyo kung medikal na kinakailangan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

### ***Mga paggamot ukol sa kalusugan ng pag-uugali***

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng paggamot ukol sa kalusugan ng pag-uugali (behavioral health treatment, BHT) para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang sa pamamagitan ng benepisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Pagsusuri, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment, EPSDT). Kabilang sa mga programa ng mga serbisyo at paggamot ng BHT, gaya ng mga programa sa applied behavior analysis at pamamagitan sa pag-uugali na nakabatay sa katibayan na nagpapaunlad o nagpapanumbalik, hanggang sa maximum na lawak na magagawa, ng paggalaw ng indibidwal na wala pang 21 taong gulang.

Ang mga serbisyo ng BHT ay nagtuturo ng mga kasanayan gamit ang pag-oobserba at pagpapatibay ng pag-uugali, o sa pamamagitan ng pag-udyok na ituro ang bawat hakbang ng pag-uugaling nilalayong ituro. Nakabatay ang mga serbisyo ng BHT sa maaasahang katibayan at hindi ito pang-eksperimento. Kabilang sa mga halimbawa ng serbisyo ng BHT ang pamamagitan sa pag-uugali, mga package ng pamamagitan sa pag-iisip at pag-uugali, komprehensibong paggamot ng pag-uugali, at applied behavioral analysis.

Ang mga serbisyo ng BHT ay dapat medikal na kinakailangan, inireseta ng lisensyadong doktor o psychologist, inparubahan ng plano, at ibinigay sa paraang sumusunod sa inaprubahang plano ng paggamot.

### ***Rehabilitasyon ng puso***

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo sa rehabilitasyon ng puso para sa inpatient at outpatient.

### ***Matibay na kagamitang medikal (DME)***

Sinasaklaw ng L.A. Care ang pagbili o pag-upa ng mga supply, kagamitan, at iba pang serbisyo ng DME na may reseta mula sa doktor, mga assistant na doktor, mga nurse practitioner, at mga espesyalistang nars ng klinika. Maaaring saklawin ang mga iniresetang item ng DME bilang medikal na kinakailangan para mapanatili ang mga paggalaw ng katawan na kailangan sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay o para maiwasan ang malalang pisikal na kapansanan.

Sa pangkalahatan, hindi sinasaklaw ng L.A. Care ang mga sumusunod:

- Mga kagamitan, supply, at feature para sa kaghinhawaan, kadalian, o luho, maliban sa mga retail grade na pump ng suso na inilarawan sa ilalim ng “Mga pump at supply sa suso” sa ilalim ng heading na “Pangangalaga sa pagbubuntis at sa bagong silang” sa kabanatang ito
- Mga item na hindi inilaan para sa pagpapanatili ng mga normal na aktibidad ng pang araw-araw na pamumuhay, gaya ng mga kagamitan sa pag-ehersisyo (kabilang ang mga device na nilayon para magbigay ng karagdagang suporta para sa mga aktibidad sa libangan o isport)
- Kagamitan sa kalinisan, maliban kapag medikal na kinakailangan para sa Miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Mga item na hindi pangmedikal, gaya ng mga sauna bath o elevator
- Mga pagbabago sa inyong tahanan o kotse
- Mga device para sa pagsusuri ng dugo o iba pang kemikal sa katawan (gayunpaman, ang mga monitor ng glucose ng dugo para sa diabetes, monitor para sa patuloy na pagsubaybay ng glucose, mga test strip, at mga lancet ay saklaw ng Medi-Cal Rx)
- Eelktronikong monitor ng puso o baga maliban sa mga monitor ng apnea ng sanggol
- Pag-aayos o pagpapalit ng mga kagamitan dahil sa pagkawala, pagnanakaw, o maling paggamit, maliban kapag medikal na kinakailangan para sa isang miyembrong wala pang 21 taong gulang



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

- Iba pang item na hindi karaniwang ginagamit lalo na para sa pangangalagang pangkalusugan

Gayunpaman, sa ilang kaso, ang mga item na ito ay maaaring maaprubahan nang may Paunang Pahintulot (Paunang Pag-apruba) na isinumite ng inyong doktor.

### **Enteral at parenteral na nutrisyon**

Ang mga pamamaraang ito ng paghahatid ng nutrisyon sa katawan ay ginagamit kapag pinipigilan ka ng isang kondisyong medikal na kumain nang normal. Ang mga formula para sa enteral na nutrisyon at produkto para sa parenteral na nutrisyon ay maaaring saklawin sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx, kapag medikal na kinakailangan. Maaaring saklawin ng L.A. Care ang enteral at parenteral na mga pump at tubo, kapag medikal na kinakailangan..

### **Mga hearing aid**

Saklaw ng L.A. Care ang mga hearing aid kung kayo ay sinusuri para sa pagkawala ng pandinig, ang mga hearing aid ay medikal na kinakailangan, at may resetamula sa inyong doktor. Ang coverage ay limitado sa pinakamababang tulong sa gastos na nakakatugon sa inyong mga pangangailangang medikal. L.A. Care ay sasaklawin ang isang hearing aid maliban kung ang isang aid para sa bawat tainga ay kinakailangan para sa mga resultang lubos na mas mahusay kaysa sa maari ninyong makuha sa isang aid.

Mga hearing aid para sa mga Miyembrong wala pang 21 taong gulang

Iniaatas ng batas ng estado sa mga batang nangangailangan ng hearing aid na mai-refer sa programa ng Mga Serbisyo para sa Mga Bata ng California (CCS) para matukoy kung ang bata ay kwalipikado para sa CCS. Kung ang bata ay kwalipikado para sa CCS, sasaklawin ng CCS ang mga gastos para sa medikal na kinakailangang mga hearing aid. Kung ang bata ay hindi kwalipikado para sa CCS, sasaklawin namin ang mga hearing aid kapag medikal na kinakailangan bilang bahagi ng coverage ng Medi-Cal.

Mga hearing aid para sa mga Miyembrong 21 taong gulang pataas

Sa ilalim ng Medi-Cal, sinasaklaw namin ang mga sumusunod para sa bawat saklaw na hearing aid:

- Mga hulmahan ng tainga na kailangan para sa pagsukat
- Isang karaniwang package ng baterya
- Mga pagbisita para matiyak na gumagana nang maayos ang aid
- Mga pagbisita para sa paglilinis at pagkabit ng inyong hearing aid
- Pag-aayos ng inyong hearing aid

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasaklawin namin ang pagpapalit ng hearing aid kung:

- Ang pagkawala ng inyong pandinig ay nasa sitwasyon kung saan ang inyong kasalukuyang hearing aid ay hindi nagagawang iwasto ito
- Ang inyong hearing aid ay nawala, ninakaw, o nasira at hindi maaaring ayusin at hindi ninyo kasalanan ito. Kailangan ninyong bigyan kami ng isang tala na nagsasabi sa amin kung paano ito nangyari.

Para sa mga nasa hustong gulang na may edad na 21 taon pataas, hindi kasama sa Medi-Cal ang:

- Kapital na mga baterya ng hearing aid



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

***Mga serbisyong pangkalusugan sa bahay***

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyong pangkalusugan na ibinibigay sa inyong tahanan, kapag inireseta ng inyong doktor at napag-alamang medikal na kinakailangan.

Ang mga serbisyong pangkalusugan sa bahay ay limitado sa mga serbisyong saklaw ng Medi Cal gaya ng:

- Part-time na may kasanayang pagkalinga
- Part-time na katulong sa bahay para sa kalusugan
- May kasanayang pisikal na therapy, occupational therapy, at therapy sa pananalita
- Mga medikal na serbisyong panlipunan
- Mga medikal na supply

***Mga medikal na supply, kagamitan, at appliance***

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga medikal na supply na inireseta ng doktor, assistant na doktor, nurse practitioner, at mga espesyalistang nars sa klinika. Ang ilang medikal na supply ay saklaw sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal Rx at hindi ng L.A. Care.

Hindi kabilang sa coverage ng Medi-Cal ang:

- Mga karaniwang gamit sa bahay, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
  - Pandikit na tape (lahat ng uri)
  - Rubbing alcohol
  - Mga kosmetiko
  - Mga bola ng bulak at cotton swab
  - Mga dusting powder
  - Mga pamunas na tisyu
  - Witch hazel
- Mga karaniwang remedyo sa bahay, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
  - Puting petrolatum
  - Mga langis at lotion para sa tuyong balat
  - Mga produkto ng talc at kombinasyon ng talc
  - Mga oxidizing agent, gaya ng hydrogen peroxide
  - Carbamide peroxide at sodium perborate
- Mga shampoo na hindi inireseta



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

- Mga paghahanda ng ipinapahid na gamot na naglalaman ng benzoic at salicylic acid na ointment, salicylic acid na cream, ointment o likido, at zinc oxide na paste
- Iba pang item na karaniwang hindi ginagamit lalo na para sa pangangalagang pangkalusugan at na regular at pangunahing ginagamit ng mga taong walang partikular na pangangailangang medikal para sa mga ito.

### **Occupational therapy**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng occupational therapy, kabilang ang pagsusuri sa occupational therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, at mga serbisyo sa pagtuturo at pakonsulta. Ang mga serbisyo ng occupational therapy ay limitado sa dalawang serbisyo bawat buwan kasabay ng mga serbisyo ng acupuncture, audiology, chiropractic, at therapy sa pananalita (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Ang L.A. Care ay maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ang mga karagdagang serbisyo kung medikalnakinakailangan.

### **Mga orthotic/prosthesis**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang orthotic at prosthetic na mga device at serbisyo na medikal na kinakailangan at inireseta ng inyong doktor, podiatrist, dentista, o medikal na provider na hindi doktor. Kabilang dito ang mga naka-implant na device para sa pandinig, prosthesis para sa suso/mga mastectomy bra, compression burn garment, at prosthetic para mapanubalik ang paggalaw o palitan ang isang bahagi ng katawan, o para suportahan ang isang bahagi ng katawang humina o nasira ang anyo.

### **Mga supply sa ostomy at urology**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga supply at pandikit para sa ostomy bag, urinary catheter, draining bag, at irrigation. Hindi kabilang dito ang mga supply, kagamitan, o feature para sa ginhawa, kadalian, o luho.

### **Pisikal na therapy**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyong medikal na kinakailangang pisikal na therapy, kabilang ang pagsusuri sa pisikal na therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, pagtuturo, mga serbisyo sa pagkonsulta at paggamit ng mga ipinapahid na gamot.

### **Rehabilitasyon ng baga**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang rehabilitasyon ng baga na medikal na kinakailangan at inireseta ng doktor.

### **Mga serbisyo ng pasilidad para sa may kasanayang pagkalinga**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng pasilidad para sa may kasanayang pagkalinga bilang medikal na kinakailangan kung kayo ay may kapansanan at nangangailangan ng mataas na antas ng pangangalaga. Kasama sa mga serbisyong ito ang kwarto at pamamalagi sa isang lisensyadong pasilidad para sa may kasanayang pagkalinga nang 24na oras bawat araw.

### **Therapy sa pananalita**

Sinasaklaw ng L.A. Care ang medikal na kinakailangang therapy sa pananalita. Ang mga serbisyo ng therapy sa pananalita ay limitado sa dalawang serbisyo bawat buwan, kasama ng mga serbisyo ng acupuncture, audiology, chiropractic, at occupational therapy (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Ang L.A. Care ay maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ang mga karagdagang serbisyo kung medikal na kinakailangan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



## Mga serbisyo para sa transgender

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo para sa transgender (mga serbisyong nagpapatunay ng kasarian) bilang isang benepisyo kapag medikal na kinakailangan ang mga ito o kapag ang mga serbisyo ay nakakatugon sa mga pamantayan para sa reconstructive surgery.

## Mga klinikal na pagsubok

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga karaniwang gastos sa pangangalaga ng pasyente para sa mga pasyenteng tinatanggap sa Yugto I, Yugto II, Yugto III o Yugto IV na klinikal na pagsubok kung ito ay may kaugnayan sa pag-iwas sa, pagtuklas, o paggamot ng kanser o iba pang kondisyong nagbabanta sa buhay at kung ang pag-aaral ay nakakatugon sa lahat ng kinakailangan sa ilalim ng Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan 1370.6(d)(1). Sinasaklaw ng Medi-Cal Rx, isang programa ng Medi-Cal FFS, ang karamihan ng mga inireresetang gamot para sa outpatient. Basahin ang seksyong “Mga inireresetang gamot para sa outpatient” sa hulihang bahagi ng kabanatang ito para sa karagdagang impormasyon.

## Mga serbisyo ng laboratoryo at radiology

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng laboratoryo at X-ray para sa outpatient at inpatient kapag medikal na kinakailangan. Sinasaklaw ang iba't ibang advanced na pamamaraan ng imaging, gaya ng mga CT scan, MRI, at PET scan, batay sa medikal na pangangailangan.

## Mga serbisyo para sa pag-iwas sa sakit at pagpapanatili ng kalusugan at pamamahala ng hindi gumagaling na sakit

Sinasaklaw ng plano ang:

- Mga inirerekomandang bakuna ng Tagapayong Komite para sa Mga Kasanayan sa Pagbabakuna
- Mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya
- Mga rekomendasyon ng Bright Futures ng American Academy of Pediatrics ([https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf))
- Mga serbisyo sa pag-iwas sa hika
- Mga pang-iwas na serbisyo para sa mga babae na inirerekomenda ng American College of Obstetricians and Gynecologists
- Tulong sa pagtigil sa paninigarilyo, na tinatawag ding mga serbisyo sa paghinto sa paninigarilyo
- Nagrekomenda ang United States Preventive Services Task Force Grade A at B ng mga pang-iwas na serbisyo



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

Ibinibigay ang mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya sa mga miyembrong nasa edad na maaari nang magkaanak para matulungan silang matukoy ang bilang at pagitan ng mga anak. Kasama sa mga serbisyong ito ang lahat ng paraan ng pagkontrol sa pagbubuntis na inaprubahan ng FDA. Available ang mga PCP at espesyalista sa OB/GYN ng L.A. Care para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya.

Para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, maaari din kayong pumili ng isang doktor o klinika sa Medi-Cal na hindi konektado sa L.A. Care nang hindi kinakailangang kumuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa L.A. Care. Maaaring hindi saklaw ang mga serbisyong mula sa wala sa network na provider na hindi nauugnay sa pagpapalano ng pamilya. Para matuto pa, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Basahin ang Kabanata 5: Pagpapanatili ng kalusugan ng bata at kabataan para sa impormasyon sa pang-iwas na pangangalaga para sa mga kabataang 20 taong gulang pababa.

### Programang Pag-iwas sa Diabetes

Ang Programang Pag-iwas sa Diabetes (Diabetes Prevention Program, DPP) ay isang nakabatay sa katibayang programa ng pagbabago ng paraan ng pamumuhay. Ang 12 buwang programang ito ay nakatuon sa mga pagbabago sa paraan ng pamumuhay at idinisenyo ito para iwasan o iantala ang pagsisimula ng type 2 diabetes sa mgaindibidwal na na-diagnose na may prediabetes. Ang mga miyembrong nakakatugon sa mga pamantayan ay maaaring maging kwalipikado para sa ikalawang taon. Ang programa ay nagbibigay ng edukasyon at suporta sa grupo. Kabilang sa mga pamamaraan ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagbibigay ng peer coach
- Pagtuturo ng pagsubaybay sa sarili at paglutas ng problema
- Pagbibigay ng lakas ng loob at feedback
- Pagbibigay ng mga materyales na may impormasyon para suportahan ang mga layunin
- Pagsubaybay sa mga regular na pagsukat ng timbang para makatulong na makamit ang mga layunin

Dapat matugunan ng mga miyembro ang mga kinakailangan sa kwalipikasyon sa programa para makasali sa DPP. Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) para matuto pa tungkol sa programa at kwalipikasyon.

### Mga serbisyong reconstructive

Sinasaklaw ng L.A. Care ang operasyon para itama o ayusin ang mga abnormal na estruktura ng katawan para mapabuti o lumikha ng normal na hitsura hangga't maaari. Ang mga abnormal na estruktura ng katawan ay sanhi ng mga depekto sa pagkapanganak, abnormalidad sa pag-unlad, trauma, impeksyon, mga tumor, sakit, o pag-reconstruct ng suso pagkatapos ng mastectomy. Maaaring malapat ang ilang limitasyon at pagbubukod.

### Mga serbisyo sa pagsusuri ng sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal

Sinasaklaw ng plano ang:

- Pag screen ng maling pag-inom ng alak at screening ng ipinagbabawal na gamot

Pumunta sa “Mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal” sa hulihang bahagi ng kabanatang ito para sa coverage sa paggamot sa pamamagitan ng county.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Mga benepisyo sa paningin

Sinasaklaw ng plano ang:

- Karaniwang pagsusuri sa mata isang beses sa bawat 24 na buwan; Ang mga karagdagan o mas madalas na pagsusuri sa mata ay saklaw kung medikal na kinakailangan para sa mga miyembro, gaya ng para sa mga may diabetes.
- Salamin sa mata (mga frame at lente) isang beses sa bawat 24 na buwan; kapag may wastong reseta kayo.
- Kapalit ng salamin sa mata sa loob ng 24 na buwan kung mayroon kayong pagbabago sa reseta o ang inyong salamin sa mata ay nawala, ninakaw, o nasira (at hindi maaaring ayusin), at hindi ninyo kasalanan ito. Kailangan ninyong bigyan kami ng isang tala na nagsasabi sa amin kung paano nawala, ninakaw, o nasira ang inyong salamin sa mata.
- Mga device para sa malabong paningin para sa mga may kapansanan sa paningin na hindi naitama ng mga karaniwang salamin sa mata, contact lens, gamot, o operasyon na nakakasagabal sa kakayahan ng isang tao na magsagawa ng pang-araw-araw na gawain (ibig sabihin, macular degeneration na may kaugnayan sa edad).
- Mga medikal na kinakailangang Contact Lens  
Maaaring saklawin ang pagsusuri para sa contact lens at mga contact lens kung hindi posible ang paggamit ng salamin sa mata dahil sa sakit o kondisyon ng mata (ibig sabihin, kulang ang isang tainga). Kabilang, ngunit hindi limitado, sa mga kondisyong medikal na kwalipikado para sa mga espesyal na contact lens ang aniridia, aphakia, at keratoconus

## Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyong hindi emergency.

May karapatan kayo sa medikal na transportasyon kung mayroon kayong mga medikal na pangangailangan na hindi nagpapahintulot sa inyo na gumamit ng kotse, bus o taxi sa mga appointment ninyo. Maaaring magbigay ng medikal na transportasyon para sa mga saklaw na serbisyo at appointment sa botika na saklaw ng Medi-Cal. Kung kailangan ninyo ng medikal na transportasyon, maaari ninyong hilingin ito sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa inyong doktor, dentista, podiatrist, o provider sa kalusugan ng pag-iisip o sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal. Ang inyong provider ang magpapasya kung ano ang tamang uri ng transportasyon ang tutugon sa inyong mga pangangailangan. Kung nalaman nila na kailangan ninyo ng medikal na transportasyon, irereseta nila ito sa pamamagitan ng pagkompleto ng form at pagsumite nito sa L.A. Care. Kapag naaprubahan, ang pag-apruba ay magkakabisa sa loob ng 12 buwan depende sa medikal na pangangailangan. Dagdag pa, walang limitasyon para sa kung gaano karaming masasakyan ang makukuha ninyo. Kakailanganin ng inyong doktor na suriin muli ang inyong medikal na pangangailangan para sa medikal na transportasyon at muling aprubahan ito tuwing 12 buwan.

Ang medikal na transportasyon ay isang ambulansya, litter van, wheelchair van, o transportasyong panghimpapawid. Pinapayagan ng L.A. Care ang pinakamurang na medikal na transportasyon para sa inyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan ninyo ng masasakyan patungo sa inyong appointment. Ibig sabihin, halimbawa, kung maaari kayong pisikal o medikal na maihatid ng isang wheelchair van, hindi magbabayad ang L.A. Care para sa isang ambulansya. Makakagamit lang kayo ng transportasyong panghimpapawid kung hindi kayo maaaring ihatid gamit ang anumang uri ng transportasyong panlupa dahil sa inyong medikal na kondisyon.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

Kailangang gumamit ng medikal na transportasyon kapag:

- Ito ay pisikal o medikal na kailangan ayon sa pagkakatukey nang may nakasulat na awtorisasyon ng isang doktor o iba pang provider dahil hindi ninyo kayang gamitin sa pisikal o medikal na paraan ang bus, taxi, kotse o van para makarating sa inyong appointment.
- Kailangan ninyo ng tulong mula sa driver papunta at mula sa inyong tirahan, sasakyan, o lugar ng paggamot dahil sa isang pisikal o mental na kapansanan.

Para humiling ng medikal na transportasyon na inirekomenda ng inyong doktor para sa mga hindi-agaran (karaniwan) na appointment, mangyaring tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) nang hindi bababa sa 2 araw ng negosyo (Lunes-Biyernes) bago ang inyong appointment. Para sa mga agarang appointment, tumawag sa lalong madaling panahon. Pakihanda ang inyong ID card ng miyembro kapag tumawag kayo.

**Mga limitasyon ng medikal na transportasyon:** Nagbibigay ang L.A. Care ng pinakamurang medikal na transportasyon na nakakatugon sa inyong mga pangangailangang medikal sa pinakamalapit na provider mula sa inyong tahanan kung saan available ang appointment. Hindi magbibigay ng medikal na transportasyon kung hindi saklaw ng Medi-Cal ang serbisyo. Kung sinasaklaw ng Medi-Cal ang uri ng appointment ngunit hindi sa pamamagitan ng planong pangkalusugan, tutulong ang L.A. Care sa inyo na iiskedyul ang transportasyon ninyo. Ang listahan ng mga saklaw na serbisyo ay nasa Handbook ng Miyembro na ito. Ang transportasyon ay hindi saklaw sa labas ng network o lugar ng serbisyo maliban kung paunang pinahintulutan ng L.A. Care. Para sa karagdagang impormasyon o para humingi ng medikal na transportasyon, mangyaring tumawag sa **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

**Gastos sa miyembro:** Walang gagastusin kung ang transportasyon ay isinaayos ng L.A. Care.

#### ***Paano kumuha ng hindi medikal na transportasyon:***

Kabilang sa inyong mga benepisyo ang pagkuha ng masasakyan sa inyong mga appointment kapag ang appointment ay para sa isang serbisyo na saklaw ng Medi-Cal at wala kayong anumang access sa transportasyon. Maaari kayong makakuha ng masasakyan, nang wala kayong babayaran, kapag sinubukan ninyo ang lahat ng iba pang paraan para makakuha ng transportasyon at kayo ay:

- Naglalakbay papunta at mula sa isang appointment para sa isang serbisyo ng Medi-Cal na pinahintulutan ng inyong provider; o
- Kumukuha ng mga reseta at medikal na supply

Pinapayagan kayo ng L.A. Care na gumamit ng kotse, taxi, bus, o iba pang pampubliko/pribadong paraan ng pagpunta sa inyong medikal na appointment para sa mga serbisyong saklaw ng Medi-Cal. Sasaklawin ng L.A. Care ang pinakamurang ng uri ng hindi medikal na transportasyon na nakakatugon sa inyong mga pangangailangan. Minsan, maaaring magbigay ang L.A. Care ng reimbursement para sa mga pagsakay sa pribadong sasakyan na inyong isasaayos. Ito ay dapat na inaprubahan ng L.A. Care bago kayo sumakay, at dapat ninyong sabihin sa amin kung bakit hindi kayo maaaring makakuha ng masasakyan sa iba pang paraan, gaya ng bus. Maaari ninyong sabihin sa amin sa pamamagitan ng pagtawag sa amin, pag-email sa amin, o sa personal. Hindi maaaring kayo mismo ang magmaneho hindi kayo mare-reimburse para dito.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

Ang reimbursement ng mileage ay nangangailangan ng lahat ng sumusunod:

- Ang lisensya sa pagmamaneho ng driver
- Ang rehistrasyon ng sasakyan ng driver
- Patunay ng insurance ng sasakyan para sa driver

Para humiling ng masasakyan para sa mga serbisyong pinahintulutan, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) nang hindi bababa sa 2 araw ng negosyo (Lunes-Biyernes) bago ang inyong appointment o tumawag sa lalong madaling panahon kapag mayroon kayong agarang appointment. Pakihanda ang inyong ID card ng miyembro kapag tumawag kayo.

Tandaan: Ang mga Amerikanong Indiyano ay maaaring makipag-ugnayan sa kanilang lokal na Klinikang Pangkalusugan para sa Indiyano para humiling ng hindi medikal na transportasyon.

**Mga limitasyon ng hindi medikal na transportasyon:** Nagbibigay ang L.A. Care ng pinakamurang hindi medikal na transportasyon na nakakatugon sa inyong mga pangangailangan sa pinakamalapit na provider mula sa inyong tahanan kung saan may available na appointment. Ang mga miyembro ay hindi maaaring ipagmaneho ang kanilang sarili at hindi direktang ma-reimburse. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

**Hindi nalalapat ang hindi medikal na transportasyon kung:**

- Ang ambulansya, litter van, wheelchair van, o iba pang uri ng medikal na transportasyon ay medikal na kinakailangan para makapunta sa isang saklaw na serbisyo ng Medi-Cal.
- Kailangan ninyong tulong mula sa driver papunta at paalis sa tirahan, sasakyan, o pagamutan dahil sa kondisyong pisikal o medikal.
- Naka-wheelchair kayo at hindi kayo makagalaw papasok at palabas ng sasakyan nang walang tulong mula sa driver.
- Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang serbisyo.

**Gastos sa miyembro:** Walang gagastusin kung ang hindi medikal na transportasyon ay isinaayos ng L.A. Care.

**Gastos sa paglalakbay:** Sa ilang pagkakataon, maaaring saklawin ng L.A. Care ang mga gastos sa paglalakbay gaya ng pagkain, pamamalagi sa hotel, at iba pang kaugnay na gastos kung kailangan ninyong maglakbay para sa mga appointment sa doktor na hindi available malapit sa inyong tahanan. Maaari din itong saklawin para sa isang kasamang attendant at donor sa pag-transplant ng malaking organ, kung naaangkop. Kailangan ninyong humiling ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyong ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

## Mga serbisyo sa ngipin

Ang Programa sa Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin ng Medi-Cal ay gumagamit ng mga plano ng pinapamahalaang pangangalaga para maibigay ang inyong mga serbisyo sa ngipin. Para malaman ang higit pa, pumunta sa Health Care Options sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>. Maaari kayong manatili sa Fee-for-Service Dental o maaari ninyong piliin ang Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin. Para piliin o baguhin ang inyong plano sa ngipin, tumawag sa Health Care Options sa **1-800-430-4263**.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

Ang inyong mga serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal ay ibinibigay ng Programa sa Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin ng Medi-Cal. Para sa tulong sa paghahanap ng dentista, o para sa tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa ngipin, maaari ninyong tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).

Sinasaklaw ng Medi-Cal Dental ang ilang serbisyo sa ngipin, kabilang ang:

- Diagnostic at pang-iwas na kalinisan ng ngipin (gaya ng mga pagsusuri, X-ray, at paglilinis ng ngipin)
- Mga pang-emergency na serbisyo para sa pagkontrol ng sakit
- Mga pagbunot ng ngipin
- Mga pasta
- Mga paggamot sa root canal (anterior/posterior)
- Mga crown (prefabricated/laboratoryo)
- Scaling at root planing
- Kompleto at bahagyang mga pustiso
- Orthodontics para sa mga batang kwalipikado
- Ipinapahid na fluoride

Kung mayroon kayong mga tanong o gustong ninyong matuto nang higit pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Programa para sa Ngipin ng Medi-Cal sa **1-800-322-6384** (TTY **1-800-735-2922** o **711**). Maaari din ninyong bisitahin ang website ng Programa para sa Ngipin ng Medi-Cal sa <https://www.dental.dhcs.ca.gov> o <https://smilecalifornia.org/>.

Kung mayroon kayong mga tanong o gusto ninyong malaman ang higit pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, at nakatala kayo sa isang plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin, tawagan ang inyong nakatalagang plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin.

## Iba pang saklaw na benepisyo at programa ng L.A. Care

### Mga serbisyo at suporta sa pinamamahalaang pangmatagalang pangangalaga (Managed long-term care services and supports , MLTSS)

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga benepisyo sa pinamamahalaang pangmatagalang pangangalaga na ito para sa mga miyembrong kwalipikado:

- Mga serbisyo sa pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga, gaya ng inaprubahan ng L.A. Care
- Mga serbisyo sa pasilidad para sa may kasanayang pagkalinga, gaya ng inaprubahan ng L.A. Care

Mga serbisyong Nakabase sa Tahanan at Komunidad, gaya ng inaprubahan ng L.A. Care

- Mga Serbisyo para sa Nasa Hustong Gulang sa Komunidad (Community Based Adult Services, CBAS)
- Mga Pansuportang Serbisyo sa Tahanan (In-home Supportive Services, IHSS)

Mga pasilidad para sa intermediate na pangangalaga, gaya ng inaprubahan ng L.A. Care

Kung kwalipikado kayo para sa mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga, titiyakin ng L.A. Care na kayo ay ilalagay sa isang pasilidad para sa pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng antas ng pangangalaga na pinakaangkop sa inyong mga medikal na pangangailangan.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa mga serbisyo sa pinamamahalaang pangmatagalang pangangalaga, tumawag sa **1-855-427-1223** (TTY **711**).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



## Pangunahing pamamahala sa pangangalaga

Ang L.A. Care ay tutulong na makipag-ugnayan at pamahalaan ang inyong mga pangangailangan at serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan nang wala kayong babayaran. Isasaayos ng L.A. Care ang inyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para matiyak na natatanggap ninyo ang lahat ng serbisyong medikal na kinakailangan, kabilang ang mga inireresetang gamot at serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali, kahit na ang mga serbisyong iyon ay saklaw ng ibang programa at hindi ng L.A. Care. Kabilang dito ang pagsasaayos ng pangangalaga sa iba't ibang setting, gaya ng kung kailangan ninyo ng pagpapaospital at na-discharge kayo sa inyong tahanan o isang pasilidad para sa may kasanayang pagkalinga.

Kung mayroon kayong mga tanong o alalahanin tungkol sa inyong kalusugan o sa kalusugan ng inyong anak, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-839-9909 (TTY 711)**.

## Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga

Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga serbisyo ng Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (Enhanced Care Management, ECM) para sa mga miyembrong may lubos na komplikadong pangangailangan. Ang ECM ay isang benepisyo na nagbibigay ng dagdag na serbisyo para matulungan kayong makuha ang pangangalaga na kailangan ninyo para manatiling malusog. Isinasaayos nito ang pangangalagang natatanggap ninyo mula sa iba't ibang doktor. Ang ECM ay tumutulong sa pagsasaayos ng pangunahing pangangalaga, pangangalaga para sa malalang sakit, kalusugan ng pag-uugali, pag-unlad, kalusugan ng bibig, mga pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term services and supports, LTSS) na nakabatay sa komunidad, at referral sa mga available na mapagkukunan ng komunidad.

Kung kwalipikado kayo, maaari makipag-ugnayan sa inyo tungkol sa mga serbisyo ng ECM. Maaari din kayong tumawag sa L.A. Care para malaman kung at kailan kayo makakatanggap ng ECM. O makipag-usap sa inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan na maaaring malaman kung kwalipikado kayo para sa ECM at kung kailan at paano ninyo ito matatanggap.

### ***Mga saklaw na serbisyo ng ECM***

Kung kwalipikado kayo para sa ECM, magkakaroon kayo ng inyong sariling team sa pangangalaga, kabilang ang isang Nangungunang Tagapamahala ng Pangangalaga. Ang taong ito ay makikipag-usap sa inyo at sa inyong mga doktor, espesyalista, parmasyutiko, tagapamahala ng kaso, provider ng mga serbisyong pantao, at iba pa para matiyak na nagtutulongan ang bawat isa para maibigay sa inyo ang pangangalagang kailangan ninyo. Ang isang Nangungunang Tagapamahala ng Pangangalaga ay maaari ding makatulong sa inyo na makahanap at mag-apply para sa iba pang serbisyo sa inyong komunidad. Kasama sa ECM ang:

- Pagtulong at pakikilahok
- Komprehensibong pagtatasa at pamamahala ng pangangalaga
- Pinahusay na pagsasaayos ng pangangalaga
- Pagpapaunlad ng kalusugan
- Komprehensibong pangangalaga sa pagtransisyon
- Mga pansuportang serbisyo sa miyembro at pamilya
- Pagsasaayos at referral sa mga suporta sa komunidad at lipunan

Para malaman kung ang ECM ay maaaring akma para sa inyo, makipag-usap sa inyong kinatawan ng L.A. Care o provider ng pangangalagang pangkalusugan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



**Gastos sa miyembro**

Walang babayaran ang miyembro para sa mga serbisyo ng ECM.

**Mga Suporta sa Komunidad**

Maaaring available ang Mga Suporta sa Komunidad sa ilalim ng inyong Plano ng Pangangalaga para sa Indibidwal. Ang mga Suporta sa Komunidad ay medikal na angkop at mura at mabisa na mga alternatibong serbisyo o setting sa mga taong saklaw sa ilalim ng Medi-Cal State Plan. Ang mga serbisyonang ito ay opsyonal na tanggapin ng mga Miyembro. Kung kayo ay kwalipikado, ang mga serbisyonang ito ay maaaring makatulong sa inyo na mabuhay nang mas malaya. Hindi pinapalitan ng mga ito ang mga benepisyonang natatanggap na ninyo sa ilalim ng Medi-Cal. Ang Mga Suporta sa Komunidad ay maaaring magsama ng tulong sa paghahanap o pagpapanatili ng pabahay, mga medikal na iniangkop na pagkain, o iba pang tulong para sa inyo o sa inyong tagapangalaga gaya ng:

- Mga Serbisyo sa Pag-navigate sa Pagtransisyon sa Pabahay
- Mga Serbisyo sa Pangungupahan at Pagpapanatili ng Pabahay
- Mga Pagkain/Medikal na Iniangkop na Pagkain
- Pangangalaga sa Pagpapahinga (Medikal na Pahinga)
- Mga Deposito sa Pabahay
- Mga Sobering Center
- Mga Serbisyo para sa Personal na Pangangalaga at ng Tagapamahala ng Tahanan
- Mga Serbisyo sa Pagpapahinga

Kung kailangan ninyo ng tulong o gusto ninyong malaman kung anong Mga Suporta sa Komunidad ang maaaring available para sa inyo, tumawag sa **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) o tumawag sa inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

**Pag-transplant ng Malaking Organ****Mga pag-transplant para sa mga batang wala pang edad na 21 taon**

Iniaatas ng batas ng estado sa mga bata na nangangailangan ng mga pag-transplant na irekomenda sa programa ng Mga Serbisyo para sa Mga Bata sa California (CCS) para magpasya kung ang bata ay kwalipikado para sa CCS. Kung ang bata ay kwalipikado para sa CCS, sasaklawin ng CCS ang mga gastos para sa pag-transplant at kaugnay na serbisyo. Kung ang bata ay hindi kwalipikado para sa CCS, irerekomenda ng L.A. Care ang bata sa isang kwalipikadong sentro ng pag-transplant para sa pagsusuri. Kung kinumpirma ng sentro ng pag-transplant na kakailanganin at ligtas ang pag-transplant, sasaklawin ng L.A. Care ang pag-transplant at mga kaugnay na serbisyo.

Ang L.A. Care ay dapat i-refer ang mga batang kwalipikado sa Mga Serbisyo para sa Mga Bata sa California (CCS) sa isang Espesyal na Sentro ng Pangangalaga (Special Care Center, SCC) na inaprubahan ng CCS para sa pagsusuri sa loob ng 72 oras mula sa pagtukoy sa bata ng doktor o espesyalista ng bata bilang isang potensyal na kandidato para sa pag-transplant. Kung kinumpirma ng SCC na kailangan at ligtas ang pag-transplant, sasaklawin ng L.A. Care ang pag-transplant at mga kaugnay na serbisyo.

**Mga pag-transplant para sa mga nasa hustong gulang na may edad na 21 taon pataas**

Kung ang inyong doktor ay nagpasya na maaaring kailanganin ninyo ang isang pangunahing pag-transplant ng organ,



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

irerekomenda kayo ng L.A. Care sa isang kwalipikadong sentro ng pag-transplant para sa pagsusuri. Kung kinumpirma ng sentro ng pag-transplant na kakailanganin at ligtas ang pag-transplant para sa inyong kondisyong medikal, sasaklawin ng L.A. Care ang pag-transplant at mga kaugnay na serbisyo.

Ang mga sumusunod na pag-transplant ng malaking organ na saklaw ng L.A. Care ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

- Bone marrow
- Pusong
- Pusong/Baga
- Bato
- Bato/Pancreas
- Atay
- Atay/Maliit na bituka
- Baga
- Pancreas
- Maliit na bituka

### ***Mga gastos sa transportasyon at paglalakbay***

Maaari kayong makatanggap ng transportasyon, pagkain, matutuluyan, at iba pang gastos gaya ng para sa paradahan, toll, atbp. kung kayo o ang inyong pamilya ay nangangailangan ng tulong para makarating sa isang medikal na appointment na may kaugnayan sa kondisyong kwalipikado sa CCS at walang ibang available na mapagkukunan. Dapat kayong tumawag sa L.A. Care at humiling ng pag-apruba (pahintulot) bago kayo magbayad nang out of pocket para sa mga transportasyon, pagkain, at matutuluyan dahil ang L.A. Care ay nagbibigay ng hindi medikal at hindi pang-emergency na medikal na transportasyon gaya ng nabanggit sa mga benepisyo at serbisyo. Kung ang inyong mga gastos sa transportasyon o paglalakbay ay natukoy na kinakailangan at napatunayan ng L.A. Care na sinubukan ninyong makakuha ng transportasyon sa pamamagitan ng L.A. Care, maaari kayong makatanggap ng pagbabayad mula sa L.A. Care at kailangan naming bayaran kayo sa loob 60 na araw sa kalendaryo mula sa pagsumite ninyo ng mga kailangang resibo at dokumentasyon para sa gastos sa transportasyon.

---

## **Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal**

### **Iba pang serbisyong makukuha ninyo sa pamamagitan ng Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal o iba pang programa ng Medi-Cal**

Kung minsan ay hindi sasaklawin ng L.A. Care ang mga serbisyo, pero maaari pa rin ninyong makuha ang mga ito sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal o iba pang programa ng Medi-Cal Ang L.A. Care ay makikipag-ugnayan sa iba pang programa para matiyak na natatanggap ninyo ang lahat ng medikal na kinakailangang serbisyo, kahit na ang mga serbisyong iyon ay saklaw ng ibang programa at hindi ng L.A. Care. Inililista ng seksyong ito ang ilan sa mga serbisyong ito. Para matuto pa, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-839-9909 (TTY 711)**.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Mga iniresetang gamot para sa outpatient

### *Ang mga inireresetang gamot ay saklaw ng Medi-Cal Rx*

Ang mga inireresetang gamot na ibinibigay ng isang botika ay saklaw ng Medi-Cal Rx, isang programa ng Medi-Cal FFS. Ang ilang gamot na ibinigay ng isang provider sa tanggapan o klinika ay maaaring saklaw ng L.A. Care. Maaaring ireseta sa inyo ng inyong provider ang mga gamot na nasa Listahan ng Mga Nakakontratang Gamot ng Medi-Cal Rx.

Minsan, kailangan ang gamot at wala ito sa Listahan ng Mga Nakakontratang Gamot. Ang mga gamot na ito ay kailangang maaprubahan bago maibigay ang mga ito sa botika. Susuriin at pagpapasyahan ng Medi-Cal Rx ang mga kahilingan sa loob ng 24 na oras.

- Maaari kayong bigyan ng parmasyutiko sa inyong botika para sa outpatient ng pang-72 oras na pang-emergency na supply kung sa tingin nila ay kailangan ninyo ito. Ang Medi-Cal Rx ang magbabayad para sa pang-emergency na supply ng gamot na ibinigay ng botika para sa inpatient.
- Maaaring tumanggi ang Medi-Cal Rx sa isang kahilingan na hindi pang-emergency. Kung sasabihin nilang hindi, padadalhan ka nila ng sulat para sabihin kung bakit. Sasabihin nila sa inyo kung ano ang inyong mga pagpipilian. Pumunta sa seksyong “Mga Reklamo” sa Kabanata 6, Pag-uulat at paglutas ng mga problema para sa karagdagang impormasyon.

Para malaman kung ang isang gamot ay nasa Listahan ng Mga Nakakontratang Gamot o para makakuha ng kopya ng Listahan ng Mga Nakakontratang Gamot, tawagan ang Medi-Cal Rx sa **800-977-2273** (TTY **800-977-2273** at pindutin ang 7 o **711**), bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

### *Mga botika*

Kung pinupuno o nire-refill ninyo ang isang reseta, dapat ninyong kunin ang inyong mga inireresetang gamot mula sa isang botika na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx. Maaari kayong makahanap ng listahan ng mga botikang nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Botika ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Maaari din kayong makahanap ng botika na malapit sa inyo o botika na maaaring ipadala sa inyo sa mail ang inyong reseta sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa **800-977-2273** (TTY **800-977-2273** at pindutin ang 7 o **711**).

Kapag nakapili na kayo ng botika, dalhin ang inyong reseta sa botika. Maaari din itong ipadala ng inyong provider sa botika para sa inyo. Ibigay sa botika ang inyong reseta kasama ang inyong Identification Card para sa Mga Benepisyo (BIC) ng Medi-Cal. Tiyaking alam ng botika ang tungkol sa lahat ng gamot na ginagamit ninyo at anumang allergy na mayroon kayo. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa inyong reseta, tiyaking tanungin ang parmasyutiko.

Ang mga miyembro ay maaari ding makatanggap ng mga serbisyo sa transportasyon mula sa L.A. Care para makapunta sa mga botika. Para malaman ang higit pa tungkol sa mga serbisyo sa transportasyon, basahin ang “Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyong hindi pang-emergency” sa handbook na ito.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip

Ang ilang serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ay ibinibigay ng mga plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county sa halip na ng L.A. Care. Kabilang dito ang mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (specialty mental health services, SMHS) para sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakakatugon sa mga pamantayan para sa SMHS. Maaaring isama ng SMHS ang mga serbisyo sa outpatient, pantahanan, at inpatient na ito:

### **Mga serbisyo para sa outpatient:**

- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip
- Mga pansuportang serbisyo sa gamot
- Mga serbisyo ng matinding paggamot sa araw
- Mga serbisyong pangrehabilitasyon sa araw
- Mga serbisyo ng pamamagitan sa krisis
- Mga serbisyo ng pag-stabilize sa krisis
- Mga serbisyo sa naka-target na pamamahala ng kaso
- Mga therapeutic na serbisyo sa pag-uugali (saklaw para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang)
- Intensive na pagsasaayos ng pangangalaga (Intensive care coordination, ICC) (saklaw para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang)
- Mga intensive na serbisyong nakabase sa tahanan (Intensive home-based services, IHBS) (saklaw para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang)
- Therapeutic na foster na pangangalaga (Therapeutic foster care, TFC) (saklaw para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang)

### **Mga serbisyong pantahanan:**

- Mga pantahanang serbisyo ng paggamot sa nasa tamang gulang
- Mga pantahanang serbisyo ng paggamot para sa krisis

### **Mga serbisyo para sa inpatient:**

- Mga serbisyo ng ospital sa para sa inpatient na may malalang sakit sa pag-iisip
- Mga serbisyo ng propesyonal sa ospital para sa inpatient na may sakit sa pag-iisip
- Mga serbisyo ng pasilidad para sa kalusugan ng pag-iisip

Para matuto pa tungkol sa mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na ibinibigay ng plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county, maaari ninyong tawagan ang plano sa kalusugan ng pag-iisip ng inyong county. Para mahanap ang mga walang bayad na numero ng telepono ng lahat ng county online, bisitahin ang [dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx](https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx). Kung napagpasyahan ng L.A. Care na kakailanganin ninyo ang mga serbisyo mula sa plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county, tutulungan kayo ng L.A. Care na kumonekta sa mga serbisyo ng plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county.

## Mga serbisyo sa paggamot ng sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal

Ang county ay nagbibigay ng mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakakatugon sa mga pamantayan para sa mga serbisyong ito. Ang mga miyembrong natukoy para sa mga serbisyo sa paggamot ng sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal ay inire-refer sa kanilang departamento ng county para sa paggamot. Para mahanap ang lahat ng numero ng telepono ng county online, bisitahin ang [https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD\\_County\\_Access\\_Lines.aspx](https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](https://lacare.org).

## Mga Serbisyo para sa Mga Bata ng California (CCS)

Ang CCS ay isang programa ng Medi-Cal na gumagamot sa mga batang wala pang 21 taong gulang na may ilang partikular na kondisyon sa kalusugan, sakit, o malalang problema sa kalusugan at nakakatugon sa mga panuntunan ng programa ng CCS. Kung naniniwala ang L.A. Care o ang inyong PCP na ang inyong anak ay may kondisyong kwalipikado sa CCS, ire-refer siya sa programa ng CCS ng county para masuri para sa kwalipikasyon.

Ang mga tauhan ng programa ng CCS ng county ang magpapasya kung ang inyong anak ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng CCS. Ang L.A. Care ay hindi nagdedesisyon sa kwalipikasyon sa CCS. Kung kwalipikado ang inyong anak na makakuha ng ganitong uri ng pangangalaga, gagamutin siya ng mga provider ng CCS para sa kondisyong kwalipikado sa CCS. Patuloy na sasaklawin ng L.A. Care ang mga uri ng serbisyo na walang kinalaman sa kondisyon ng CCS gaya ng mga pisikal na eksaminasyon, bakuna, at pagsusuri sa well-child.

Hindi saklaw ng L.A. Care ang mga serbisyong ibinibigay ng programa ng CCS. Para saklawin ng CCS ang mga serbisyong ito, kailangang aprubahan ng CCS ang provider, mga serbisyo, at kagamitan.

Hindi sinasaklaw ng CCS ang lahat ng kondisyon ng kalusugan. Sinasaklaw ng CCS ang karamihan ng mga kondisyon ng kalusugan na nagdudulot ng kapansanan sa katawan o kailangang magamot gamit ang mga gamot, operasyon, o rehabilitasyon (rehab). Sinasaklaw ng CCS ang mga kondisyon ng kalusugang gaya ng:

- Congenital na sakit sa puso
- Mga kanser
- Mga tumor
- Heninyophilia
- Sickle cell anemia
- Mga problema sa thyroid
- Diabetes
- Mga malubhang hindi gumagaling na sakit sa bato
- Sakit sa atay
- Sakit sa bituka
- Cleft lip/palate
- Spina bifida
- Pagkawala ng pandinig
- Mga katarata
- Cerebral palsy
- Mga seizure sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon
- Rheumatoid arthritis
- Muscular dystrophy
- AIDS
- Malalang pinsala sa ulo, utak, o spinal cord
- Mga malalang paso
- Malalang pag-usli ng ngipin

Ang Medi Cal ang nagbabayad para sa mga serbisyo ng CCS. Kung hindi kwalipikado ang inyong anak para sa mga serbisyo ng programa ng CCS, patuloy siyang makakakuha ng kinakailangang pangangalagang medikal mula sa L.A. Care.

Para malaman ang higit pa tungkol sa CCS, maaari ninyong bisitahin ang web page ng CCS sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/ccs>. O tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Mga serbisyong hindi ninyo maaaring makuha sa pamamagitan ng L.A. Care o Medi-Cal

Mayroong ilang serbisyo na hindi saklaw ng L.A. Care o Medi-Cal, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:

- In vitro fertilization (IVF), kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga pag-aaral ng kawalan ng kakayahang magkaanak o procedure para masuri o gamutin ang kawalan ng kakayahang magkaanak
- Pag-iingat ng kakayahang magkaanak
- Mga serbisyong pang-eksperimento
- Mga pagbabago sa tahanan
- Mga pagbabago sa sasakyan
- Operasyong pangkosmetiko

Ang L.A. Care ay maaaring saklawin ang isang hindi benepisyo kung itinatag ang medikal na pangangailangan. Kailangang magsumite ang inyong provider ng Paunang Pahintulot sa L.A. Care na may mga dahilan kung bakit medikal na kinakailangan ang hindi benepisyo.

Para matuto pa, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY 711).

## Pagsusuri ng mga bago at kasalukuyang teknolohiya

Sinubaybayan ng L.A. Care ang mga pagbabago at pagsulong sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga bagong panggamot, gamot, procedure, at device. Tinatawag din itong “bagong teknolohiya.” Sinubaybayan ng L.A. Care ang bagong teknolohiya para matiyak na may access ang mga miyembro sa ligtas at epektibong pangangalaga. Sinusuri ng L.A. Care ang bagong teknolohiya para sa mga procedure, gamot, at device na pangmedikal at para sa kalusugan ng pag-iisip. Ang mga kahilingang magsuri ng bagong teknolohiya ay maaaring manggaling sa isang miyembro, practitioner, organisasyon, tagasuring doktor ng L.A. Care, o iba pang tauhan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY 711). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

# 5. Pagpapanatili ng kalusugan ng bata at kabataan

Ang mga bata at miyembro ng kabataan na wala pang 21 taong gulang ay maaaring makakuha ng mga espesyal na serbisyong pangkalusugan sa sandaling magpatala sila. Tinitiyak nito na nakakakuha sila ng tamang mga espesyal na serbisyong pang-iwas, pangngipin, para sa kalusugan ng pag-iisip, at para sa pag-unlad. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga serbisyong ito.

## Mga serbisyong pambata (Mga batang wala pang edad na 21 taon)

Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay saklaw para sa kinakailangang pangangalaga. Kasama sa sumusunod na listahan ang mga serbisyong medikal na kinakailangan para gamutin o i-ameliorate ang mga depekto at pisikal o mental na diagnosis. Kabilang sa mga saklaw na serbisyo ang nasa listahan sa ibaba, ngunit hindi iyon limitado sa mga ito:

- Mga well-child na pagpapatingin at mga check-up para sa teenager (Mahahalagang pagpapatingin na kailangan ng mga bata)
- Mga pagbabakuna (mga bakuna)
- Pagtatasa at paggamot sa kalusugan ng pag-uugali
- Pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang pang-indibidwal, panggrupo, at pampamilyang psychotherapy (ang espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ay saklaw ng county)
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, kabilang ang screening ng pagkalason dahil sa lead sa dugo
- Edukasyon sa kalusugan at na pang-iwas
- Mga serbisyo sa paningin
- Mga serbisyo sa ngipin (saklaw sa ilalim ng Medi-Cal Dental)
- Mga serbisyo sa pagdinig (saklaw ng CCS para sa mga batang kwalipikado. Ang L.A. Care ay sumasaklaw sa mga serbisyo para sa mga bata na hindi kwalipikado para sa CCS)

Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot (EPSDT).

Ang mga serbisyo ng EPSDT na inirerekomenda ng mga alituntunin ng Bright Futures ng mga pediatrician ([https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf)) para matulungan kayo o ang inyong anak na manatiling malusog ay saklaw nang wala kayong babayaran.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



## Mga well-child na check up sa kalusugan at pang-iwas na pangangalaga

Kasama sa pang-iwas na pangangalaga ang regular na check up para sa kalusugan, mga screening para matulungan ang inyong doktor na makahanap ng mga problema nang maaga, at mga serbisyo sa pagpapayo para makita ang mga karamdaman, sakit, o medikal na kondisyon bago ito magdulot ng problema. Ang regular na mga check up ay tumutulong sa inyo o sa doktor ng inyong anak na maghanap ng anumang problema. Ang mga problema ay maaaring kinabibilangan ng medikal, pangngipin, paningin, pandinig, kalusugan ng pag-iisip, at anumang sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal (droga). Sinasaklaw ng L.A. Care ang mga pagpapatingin para masuri ang mga problema (kabilang ang pagtatasa ng antas ng lead sa dugo) anumang oras na kailangan ang mga ito, kahit na hindi ito sa panahon ng regular na pagpapatingin ninyo o ng inyong anak.

Kasama rin sa pang-iwas na pangangalaga ang mga bakuna na kailangan ninyo o ng inyong anak. Dapat tiyakin ng L.A. Care na ang lahat ng nakatalang bata ay makakakuha ng mga kinakailangang bakuna sa oras ng anumang pagpapatingin para sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga serbisyo at screening sa pang-iwas na pangangalaga ay magagamit nang walang bayad at walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Dapat magpa-check up ang inyong anak sa mga edad na ito:

- 2-4 na araw pagkapanganak
- 1 buwan
- 2 buwan
- 4 na buwan
- 6 na buwan
- 9 na buwan
- 12 buwan
- 15 buwan
- 18 buwan
- 24 na buwan
- 30 buwan
- Isang beses sa isang taon mula 3 hanggang 20 taong gulang

Kabilang sa mga well-child na check up para sa kalusugan ang:

- Isang kompletong kasaysayan at pisikal na pagsusuri mula ulo hanggang paa
- Mga pagpapabakuna na angkop sa edad (ang California ay sumusunod sa iskedyul ng American Academy of Pediatrics Bright Futures Periodicity [https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity\\_schedule.pdf](https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf))
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, kabilang ang screening ng pagkalason dahil sa lead sa dugo
- Edukasyong pangkalusugan
- Pagsusuri ng paningin at pandinig
- Pagsusuri ng kalusugan ng bibig
- Pagtatasa sa kalusugan ng pag-uugali



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

Kapag may nakitang pisikal na problema o isyu sa kalusugan ng pag-iisip sa panahon ng check-up o screening, maaaring may pangangalaga na maaaring maayos ang o makatulong sa problema. Kung medikal na kinakailangan ang pangangalaga at responsibilidad ng L.A. Care ang pagbabayad para sa pangangalaga, sinasaklaw ng L.A. Care ang pangangalaga nang wala kayong babayaran. Kasama sa mga serbisyong ito ang:

- Doktor, nurse practitioner, at pangangalaga sa ospital
- Mga bakuna para panatilihin kayong malusog
- Pisikal na therapy, therapy sa pananalita/wika, at occupational therapy
- Mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan, na maaaring mga medikal na kagamitan, supply, at kagamitan
- Paggamot para sa mga problema sa paningin, kabilang ang salamin sa mata
- Paggamot para sa mga problema sa pandinig, kabilang ang mga hearing aid kapag hindi saklaw ng CCS ang mga ito
- Paggamot ukol sa Kalusugan ng Pag-uugali para sa mga autism spectrum disorder at iba pang mga kapansanan sa paglaki
- Pamamahala ng kaso at edukasyong pangkalusugan
- Reconstructive surgery, na operasyon para itama o ayusin ang mga abnormal na estruktura ng katawan na dulot ng mga depekto sa pagkapanganak, abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksyon, tumor o sakit para mapabuti ang paggalaw o lumikha ng normal na hitsura

---

## Mga pagsusuri ng pagkalason dahil sa lead sa dugo

Ang lahat ng batang nakatala sa L.A. Care ay dapat makakuha ng screening para sa pagkalason dahil sa lead sa dugo sa 12 at 24 na buwan o sa pagitan ng edad na 36 at 72 buwan kung hindi sila masuri nang mas maaga.

---

## Tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa pagpapanatili ng kalusugan ng bata at kabataan

Ang L.A. Care ay tutulong sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang at sa kanilang pamilya na makuha ang mga serbisyong kailangan nila. Ang isang tagapagsaayos ng pangangalaga ng L.A. Care ay maaaring:

- Sabihin sa inyo ang tungkol sa mga magagamit na serbisyo
- Tumulong sa paghahanap ng mga provider sa network o wala sa network na provider, kapag kinakailangan
- Tumulong sa paggawa ng mga appointment
- Magsaayos ng medikal na transportasyon para ang mga bata ay makarating sa kanilang mga appointment
- Tumulong sa pag-aayos ng pangangalaga sa mga serbisyong makukuha sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal, gaya ng:
  - Paggamot at mga serbisyo ng rehabilitasyon para sa kalusugan ng pag-iisip at mga sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal
  - Paggamot para sa mga isyu sa ngipin, kabilang ang orthodontics



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](https://www.lacare.org).

## Iba pang serbisyong makukuha ninyo sa pamamagitan ng Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal o iba pang programa

### Pagpapatingin sa ngipin

Panatilihin malinis ang gilagid ng inyong sanggol sa pamamagitan ng marahang pagpunas ng gilagid gamit ang malambot na tela araw-araw. Sa humigit-kumulang apat hanggang anim na buwan, magsisimula ang “pagngingipin” habang nagsisimulang lumabas ang mga ngipin ng sanggol. Dapat kayong gumawa ng appointment para sa unang pagpapatingin ng inyong anak sa ngipin sa lalong madaling panahon kapag ang kanilang unang ngipin ay lumabas sa o bago lumipas ang kanilang unang kaarawan, alinman ang maauna.

Ang mga sumusunod na serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal ay libre o murang serbisyo para sa:

Mga sanggol na may edad na 1 hanggang 4 na buwan

- Unang pagpapatingin ng sanggol sa ngipin
- Unang eksaminasyon ng sanggol sa ngipin
- Eksaminasyon sa ngipin (tuwing 6 na buwan; tuwing 3 buwan mula sa kapanganakan hanggang sa edad na 3 taon)
- Mga X-ray
- Paglilinis ng ngipin (bawat 6 na buwan)
- Fluoride varnish (bawat 6 na buwan)
- Mga pasta
- Pagbunot ng ngipin
- Mga pang-emergency na serbisyo
- Mga serbisyo para sa outpatient
- \*Sedation (kung medikal na kinakailangan)

Mga batang may edad na 5-12 taon

- Mga eksaminasyon sa ngipin (bawat 6 na buwan)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (bawat 6 na buwan)
- Paglilinis ng ngipin (bawat 6 na buwan)
- Mga sealant ng molar
- Mga pasta
- Mga root canal
- Mga pang-emergency na serbisyo
- Mga serbisyo para sa outpatient
- \*Sedation (kung medikal na kinakailangan)

Mga batang may edad na 13-20 taon

- Mga eksaminasyon sa ngipin (bawat 6 na buwan)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (bawat 6 na buwan)
- Paglilinis ng ngipin (bawat 6 na buwan)
- Orthodontics (braces) para sa mga kwalipikado
- Mga pasta
- Mga crown
- Mga root canal
- Pagbunot ng ngipin
- Mga pang-emergency na serbisyo
- Mga serbisyo para sa outpatient
- Sedation (kung medikal na kinakailangan)



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

\*Ang sedation at general anesthesia ay dapat isaalang-alang kapag dokumentado kung bakit ang lokal na anesthesia ay hindi angkop o kontraindikado, at ang paggamot sa ngipin ay paunang inaprubahan o hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Kabilang sa mga kontraindikasyon ang, ngunit hindi limitado sa:

- Kondisyon ng katawan, pag-uugali, pag-unlad, o emosyon na nagbabawal sa pasyente na tumugon samga pagsubok ng provider na magsagawa ng paggamot
- Malawak na procedure sa pagpapanumbalik o na pang-operasyon
- Isang batang hindi nakikipagtulungan
- Isang malalang impeksyon sa bahagi ng iniksyon
- Pagkabigo ng lokal na anesthesia na makontrol ang sakit

Kung mayroon kayong mga tanong o gustong ninyong matuto nang higit pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Programa para sa Ngipin ng Medi-Cal sa **1-800-322-6384** (TTY **1-800-735-2922** o **711**). Maaari din ninyong bisitahin ang website ng Programa para sa Ngipin ng Medi-Cal sa <https://smilecalifornia.org/>.

### **Karagdagang serbisyo sa referral para sa edukasyong pang-iwas sa sakit**

Kung nag-aalala ka na ang inyong anak ay nahihirapang makibahagi at matuto sa paaralan, makipag-usap sa Doktor sa Pangunahing Pangangalaga, mga guro, o tagapangasiwa sa paaralan ng inyong anak. Bilang karagdagan sa inyong mga medikal na benepisyong saklaw ng L.A. Care, may mga serbisyong dapat ibigay ng paaralan para matulungan ang inyong anak na matuto at hindi mahuli.

Ang mga halimbawa ng mga serbisyo na maaaring ibigay para matulungan ang inyong anak na matuto ay kinabibilangan ng:

- Mga Serbisyo sa Pananalita at Wika
- Mga Psychological na Serbisyo
- Pisikal na Therapy
- Occupational Therapy
- Pantulong na Teknolohiya
- Mga Serbisyo ng Gawaing Panlipunan
- Mga Serbisyo sa Pagpapayo
- Mga Serbisyo ng Nars sa Paaralan
- Transportasyon papunta at mula sa paaralan

Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay at binabayaran ng Departamento ng Edukasyon ng California. Kasama ang mga doktor at guro ng inyong anak, maaari kayong gumawa ng isang custom na planong pinakamahusay na makakatulong sa inyong anak.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

# 6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema

May dalawang paraan ng pag-uulat at paglutas ng mga problema:

- Ang **reklamo** (o **karaingan**) ay kapag mayroon kayong problema sa L.A. Care o isang provider, o sa pangangalagang pangkalusugan o paggamot na nakuha ninyo mula sa provider
- Ang **apela** ay kapag hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng L.A. Care na palitan ang inyong mga serbisyo o hindi saklawin ang mga ito

May karapatan kayong maghain ng mga karaingan at apela sa L.A. Care para sabihin sa amin ang inyong problema. Hindi nito inaalís ang anumang legal na karapatan at remedyo ninyo. Hindi kami mandiskrimina o gaganti laban sa inyo dahil sa pagrereklaninyo ninyo sa amin. Ang pagpapaalam sa amin ng inyong problema ay makakatulong sa aming mapahusay ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro.

Dapat palagi muna kayong makipag-ugnayan sa **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care para ipaalam sa amin ang tungkol sa inyong problema. Tawagan kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday sa **1-888-839-9909 (711)**. Sabihin ninyo sa amin ang inyong problema.

Kung ang inyong karaingan o apela ay hindi pa rin nalutas pagkalipas ng 30 araw, o hindi kayo nasisiyahan sa resulta, maaari kayong tumawag sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Managed Health Care, DMHC) ng California at hilingin sa kanila na suriin ang inyong reklamo o magsagawa ng isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri. Maaari kayong tumawag sa DMHC sa **1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891 o 711)** o bumisita sa website ng DMHC para sa karagdagang impormasyon: <https://www.dmhc.ca.gov>.

Makakatulong din ang Ombudsman ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS) ng California. Makakatulong sila kung may mga problema kayo sa pagsali sa, pagpapalit ng, o pag-alis sa planong pangkalusugan. Makakatulong din sila kung lumipat kayo at nagkaka-problema kayo sa paglipat ng inyong Medi-Cal sa inyong bagong county. Maaari ninyong tawagan ang Ombudsman Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. sa **1-888-452-8609**.

Maaari din kayong maghain ng karaingan sa tanggapan para sa kwalipikasyon ng inyong county tungkol sa kwalipikasyon ninyo sa Medi-Cal. Kung hindi kayo sigurado kung kanino kayo maghahain ng inyong karaingan, tawaga ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Para mag-ulat ng maling impormasyon tungkol sa inyong karagdagang insurance sa kalusugan, mangyaring tumawag sa Medi-Cal Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. sa **1-800-541-5555**.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Mga Reklamo

Ang reklamo (o karaingan) ay kapag mayroong kayong problema o hindi kayo nasisiyahan sa mga serbisyo na natatanggap ninyo mula sa L.A. Care o sa provider. Walang limitasyon sa oras sa paghahain ng reklamo. Maaari kayong maghain ng reklamo sa L.A. Care anumang oras sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o online.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Ibigay ang inyong numero ng ID ng planong pangkalusugan, inyong pangalan, at dahilan ng inyong reklamo.
- **Sa pamamagitan ng mail:** Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** at hilingin na magpadala sa inyo ng form. Kapag nakuha na ninyo ang form, sagutan ito. Tiyaking isama ang inyong pangalan, numero ng ID ng planong pangkalusugan, at ang dahilan ng inyong reklamo. Sabihin sa amin kung ano ang nangyari at kung paano namin kayo matutulongan.

Ipadala ang form sa:

L.A. Care Health Plan  
 Appeals and Grievance Department  
 1055 West 7<sup>th</sup> Street, 10<sup>th</sup> Floor  
 Los Angeles, CA 90017

May makukuhang mga form ng reklamo sa tanggapan ng inyong doktor.

- **Online:** Bisitahin ang website ng L.A. Care. Pumunta sa [lacare.org](http://lacare.org).

Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghahain ng inyong reklamo, makakatulong kami sa inyo. Maaari kaming magbigay ng mga libreng serbisyo sa wika. Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**.

Sa loob ng 5 araw sa kalendaryo pagkatanggap ng inyong reklamo, magpapadala kami sa inyo ng sulat na nagpapaalam sa inyo na natanggap na namin ito. Sa loob ng 30 araw, padadalhan namin kayo ng isa pang sulat na nagsasabi sa inyo kung paano namin nalutas ang inyong problema. Kung tatawagan ninyo ang L.A. Care tungkol sa isang karaingan na hindi tungkol sa coverage sa pangangalagang pangkalusugan, pangangailangang medikal, o pang-eksperimento o pangsiyasat na paggamot, at ang inyong karaingan ay nalutas sa pagtatapos ng susunod na araw ng negosyo, maaaring hindi kayo makatanggap ng sulat.

Kung mayroon kayong iagarang bagay na kinasasangkutan ng isang malubhang pag-aalala sa kalusugan, magsisimula kami ng isang pinabilis (mabilis) na pagsusuri at magbibigay kami sa inyo ng desisyon sa loob ng 72 oras. Para humingi ng pinabilis na pagsusuri, tawagan kami sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Sa loob ng 72 oras mula sa pagtanggap ng inyong reklamo, gagawa kami ng desisyon kung paano namin pangangasiwaan ang inyong reklamo at kung pabibilisin namin ang inyong reklamo. Kung napagpasyahan namin na hindi namin pabibilisin ang inyong reklamo, ipapaalam namin sa inyo na lulutasin namin ang inyong reklamo sa loob ng 30 araw. Maaari kayong direktang makipag-ugnayan sa DMHC para sa anumang dahilan, kabilang ang kung naniniwala ka na ang inyong alalahanin ay kwalipikado para sa pinabilis na pagsusuri, o ang L.A. Care ay hindi tumugon sa inyo sa loob ng 72 oras.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

Ang mga reklamo na may kaugnayan sa mga benepisyo sa botika ng Medi-Cal Rx ay hindi napapailalim sa proseso ng karaingan ng L.A. Care o kwalipikado para sa Hiwalay na Medikal na Pagsusuri. Ang mga miyembro ay maaaring magsumite ng mga reklamo tungkol sa mga benepisyo sa botika ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag **800-977-2273** (TTY **800-977-2273** at pagpindot sa 7 o **711**) o pagpunta sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Gayunpaman, ang mga reklamo na nauugnay sa mga benepisyo sa botika na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging kwalipikado para sa isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri. Ang walang bayad na numero ng telepono ng DMHC ay **1-888-466-2219** at ang linya ng TTY ay **1-877-688-9891**. Maaari ninyong mahanap ang form ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri/Reklamo at mga tagubilin online sa website ng DMHC: <https://www.dmhc.ca.gov/>.

## Mga Apela

Iba ang apela sa reklamo. Ang apela ay isang kahilingan para masuri at mabago namin ang desisyon na ginawa namin tungkol sa inyong (mga) serbisyo. Kung nagpadala kami sa inyo ng sulat na Abiso sa Pagkilos (Notice of Action, NOA) na nagsasabi sa inyo na kami ay tumatanggi, nagpapaantala, nagbabago o nagtatapos ng (mga) serbisyo, at hindi ka sumasang-ayon sa aming desisyon, maaari kayong humingi sa amin ng apela. Maaari ding humingi sa amin ng apela para sa inyo ang inyong PCP o iba pang provider gamit ang inyong nakasulat na pahintulot.

Dapat kayong humingi ng apela sa loob ng 60 araw sa kalendaryo mula sa petsa ng pagtanggap ninyo ng NOA. Kung nagpasya kaming bawasan, suspindehin, o ihinto ang (mga) serbisyo na nakukuha ninyo ngayon, maaari ninyong ipagpatuloy ang pagkuha ng (mga) serbisyonng iyon habang hinihintay ninyong mapagpasyahan ang inyong apela. Ito ay tinatawag na Aid Paid Pending. Para makatanggap ng Aid Paid Pending, kailangan ninyong hilingin sa amin ang isang apela sa loob ng 10 araw mula sa petsa sa NOA o bago ang petsa na sinabi namin na ang inyong (mga) serbisyo ay hihinto, alinman sa mas mahuhuli. Kapag humiling ka ng apela sa ilalim ng mga pangyayaring ito, ang (mga) serbisyo ay magpapatuloy.

Maaari kayong maghain ng apela sa pamamagitan ng pagtawag, pagsulat, o sa online:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Ibigay ang inyong pangalan, numero ng ID ng planong pangkalusugan, at ang serbisyonng inyong inaapela.
- **Sa pamamagitan ng mail:** Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care sa **1-888-839-9909** (TTY **711**) at hilingin na magpadala sa inyo ng form. Kapag nakuha na ninyo ang form, sagutan ito. Tiyaking isama ang inyong pangalan, numero ng ID ng planong pangkalusugan, at ang serbisyonng inyong inaapela.

Ipadala ang form sa:

L.A. Care Health Plan  
 Appeals and Grievance Department  
 1055 West 7<sup>th</sup> Street, 10<sup>th</sup> Floor  
 Los Angeles, CA 90017

Mayroong mga form para sa apela ang opisina ng inyong doktor.

- **Online:** Bisitahin ang website ng L.A. Care. Pumunta sa [lacare.org](http://lacare.org).

Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghiling ng apela o sa Aid Paid Pending, maaari namin kayong tulungan. Maaari kaming magbigay ng mga libreng serbisyo sa wika. Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909** (TTY **711**).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



Sa loob ng 5 araw pagkatanggap ng inyong apela, magpapadala kami sa inyo ng sulat na nagpapaalam sa inyo na natanggap na namin ito. Sa loob ng 30 araw, sasabihin namin sa inyo ang aming desisyon sa apela at magpapadala kami sa inyo ng isang sulat na Abiso sa Paglutas ng Apela (Notice of Appeal Resolution, NAR). Kung hindi namin ibibigay sa inyo ang aming desisyon sa apela sa loob ng 30 araw, maaari kayong humiling ng isang Pagdinig ng Estado at IMR sa DMHC. Pero kung humiling muna kayo ng Pagdinig ng Estado, at nangyari na ang pagdinig, hindi kayo maaaring humiling ng IMR. Sa kasong ito, ang Pagdinig ng Estado ang huling magdedesisyon.

Kung gusto ninyo o ng inyong doktor na gumawa kami ng mabilis na desisyon dahil ang oras na aabutin para magpasya sa inyong apela ay maisasapanganib ang inyong buhay, kalusugan, o kakayahang gumalaw, maaari kayong humiling ng isang pinabilis (mabilis) na pagsusuri. Para humiling ng pinabilis na pagsusuri, tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Gagawa kami ng desisyon sa loob ng 72 oras pagkatanggap ng inyong apela.

## Ano ang dapat gawin kung hindi kayo sumasang-ayon sa mga desisyon sa apela

Kung humiling kayo ng apela at nakatanggap kayo ng sulat na NAR na nagsasabing hindi namin binago ang aming desisyon, o hindi kailanman kayo nakatanggap ng sulat na NAR at 30 araw na ang nakalipas, maaari kayong:

- Humiling ng **Pagdinig ng Estado** mula sa Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (CDSS), at susuriin ng hukom ang inyong kaso.
- Maghain ng form ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri/Reklamo sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC) para masuri ang desisyon ng L.A. Care o humingi ng **Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR)** mula sa DMHC. Sa panahon ng IMR ng DMHC, ang isang panlabas na doktor na hindi bahagi ng L.A. Care ang susuri ng inyong kaso. Ang walang bayad na numero ng telepono ng DMHC ay **1-888-466-2219** at ang linya ng TTY ay **1-877-688-9891**. Maaari ninyong mahanap ang form ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri/Reklamo at mga tagubilin online sa website ng DMHC: <https://www.dmhc.ca.gov>.

Hindi ninyo kakailanganing magbayad para sa isang Pagdinig ng Estado o sa IMR.

May karapatan kayo sa Pandinig ng Estado at IMR. Pero kung humiling muna kayo ng Pagdinig ng Estado, at nangyari na ang pagdinig, hindi kayo maaaring humiling ng IMR. Sa ganitong kaso, ang Pagdinig ng Estado ang huling magdedesisyon.

Ang mga seksyon sa ibaba ay may higit pang impormasyon kung paano humingi ng Pagdinig ng Estado at IMR.

Ang mga reklamo at apela na may kaugnayan sa mga benepisyo sa botika ng Medi-Cal Rx ay hindi pinangangasiwaan ng L.A. Care. Maaaring kayong magsumite ng mga reklamo at apela tungkol sa mga benepisyo sa botika ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa **800-977-2273 (TTY 800-977-2273)** at pindutin ang 7 o **711**. Gayunpaman, ang mga reklamo at apela na nauugnay sa mga benepisyo sa botika na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging kwalipikado para sa Hiwalay na Medikal na Pagsusuri.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon na nauugnay sa inyong benepisyo sa botika ng Medi-Cal Rx, maaari kayong humingi ng Pagdinig ng Estado. **Ang mga desisyon sa benepisyo sa botika ng Medi-Cal Rx ay hindi napapailalim sa proseso ng IMR sa DMHC.**



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Mga Reklamo at Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR) sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan

Ang IMR ay kapag sinuri ng isang panlabas doktor na walang kaugnayan sa inyong planong pangkalusugan ang inyong kaso. Kung gusto ninyo ng IMR, kailangan ninyo munang maghain ng apela sa L.A. Care. Kung hindi kayo nakarinig mula sa inyong planong pangkalusugan sa loob ng 30 araw sa kalendaryo, o kung hindi kayo nasisiyahan sa desisyon ng inyong planong pangkalusugan, maaari kayong humiling ng IMR. Kailangan ninyong humiling ng IMR sa loob ng 6 na buwan mula sa petsa sa abiso na nagsasabi sa inyo ng desisyon ng apela, ngunit mayroon lang kayong 120 araw para humiling ng Pandinig ng Estado, kaya kung gusto ninyo ng IMR at pagdinig ng Estado, ihain ang inyong reklamo sa lalong madaling panahon. Tandaan, kung humiling muna kayo ng Pandinig ng Estado, at nangyari na ang pagdinig, hindi kayo maaaring humiling ng IMR. Sa ganitong kaso, ang Pagdinig ng Estado ang huling magdedesisyon.

Maaari kayong makakuha kaagad ng isang IMR nang hindi muna nagsusumite ng apela. Ito ay sa mga kaso kung saan ang inyong alalahanin sa kalusugan ay agaran, gaya ng mga kinasasangkutan ng isang malubhang banta sa inyong kalusugan.

Kung ang inyong reklamo sa DMHC ay hindi kwalipikado para sa isang IMR, susuriin pa rin ng DMHC ang inyong reklamo para matiyak na ang L.A. Care ay gumawa ng tamang desisyon kapag inapela ninyo ang pagtanggihan nito sa mga serbisyo. Kailangang sumunod ng L.A. Care sa mga desisyon sa IMR at pagsusuri ng DMHC.

Narito kung paano humiling ng IMR.

Ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California ay responsable sa pangangasiwa ng mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kayong karaingan laban sa inyong planong pangkalusugan, dapat ninyo munang tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng inyong planong pangkalusugan sa **1-888-839-9909 (TTY 711)** at gamitin ang proseso sa karaingan ng inyong planong pangkalusugan bago makipag-ugnayan sa departamento. Ang paggamit sa pamamaraan sa karaingan na ito ay hindi nagbabawal sa anumang posibleng legal na karapatan o remedyo na maaaring available para sa inyo. Kung kailangan ninyo ng tulong sa isang karaingan na kinasasangkutan ng isang emergency, isang karaingan na hindi kasiya-siyang nalutas ng inyong plan sa kalusugan, o isang karaingan na nananatiling hindi nalulutas sa loob ng mahigit na 30 araw, maaari kayong tumawag sa kagawaran para humingi ng tulong. Maaari ka ring maging kwalipikado para sa isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (Independent Medical Review, IMR). Kung kwalipikado kayo para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng walang kinikilingang pagsusuri sa mga medikal na desisyon na ginawa ng isang planong pangkalusugan na may kaugnayan sa pangangailangang medikal ng iminumungkahing serbisyo o paggamot, mga desisyon sa pagsaklaw para sa mga paggamot na sinusubukan o sinisiyasat pa lang mga hindi pagkakasundo sa pagbabayad o para sa emergency o mga apurahang serbisyong medikal. Ang departamento ay mayroon ding walang bayad na numero ng telepono (**1-888-466-2219**) at linya ng TDD (**1-877-688-9891**) para sa mga may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng departamento na <https://www.dmhc.ca.gov/> ay may mga form ng reklamo, form ng aplikasyon sa IMR, at tagubilin online.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay isang pulong sa mga taong mula sa Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (CDSS). Tutulong ang isang hukom para malutas ang inyong problema o sabihin niy sa inyo na tama ang aming desisyon. May karapatan kayong humingi ng Pagdinig ng Estado kung nakahiling na kayo ng apela sa amin at hindi pa rin kayo nasisiyahan sa naging desisyon, o kung hindi kayo nakatanggap ng desisyon sa inyong apela pagkalipas ng 30 araw.

Kailangan ninyong humingi ng isang Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw mula sa petsa sa aming sulat na NAR. Gayunpaman, kung binigyan ka namin ng Aid Paid Pending sa panahon ng inyong apela, at gusto ninyong magpatuloy ito hanggang sa magkaroon ng desisyon sa inyong Pagdinig ng Estado, kailangan ninyong humiling ng isang Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa aming liham na NAR, o bago ang petsa na sinabi namin na ang inyong (mga) serbisyo ay ihihinto, alinman sa mas mahuhuli. Kung kailangan ninyo ng tulong para matiyak na ang Aid Paid Pending ay magpapatuloy hanggang sa magkaroon ng isang pangwakas na desisyon sa inyong Pagdinig ng Estado, makipag-ugnayan sa **Mga Serbisyo sa Miyembro ng L.A. Care 24** na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Kung hindi kayo makarinig o makapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa **711**. Maaaring ang inyong PCP ang humingi ng Pagdinig ng Estado para sa inyo gamit ang inyong nakasulat na pahintulot.

Minsan, maaari kayong humingi ng isang Pagdinig ng Estado nang hindi nakompleto ang aming proseso sa apela.

Halimbawa, maaari kayong humiling ng isang Pagdinig ng Estado nang hindi kinakailangang kompletuhin ang aming proseso ng apela, kung hindi namin ipinaalam sa inyo nang tama o sa tamang oras ang tungkol sa inyong (mga) serbisyo. Ito ay tinatawag na Ipinagpalagay na Pagkaubos ng Paraan (Deemed Exhaustion). Narito ang ilang halimbawa ng Ipinagpalagay na Pagkaubos ng Paraan:

- Hindi namin nagawang available para sa inyo ang isang sulat na NOA sa inyong pinipiling wika.
- Nagkamali kami na nakakaapekto sa alinman sa inyong mga karapatan.
- Hindi kami nagbigay sa inyo ng isang sulat na NOA.
- Nagkamali kami sa sulat namin na NAR.
- Hindi namin napagpasyahan ang inyong apela sa loob ng 30 araw. Napagpasyahan naming agaran ang inyong kaso, ngunit hindi kami tumugon sa inyong apela sa loob ng 72 oras.

Maaari kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng pagtawag o sa mail.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang Yunit sa Pagtugon sa Publiko ng CDSS sa **1-800-952-5253 (TTY 1-800-952-8349 o 711)**.
- **Sa pamamagitan ng mail:** Punan ang form na ibinigay kasama ng inyong paunawa sa paglutas ng mga apela. Ipadala ito sa:

California Department of Social Services  
State Hearings Division  
P.O. Box 944243, MS 09-17-37  
Sacramento, CA 94244-2430



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghiling ng Pagdinig ng Estado, makakatulong kami sa inyo. Maaari kaming magbigay ng mga libreng serbisyo sa wika. Tawagan ang **Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-839-9909 (TTY 711)**

Sa pagdinig, ibibigay ninyo ang inyo panig. Ibibigay namin ang aming panig. Maaaring umabot nang hanggang 90 araw para makapagpasya ang hukom sa inyong kaso. Kailangang sundin ng L.A. Care ang mapagpapasyahan ng hukom.

Kung gusto ninyong gumawa ng mabilis na desisyon ang CDSS dahil ang oras na kailangan para magkaroon ng Pandinig ng Estado ay maisasapanganib ang inyong buhay, kalusugan o kakayahang ganap na gumalaw, kayo o ang inyong PCP ay maaaring makipag-ugnayan sa CDSS at humingi ng pinabilis (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Dapat gumawa ng desisyon ang CDSS nang hindi lalagpas sa 3 araw ng negosyo pagkatapos nitong makuha ang inyong kompletong file ng kaso mula sa L.A. Care.

---

## Panloloko, pag-aaksaya at pang-aabuso

Kung pinaghihinalaan ninyo na ang isang provider o isang taong nakakatanggap ng Medi-Cal ay nakagawa ng panloloko, pag-aaksaya, o pang-aabuso, karapatan ninyong iulat ito sa pamamagitan ng pagtawag sa kumpidensyal at walang bayad na numerong **1-800-822-6222** o pagsumite ng reklamo online sa <https://www.dhcs.ca.gov/>.

Kabilang sa panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso sa provider ang:

- Pamemeke ng mga medikal na talaan
- Pagreseta ng mas maraming gamot kaysa sa medikal na kinakailangan
- Pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na higit sa medikal na kinakailangan
- Paniningil para sa mga serbisyong hindi ibinigay
- Paniningil para sa mga serbisyo ng propesyonal nang hindi isinasagawa ng propesyonal ang serbisyo
- Pag-aalok ng libre o may diskwentong mga item at serbisyo sa mga miyembro para maimpluwensyahan kung aling provider ang pipiliin ng miyembro
- Pagpapalit ng doktor ng pangunahing pangangalaga ng miyembro nang walang kaalaman ng miyembro

Kabilang sa mga panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso ng taong nakakatanggap ng benepisyo ang, ngunit hindi limitado ang mga ito sa:

- Pagpapahiram, pagbebenta, o pagbibigay ng ID card ng planong pangkalusugan o Identification Card para sa Mga Benepisyo (BIC) ng Medi-Cal sa ibang tao
- Pagkuha ng mga katulad o parehong paggamot o gamot mula sa mahigit sa isang provider
- Pagpunta sa emergency room kahit hindi ito emergency
- Paggamit ng Numero ng Social Security o numero ng ID ng planong pangkalusugan ng ibang tao
- Pagsakay sa mga medikal at hindi medikal na transportasyon para sa mga serbisyong walang kaugnayan sa pangangalagang pangkalusugan, para sa mga serbisyong hindi saklaw ng Medi-Cal, o kapag wala kayong medikal na appointment o resetang kukunin.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## 6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

Para mag-ulat ng panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso, isulat ang pangalan, address, at numero ng ID ng taong gumawa ng panloloko, pag-aaksaya, o pang-aabuso. Bigyan kami ng mas maraming impormasyon hangga't makakaya tungkol sa tao, gaya ng numero ng telepono o espesyalidad kung isa itong provider. Ilagay ang mga petsa ng mga pangyayari at ang buod ng eksaktong kaganapan.

Ipadala ang inyong ulat sa:

L.A. Care Health Plan  
Special Investigations Unit  
1055 West 7<sup>th</sup> Street, 10<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017

Maaari din ninyong tawagan ang Linya para sa Tulong sa Pagsunod sa **1-800-400-4889**, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, i-email ang [ReportingFraud@lacare.org](mailto:ReportingFraud@lacare.org), o iulat ang impormasyon online sa [lacare.ethicspoint.com](http://lacare.ethicspoint.com).

Ang lahat ng pag-uulat ay maisasagawa nang walang pagkakakilanlan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

# 7. Mga karapatan at responsibilidad

Bilang miyembro ng L.A. Care, may ilang partikular na karapatan at responsibilidad kayo. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga karapatan at responsibilidad na ito. Kasama sa kabanatang ito ang mga legal na abiso na may karapatan kayo bilang miyembro ng L.A. Care.

## Inyong mga karapatan

Ito ang inyong mga karapatan bilang miyembro ng L.A. Care:

- Pakitunguhan nang may paggalang at dignidad, na binibigyan ng nararapat na pagsasaalang-alang sa inyong karapatan sa pagkapribado at sa pangangailangang panatilihin ang pagkakumpidensyal ng inyong medikal na impormasyon.
- Mabigyan ng impormasyon tungkol sa plano at mga serbisyo nito, kabilang ang mga saklaw na serbisyo, practitioner, at mga karapatan at responsibilidad ng miyembro.
- Makatanggap ng ganap na isinaling nakasulat na impormasyon ng miyembro sa inyong pinipiling wika, kabilang ang lahat ng reklamo at abiso sa pag-apela.
- Magbigay ng mga rekomendasyon tungkol sa patakaran sa mga karapatan at responsibilidad ng miyembro ng L.A. Care
- Makapili ng provider ng pangunahing pangangalaga sa loob ng network ng L.A. Care.
- Magkaroon ng napapanahong pag-access sa mga provider sa network.
- Lumahok sa paggawa ng desisyon kasama ang mga provider tungkol sa inyong sariling pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot.
- Magpahayag ng mga karaingan, pasalita man o pasulat, tungkol sa organisasyon o sa pangangalagang inyong natatanggap.
- Malaman ang medikal na dahilan para sa desisyon ng L.A. Care na tanggihan, antalain, wakasan o baguhin ang isang kahilingan para sa pangangalagang medikal.
- Makakuha ng pagsasaayos ng pangangalaga.
- Humiling ng apela sa mga desisyon na tanggihan, ipagpaliban o limitahan ang mga serbisyo o benepisyo.
- Makakuha ng walang gastos na mga serbisyo sa interpretasyon para sa inyong wika.
- Makakuha ng libreng legal na tulong sa inyong lokal na tanggapan para sa legal na tulong o iba pang grupo.
- Gumawa ng mga paunang direktiba.
- Humiling ng Pagdinig ng Estado kung ang isang serbisyo o benepisyo ay tinanggihan at kayo ay naghain ng isang apela sa L.A. Care at hindi pa rin kayo nasisiyahan sa desisyon, o kung hindi kayo nakakuha ng desisyon sa inyong apela pagkalipas ng 30 araw, kabilang ang impormasyon sa mga pangyayari kung saan posible ang isang pinabilis na pagdinig.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

- Umalis sa pagkakatala sa L.A. Care at lumipat sa ibang planong pangkalusugan ng county kapag hiniling.
- Ma-access ang mga serbisyo ng pagpapahintulot sa mga menor de edad.
- Para makakuha ng walang bayad na nakasulat na impormasyon ng miyembro sa iba pang format (gaya ng braille, malalaking titik, audio, at naa-access na mga elektronikong format) kapag hiniling at sa tamang oras na naaangkop sa format na hinihiling at alinsunod sa Seksyon 14182 (b)(12) ng Kodigo sa Kapakanan at Mga Institusyon.
- Maging malaya sa anumang anyo ng pagpigil o pagbubukod na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, pagdisiplina, pagpapaghinawa, o paghihiganti.
- Matapat na talakayin ang impormasyon sa mga available na opsyon at alternatibo sa paggamot, na inihain sa paraang naaangkop sa inyong kondisyon at kakayahang umunawa, anuman ang gastos o coverage.
- Magkaroon ng access at makakuha ng kopya ng inyong mga medikal na rekord, at humiling na ang mga ito ay baguhin o itama, gaya ng tinukoy sa 45 Kodigo ng Mga Pederal na Regulasyon §164.524 at 164.526.
- Kalayaang gamitin ang mga karapatang ito nang hindi naapektuhan kung paano ka pinakikitunguhan ng L.A. Care, ng inyong mga provider, o ng Estado.
- Magkaroon ng access sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, Mga Freestanding na Paanakan, Pederal na Kwaliplikadong Sentrong Pangkalusugan, Klinikang Pangkalusugan para sa Indiyano, serbisyo ng kumadrona, Rural na Sentrong Pangkalusugan, serbisyo sa sakit na naipapasa sa pakikipagtalik, at serbisyong pang-emergency sa labas ng network ng L.A. Care alinsunod sa pederal na batas.
- Makatanggap ng libreng nakasulat na mga materyales ng plano sa inyong pinipiling wika o alternatibong format (gaya ng audio, braille o malalaking titik).

## Inyong mga responsibilidad

Ang mga ito ang mga responsibilidad ng mga miyembro ng L.A. Care:

- Pakitunguhan ang inyong doktor at ang lahat ng provider at tauhan nang may kagandahang-loob at paggalang. May tungkulin kayong dumating sa tamang oras sa inyong mga pagpapatingin o tumawag sa tanggapan ng inyong doktor nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang inyong pagpapatingin para magkansela o magpabago ng iskedyul
- Magbigay ng tamang impormasyon at ng pinamakaraming impormasyong maibibigay ninyo sa lahat ng inyong provider at sa L.A. Care
- Sumailalim sa mga regular na checkup at magsabi sa inyong doktor tungkol sa mga problema sa kalusugan bago maging malubha ang mga ito
- Makipag-usap sa inyong doktor tungkol sa inyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, bumuo ng at sumang-ayon sa mga layunin, gawin ang inyong makakaya para maunawaan ang inyong mga problema sa kalusugan, at sumunod sa mga plano at tagubilin sa paggamot na pareho ninyong sinasang-ayunan
- Magbigay ng impormasyon (hangga't maaari) na kailangan ng organisasyon at ng mga practitioner at provider nito para makapagbigay ng pangangalaga
- Sundin ang mga plano at tagubilin para sa pangangalaga na napagkasunduan nila sa kanilang mga practitioner



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



- Maunawaan ang kanilang mga problema sa kalusugan at makilahok sa pagbuo ng mga sinang-ayunang layunin sa paggamot, sa antas na posible
- Mag-ulat sa L.A. Care ng panloloko o maling gawain sa pangangalagang pangkalusugan. Magagawa ninyo ito nang hindi ibinibigay ang inyong pangalan sa pamamagitan ng pagtawag nang walang bayad sa Linya para sa Tulong sa Pagsunod ng L.A. Care sa **1-800-400-4889**, pagpunta sa **lacare.ethicspoint.com**, o pagtawag nang walang bayad sa Hotline para sa Panloloko at Pang-aabuso ng Medi-Cal ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (DHCS) sa **1-800-822-6222**.

## Abiso ng hindi pandidiskrimina

Labag sa batas ang diskriminasyon. Ang L.A. Care ay sumusunod sa mga batas sa karapatang sibil ng Estado at Pederal na Pamahalaan. Hindi labag sa batas na nandidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o nakikitungo sa kanila nang naiiba ang L.A. Care dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, gender, kinikilalang gender, o sekswal na oryentasyon.

Nagbibigay ang L.A. Care ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan para tulungan silang makipag-ugnayan nang mas mabuti, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong sign language interpreter
  - Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking titik, audio, naa-access na elektronikong format, at iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga tao na ang pangunahing wika ay hindi Ingles, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika

Kung kailangan ninyo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. O, kung hindi kayo nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa TTY **711** para gamitin ang California Relay Service.

## Paano maghain ng karaingan

Kung naniniwala kayo na ang L.A. Care ay nabigo na ibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas na nandidiskrimina ito sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, katayuan sa pag-aasawa, gender, kinikilalang gender, o sekswal na oryentasyon, maaari kayong maghain ng karaingan sa Punong Opisyal sa Pagsunod ng L.A. Care Health Plan. Maaari kayong maghain ng karaingan sa pamamagitan ng pagsulat, sa personal, o sa elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Makipag- ugnayan sa **Mga Serbisyo sa Miyembro** ng L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. O, kung hindi kayo nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa TTY **711** para gamitin ang California Relay Service.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

- **Sa pamamagitan ng pagsulat:** Punan ang form ng reklamo o sumulat at ipadala ito sa:

L.A. Care Health Plan  
Chief Compliance Officer  
1055 West 7<sup>th</sup> Street, 10<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017

- **Sa personal:** Bisitahin ang tanggapan ng inyong doktor o L.A. Care at sabihing gusto ninyong maghain ng karaingan.
- **Sa elektronikong paraan:** Bisitahin ang website ng L.A. Care sa [www.lacare.org/members/member-support/file-grievance/grievance-form](http://www.lacare.org/members/member-support/file-grievance/grievance-form) o magpadala ng email sa [civilrightscoordinator@lacare.org](mailto:civilrightscoordinator@lacare.org).

## Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil – Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California

Maaari din kayong maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi kayo makapagsalita o makarinig nang mabuti, mangyaring tumawag sa **711** (Telecommunications Relay Service).
- **Sa pagsulat:** Punan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:  
Deputy Director, Office of Civil Rights  
Department of Health Care Services  
Office of Civil Rights  
P.O Box 997413, MS 0009  
Sacramento, CA 95899-7413

Available ang mga form ng reklamo sa [https://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language\\_Access.aspx](https://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx).

- **Sa elektronikong paraan:** Magpadala ng email sa [CivilRights@dhcs.ca.gov](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov).

## Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil – Departamento ng Mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao ng U.S.

Kung naniniwala kayong nadiskrimina kayo batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari din kayong maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao ng U.S. sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa **1-800-368-1019**. O, kung hindi kayo nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa TTY **1-800-537-7697** o **711** para gamitinang California Relay Service.
- **Sa pagsulat:** Punan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:  
U.S. Department of Health and Human Services  
200 Independence Avenue, SW  
Room 509F, HHH Building  
Washington, D.C. 20201



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

Available ang mga form ng reklamo sa <https://www.hhs.gov/ocr/complaints/index.html>.

- **Sa elektronikong paraan:** Bisitahin ang Portal para sa Reklamo ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp>.

## Mga paraan para makibahagi bilang miyembro

Gusto ng L.A. Care na makibalita sa inyo. Bawat buwan, ang L.A. Care ay may mga pagpupulong para pag-usapan kung ano ang gumagana nang maayos at kung paano mapapabuti ang L.A. Care. Iniimbitahan ang mga miyembrong dumalo. Pumunta sa isang pulong!

### Mga Panrehiyong Tagapayong Komite ng Komunidad ng L.A. Care

Ang L.A. Care ay may labing-isang Panrehiyong Tagapayong Komite ng Komunidad (Regional Community Advisory Committee, RCAC) sa Los Angeles County (ang RCAC ay binibigkas bilang “rack”). Ang grupong ito ay binubuo ng mga miyembro, provider, at tagapagtaguyod ng pangangalagang pangkalusugan ng L.A. Care. Ang kanilanglayuninay ihatid ang boses ng kanilang mga komunidad sa Lupon ng Mga Gobernador ng L.A. Care, na gumagabay sa mga programa sa pangangalagang pangkalusugan para paglingkuran ang aming mga miyembro. Maaari kayong sumali sa grupong ito kung gusto ninyo. Pinag-uusapan ng grupo kung paano pabutihin ang mga patakaran sa L.A. Care at responsable ito para sa:

- Pagtulong sa L.A. Care na maunawaan ang mga usapin sa pangangalagang pangkalusugang nakakaapekto sa mga taong naninirahan sa inyong lugar
- Pagganap bilang mga mata at tainga ng L.A. Care sa 11 rehiyon ng RCAC sa buong Los Angeles County
- Pagbibigay ng impormasyong pangkalusugan sa mga tao sa inyong komunidad

Kung gusto ninyong maging bahagi ng grupong ito, tumawag sa **1-888-533-2732**. Makakahanap kayo ng higit pang impormasyon onlinesa [lacare.org](http://lacare.org).

### Mga pagpupulong ng Lupon ng Mga Gobernador ng L.A. Care

Ang Lupon ng Mga Gobernador ang nagpapasya sa mga patakaran para sa L.A. Care. Maaaring dumalo ang sinuman sa mga pulong. Ang Lupon ng Mga Gobernador ay nagpupulong sa unang Huwebes ng bawat buwan sa ganap na 2 p.m. Makakahanap kayo ng higit pang impormasyon sa mga pulong at update sa mga iskedyul ng Lupon ng Mga Gobernador sa [lacare.org](http://lacare.org).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Abiso sa mga kasanayan sa pagkapribado

Available ang isang pahayag na naglalarawan ng mga patakaran at pamamaraan ng L.A. Care para sa pagpapanatili ng pagkakumpidensyal ng mga medikal na talaan at ibibigay ito sa inyo kapag hiniling.

INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG INYONG IMPORMASYONG MEDIKAL AT IMPORMASYON SA NGIPIN AT PANINGIN, PATUNGKOL SA INYONG MGA BENEPISYO SA KALUSUGAN, AT KUNG PAANO KAYO MAGKAKARON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. **MANGYARING SURIIIN ITO NANG MABUTI.**

Ang Local Initiative Health Authority for Los Angeles County, isang pampublikong entidad na nagpapatakbo at nagnenegosyo bilang L.A. Care, ang nagbibigay ng inyong mga benepisyo at coverage sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng mga programa ng Estado, Pederal na Pamahalaan, at komersyal na programa. Mahalaga sa amin ang pangangalaga sa inyong protektadong impormasyong pangkalusugan (protected health information, PHI). Kailangang ibigay ng L.A. Care sa iyo ang abisong ito tungkol sa inyong mga karapatan at ilan sa aming mga responsibilidad para panatilihin ang iyong PHI, kabilang ang abiso sa mga kasanayan ng Estado ng California, at ang abiso sa mga kasanayan ng Batas sa Paglipat at Pananagutan ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA). Ipinapaalam sa iyo ng abisong ito kung paano namin maaaring gamitin at isiwalat ang inyong PHI. Ipinapaalam din nito sa iyo kung ano ang inyong mga karapatan. Maaaring mayroon kang mga karagdagan o mas mahihigpit na karapatan sa pagkapribado sa ilalim ng batas ng estado.

### I. **Ang Iyong PHI ay Personal at Pribado.**

Nakatanggap ang L.A. Care ng PHI na tumutukoy sa iyo, tulad ng iyong pangalan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, mga personal na katotohanan, at impormasyon sa pananalapi, mula sa iba't ibang pinagmulan, tulad ng mga ahensya ng Estado, Pederal na Pamahalaan, at lokal na ahensya pagkatapos mong maging kwalipikado, maitakda sa, at/o magpatala sa isang programa ng L.A. Care. Tinatanggap din namin ang PHI na ibinibigay ninyo sa amin. Gayundin, tumatanggap kami ng PHI mula sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan gaya ng mga doktor, klinika, ospital, laboratoryo, at iba pang kompanya ng o tagabayad sa insurance. Ginagamit namin ang impormasyong ito para isaayos, aprubahan, magbayad para sa, at pabutihin ang inyong pangangalagang pangkalusugan, at para makipag-ugnayan sa inyo. Hindi namin maaaring gamitin ang iyong impormasyong henetiko para magpasya kung bibigyan ka namin ng saklaw sa pangangalagang pangkalusugan o magpasya tungkol sa halaga ng saklaw na iyon. Minsan, maaaring tumanggap kami ng impormasyon sa lahi, etnisidad, at wika tungkol sa iyo. Maaaring gamitin namin ang impormasyong ito para tulungan ka, makipag-usap sa iyo, at alamin ang iyong mga pangangailangan, tulad ng pagbigay sa iyo ng mga materyal na pang-edukasyon sa wikang iyong pinipili, at pag-alok ng mga serbisyo sa pagsasalin nang libre. Ginagamit at ibinabahagi namin ang impormasyon ayon sa isinasaad sa abisong ito. Hindi namin ginagamit ang impormasyong ito para magpasya kung bibigyan ka namin kayo ng coverage sa pangangalagang pangkalusugan o ang halaga ng coverage naiyon.

### II. **Paano Namin Pinoprotektahan ang Iyong PHI**

Nakatuon ang L.A. Care sa pagprotekta ng iyong PHI. Pinapanatili naming pribado at ligtas ang PHI ng aming mga kasalukuyan at nakaraang miyembro ayon sa iniaatas ng batas at mga pamantayan sa akreditasyon. Gumagamit kami ng pisikal at elektronikong pag-iingat, at regular na sinasanay ang aming mga tauhan tungkol sa paggamit at pagbabahagi ng PHI. Kabilang sa mga ilang paraan kung paano namin pinapanatiling ligtas ang PHI ang pagpapatibay ng seguridad ng mga tanggapan at pagkandado sa mga mesa at filing cabinet, pagprotekta sa mga computer at elektronikong kagamitan gamit ang mga password, at pagbibigay lamang ng access sa impormasyong kailangan ng tauhan para gawin ang kanilang trabaho. Kapag iniaatas ng batas, kapag nagtatrabaho kasama ang aming mga kasosyo, dapat din nilang protektahan ang pagkapribado ng anumang PHI na ibabahagi namin sa kanila at hindi nila maaaring ibahagi ang PHI sa iba maliban na



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

lamang kung kailan pinapahintulutan ito ng batas at ng abisong ito. Ayon sa iniaatas ng batas, ipapaalam namin sa iyo kapag nagkaroon ng paglabag sa iyong hindi protektadong PHI. Susundin namin ang abisong ito, at hindi namin gagamitin o ibabahagi ang iyong impormasyon sa ibang paraan maliban sa inilalarawan sa abisong ito, o bilang pagsunod sa mga batas ng Estado o Pederal na Pamahalaan, o alinsunod sa iyong pahintulot.

### **III. Mga Pagbabago sa Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado na ito**

Dapat sumunod ang L.A. Care sa abisong ginagamit namin ngayon. Mayroon kaming karapatang baguhin ang abiso sa mga kasanayan sa pagkapribadong ito anumang oras. Ilalapat ang anumang mga pagbabago sa iyong PHI, kasama ang PHI na mayroon na kami bago mangyari ang mga pagbabago. Ipapaalam namin sa iyo kapag gumawa kami ng mga pagbabago sa abisong ito sa pamamagitan ng isang newsletter, sulat o sa aming website. Maaari kang humiling sa amin ng kopya ng bagong abiso. Mangyaring tingnan ang nasa ibaba para sa impormasyon kung paano makipag-ugnayan sa amin.

### **IV. Paano Namin Maaaring Gamitin at Ibahagi ang PHI Tungkol sa Iyo**

Kinokolekta, ginagamit, o ibinabahagi ng L.A. Care ang PHI ayon sa pinapayagan ng batas para sa paggamot, pagbabayad, at mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan na nauugnay sa programa kung saan ka nakatala. Kabilang sa PHI na ginagamit at ibinabahagi namin ang mga sumusunod, pero hindi ito limitado sa mga ito:

- Pangalan
- Address
- Natanggap na pangangalaga at paggamot
- Kasaysayan ng kalusugan at
- Ang halaga ng/kabayaran para sa pangangalaga
- Lahi/etnisidad
- Wika
- Kasariang itinalaga sa kapanganakan
- Kinikilalang kasarian
- Sekswal na oryentasyon at
- Mga panghalip

#### ***Mga Karaniwang Paraan Kung Paano Namin Ginagamit at Ibinabahagi ang PHI:***

Karaniwan naming ginagamit at ibinabahagi ang PHI sa mga sumusunod na paraan:

- **Paggamot: Hindi kami nagbibigay ng paggamot**, pero maaari naming gamitin at ibahagi ang PHI sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at iba pang serbisyo gaya ng mga doktor, ospital, supplier ng matibay na kagamitang medikal, at iba pa para mag-alok sa inyo ng pangangalaga, at paggamot at iba pang serbisyo, at impormasyon para makatulong sa inyo.
- **Pagbabayad:** Maaari naming gamitin at ibahagi ang PHI sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, provider ng serbisyo, at iba pang taga-insure at tagabayad para iproseso ang mga kahilingan para sa mga pagbabayad, at magbayad para sa mga serbisyong pangkalusugan na ibinigay sa inyo.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

- **Mga Pagpapatakbo sa Pangangalagang Pangkalusugan:** Maaari naming gamitin at ibahagi ang PHI para patakbuin ang aming organisasyon at makipag-ugnayan sa inyo kung kinakailangan, halimbawa, para sa mga pag-audit, pagpapabuti ng kalidad, pamamahala ng pangangalaga, pagsasaayos ng pangangalaga, at pang-araw-araw na gawain. Maaari din naming gamitin at ibahagi ang PHI sa mga programa ng Estado, Pederal na Pamahalaan, at County para sa pakikilahok, at pangangasiwa ng programa.
- **Ilang Halimbawa ng Mga Paraan na Ginagamit Namin ang PHI:**
  - Upang magbigay ng impormasyon sa isang doktor o ospital para kumpirmahin ang iyong mga benepisyo, copay, o nababawas.
  - Upang aprubahan nang maaga ang pangangalaga.
  - Upang i-proseso at bayaran ang mga claim para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at paggamot na iyong natanggap.
  - Upang ibigay ang iyong PHI sa iyong doktor o ospital para magamot ka nila.
  - Upang suriin ang kalidad ng pangangalaga na iyong natanggap.
  - Para tulungan kayo at bigyan kayo ng impormasyon at serbisyong pang-edukasyon at sa pagpapabuti ng kalusugan, hal., para samga kondisyong gaya ng diabetes.
  - Para ipaalam sa inyo ang mga karagdagang serbisyo at programa na maaaring interesado kayo at/o makatulong sa inyo, hal., isang klase sa fitness sa isang Sentro ng Mapagkukunan sa Komunidad ng L.A. Care.
  - Para ipaalala sa inyo na kumuha ng mga regular na pagsusuri sa kalusugan, screening, o checkup.
  - Para bumuo ng mga programa at inisyatiba sa pagpapahusay ng kalidad, kabilang ang paggawa, paggamit, opagbabahagi ng data na inalisang pagkakakilanlan ayon sa pinapayagan ng HIPAA.
  - Para gumamit at magbahagi ng impormasyon, direkta o hindi direkta, sa palitan ng impormasyong pangkalusugan, para sa paggamot, pagbabayad, at mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan.
  - Pag-iimbestiga at pag-uusig ng mga kaso, tulad ng para sa pandaraya, pag-aaksaya, o pang-aabuso.

## V. **Ilang Paraan Kung Paano Namin Maaaring Gamitin at Ibahagi ang PHI**

Pinapahintulutan o inaatasan kaming ibahagi ang iyong PHI sa ibang paraan, na karaniwan ay para makatulong sa kapakanan ng publiko, tulad ng pampublikong kalusugan at pananaliksik. Magagamit o maibabahagi namin ang iyong PHI para sa mga sumusunod na karagdagang layunin:

- Upang sumunod sa mga batas ng Estado, Pederal na pamahalaan, o lokal na batas.
- Para sumunod sa kahilingan ng isang ahensyang nagpapatupad ng batas, gaya ng pulisya, militar, o ahensya ng pambansang seguridad, o isang ahensya o bahagi ng Pederal na Pamahalaan, Estado, o lokal na pamahalaan, gaya ng lupon sa kabayaran sa mga manggagawa, o isang ahensyang nangangasiwa sa kalusugan para sa mga aktibidad na pinahintulutan ng batas, at utos ng hukuman o administratibong kautusan.
- Upang tumugon sa Departamento ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao (Department of Health and Human Services) kung nais nito malaman kung sumusunod kami sa pederal na batas sa pagkapribado.
- Upang makatulong sa pagpapabalik ng mga produkto.
- Upang iulat ang mga hindi mabuting reaksyon sa mga gamot.
- Upang iulat ang pinaghihinalang pang-aabuso, pagpapabaya, o karahasan sa tahanan, ayon sa iniaatas o pinapahintulutan sa ilalim ng batas.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



- Para sa pananaliksik sa pangangalagang pangkalusugan.
- Upang tumugon sa mga kahilingan para sa organ at tissue, at makipagtulungan sa isang medikal na tagasuri o direktor ng punerarya.
- Kaugnay ng mga reklamo, imbestigasyon, kaso, at legal na pagkilos.
- Upang maiwasan o mabawasan ang malubhang banta sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman.

## VI. **Pakikipag-ugnayan sa Iyo**

Maaari naming gamitin ang PHI para makipag-ugnayan sa inyo o inyong itinalaga tungkol sa mga benepisyo, serbisyo, pagpili ng inyong provider ng pangangalagang pangkalusugan at pagsingil at pagbabayad. Susunod ang L.A. Care sa mga naaangkop na batas sa pakikipag-ugnayan nito sa inyo, kabilang ang Batas sa Proteksyon ng Mamimili sa Telepono (Telephone Consumer Protection Act, TCPA). Maaari kaming makipag-ugnayan sa inyo sa pamamagitan ng mga sulat, newsletter, pamphlet, at sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- **Pagtawag sa Telepono.** Kung ibinigay mo sa amin ang iyong numero sa telepono (kabilang ang kung nagbigay ang isang tagapangalaga o itinalaga ng kanyang numero sa telepono), kabilang ang iyong numero sa cell phone, maaaring tumawag kami, o ang aming mga kaanib at subcontractor, sa aming ngalan, kabilang ang sa pamamagitan ng awtomatikong sistema sa pag-dial/o isang artipisyal na boses nang naayon sa mga naaangkop na batas. Maaaring singilin kayo ng carrier ng inyong mobile cell phone para sa pagtanggap ng mga tawag. Mangyaring makipag-ugnayan sa carrier ng inyong cell phone para sa impormasyong ito. Kung hindi ninyo gustong makipag-ugnayan kami sa inyo sa paraang ito, ipaalam ito sa tumatawag, o makipag-ugnayan sa amin para mailagay kayo sa aming listahan ng Huwag Tawagan.
- **Pag-text sa inyo.** Kung pinirmahan ninyo ang mga form ng pahintulot sa pagte-text ng L.A. Care at ibinigay ninyo sa amin ang inyong numero ng cell phone (kabilang ang kung ibinigay ng isang tagapag-alaga o itinalaga ang kanilang numero ng telepono), para sa ilang partikular na layunin, gaya ng mga paalala, opsyon sa paggamot, serbisyo, at paalala o kumpirmasyon sa pagbabayad ng premium, kami, kasama ang aming mga kaakibat at subcontractor, sa ngalan namin, ay maaaring mag-text sa inyo alinsunod sa mga naaangkop na batas. Maaaring singilin kayo ng carrier ng inyong mobile cell phone para sa pagtanggap ng mga text. Mangyaring makipag-ugnayan sa carrier ng inyong cell phone para sa impormasyong ito. Kung sa anumang oras ay ayaw ninyong makatanggap ng mga text message, mangyaring sundin ang impormasyon sa pag-unsubscribe sa mensahe, o mangyaring tumugon ng "STOP" para ihinto ang pagtanggap ng mga nasabing mensahe.
- **Mga email.** Kung ibinigay ninyo sa amin ang inyong email address (kabilang ang kung ibinigay ng isang tagapag-alaga o itinalaga ang kanilang email address), para sa ilang limitadong layunin, hal., pagpapadala sa inyo ng mga materyales sa pagpapatala, ng miyembro, ng provider, at na pang-edukasyon, o mga paalala o kumpirmasyon ng mga pagbabayad, kung sumasang-ayon kayong tanggapin ang mga ito sa elektronikong paraan, maaari kaming mag-email sa inyo. Maaaring singilin ka ng kompanya ng iyong internet o email o provider ng signal sa cell phone para sa pagtanggap ng mga email. Mangyaring makipag-ugnayan sa kompanya ng iyong internet o email o provider ng signal sa cell phone para sa impormasyong ito. Kinikilala ninyo at sumasang-ayon kayo na kapag kayo ay gumamit ng hindi naka-encrypt na email address at/o computer, o kapag na-access ninyo ang inyong email sa pamamagitan ng isang mobile na device, o may kahati kayo sa email, o computer, o mobile na cell phone, may panganib na mabasa ng ikatlong partido ang inyong PHI at inyong tinatanggap ang mga nasabing panganib at inyong isinusuko ang anumang proteksyon na mayroon kayo sa ilalim ng anumang batas. Kung sa anumang oras ay ayaw ninyong makatanggap ng mga mensahe sa email, mangyaring sundin ang mga tagubilin sa "Pag-unsubscribe" sa ibaba ng mensahe para ihinto ang pagtanggap ng mga komunikasyon sa email.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



## VII. Nakasulat na Pahintulot

Kung nais naming gamitin o ibahagi ang iyong PHI para sa anumang layunin na wala sa abisong ito, kukunin namin ang iyong nakasulat na pahintulot. Halimbawa, ang paggamit o pagbabahagi ng PHI para sa mga pangangailangan sa pagmemerkado o pagbebenta ay nangangailangan ng iyong nakasulat na pahintulot. Kung gumagamit o nagbabahagi kami ng mga tala mula sa psychotherapy, maaari ring mangailangan kami ng iyong pahintulot. Kung ibibigay mo sa amin ang iyong pahintulot, maaari mong kanselahin ito anumang oras sa pasulat na paraan, at hindi na namin gagamitin o ibabahagi ang iyong PHI para sa layuning iyon pagkalipas ng petsa ng aming pagproseso sa iyong kahilingan. Pero kung nagamit o naibahagi na namin ang inyong PHI nang may pahintulot ninyo, maaaring hindi namin mabawi ang anumang pagkilos na nangyari na bago ninyo kanselahin ang inyong pahintulot.

## VIII. Iyong Mga Karapatan

Mayroon kang mga partikular na karapatan sa iyong PHI, at kung paano ito magagamot o mababahagi. May karapatan kang:

- **Kumuha ng kopya ng mga talaan sa kalusugan at claim.** Maaari kang humiling na makita, o makakuha ng kopya ng iyong PHI. Magbibigay kami ng kopya o buod ng iyong mga talaan sa kalusugan at claim. Maaaring may mga impormasyon at talaan na hindi namin ibabahagi ayon sa pinapahintulutan ng batas, o maaaring hindi namin maibibigay ang ilang impormasyon sa ilang anyo, format, o media. Maaari kaming maningil ng makatuwirang bayad para sa pagkopya at pagpapadala sa mail ng iyong PHI.

*Hindi nagtatabi ang L.A. Care ng kompletong kopya ng iyong mga medikal na rekord. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kung gusto mong makita ang, o makakuha ng kopya ng, o magpabago ng mali sa iyong mga medikal na rekord.*

- **Humiling sa amin na iwasto ang mga talaan sa kalusugan at claim.** Kung naniniwala kayong may mali sa inyong PHI, puwede ninyong hilingin sa aming itama ito. Maaaring may ilang impormasyon na hindi namin mababago, hal. ang diagnosis ng doktor, at sasabihin namin ito sa iyo sa pasulat na paraan. Kung may ibang nagbigay sa amin ng impormasyon, hal., inyong doktor, ipapaalam namin ito sa inyo, para maaari ninyong hilingin sa kanya na itama ito.
- **Humiling na makipag-ugnayan kami sa iyo sa kumpidensyal na paraan.** Maaari ninyong hilingin sa amin na makipag-ugnayan sa inyo sa isang partikular na paraan (halimbawa, telepono sa bahay o tanggapan) o magpadala ng mail sa ibang address. Hindi sasang-ayunan ang lahat ng kahilingan, pero pahihintulutan namin ang makatwirang kahilingan.
- **Humiling sa amin na limitahan kung ano ang ginagamit o ibinabahagi namin.** Maaari kayong humiling sa amin na huwag gamitin o ibahagi ang ilang partikular na impormasyong pangkalusugan para sa paggamot, pagbabayad, o aming mga pagpapatakbo. Ayon sa batas, hindi kami inaatang sumang-ayon sa iyong kahilingan, at maaari kaming tumanggi kung makakaapekto ito sa iyong pangangalaga, pagbabayad ng mga claim, mga pangunahing pagpapatakbo, o hindi pagsunod sa mga panuntunan, regulasyon, o kahilingan ng ahensya ng gobyerno o tagapagpatupad ng batas, o kautusan ng hukuman o administratibong kautusan.
- **Kumuha ng mga listahan ng kung kanino namin ibinahagi ang iyong PHI.** Puwede kayong humiling sa amin ng listahan (accounting) ng mga pagkakataong ibinahagi namin ang inyong impormasyong pangkalusugan, kung kanino namin ito ibinahagi, at isang maikling paglalarawan ng dahilan. Magbibigay kami sa iyo ng listahan para sa panahong hiniling mo. Ayon sa batas, magbibigay kami ng hindi tatagal sa anim (6) na taon bago ang petsa ng iyong nakasulat na kahilingan. Isasama namin ang lahat ng pagsisiwalat, maliban ang tungkol sa paggamot, pagbabayad, at pagpapatakbo kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan, at iba pang partikular na pagsisiwalat, tulad ng mga panahong ibinahagi namin sa iyo ang impormasyon, o tuwing ibinabahagi namin ito nang may pahintulot mo. Magbibigay kami ng isang accounting sa isang taon nang libre, ngunit maaaring maningil ng makatwirang singil para sa anumang karagdagang kahilingan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

- **Kumuha ng kopya ng abiso sa pagkapribado na ito.** Makakakuha kayo ng papel na kopya ng abisong ito sa pamamagitan ng pagtawag sa amin.
- **Pumili ng isang tao para kumilos para sa iyo.** Kung binigyan ninyo ang isang tao ng medikal na kapangyarihan ng abogado o kung ang isang tao ay inyong legal na tagapag-alaga, maaaring gamitin ng taong iyon ang inyong mga karapatan at maaari siyang gumawa ng mga pagpilin tungkol sa inyong PHI. Maaari naming hilingin sa iyo o iyong itinalaga na magbigay sa amin ng ilang impormasyon at dokumento, hal. kopya ng utos ng korte na nagkakaloob ng guardianship. Dapat sagutan mo o ng iyong tagapangalaga ang isang nakasulat na pahintulot. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa numero sa ibaba para malaman kung paano gawin ito.

Mangyaring tawagan kami sa numero sa iyong ID card, o sumulat sa amin para malaman kung paano hilingin ang nasa itaas. Kakailanganinninyong isumiteang inyong kahilingan nang nakasulat, at sabihin sa amin ang ilang partikular na impormasyon. Maaari naming ipadala sa iyo ang (mga) form.

## **IX. Mga Reklamo**

Kung sa tingin ninyo ay hindi namin naprotektahan ang inyong PHI, may karapatan kayong maghain ng reklamo sa amin, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin sa:

### **Member Services**

1055 West 7<sup>th</sup> Street, 10<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017  
Telepono: **1-888-839-9909**  
TTY: **711**

### ***Maaari din kayong makipag-ugnayan sa:***

U.S. Department of Health and Human Services  
Office for Civil Rights  
Attention: Regional Manager  
90 7<sup>th</sup> Street, Suite 4-100  
San Francisco, CA 94103  
Telepono: **1-800-638-1019**  
Fax: **1-415-437-8329**  
TTY: **1-800-537-7697**  
[www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/](http://www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/)

### ***Maaari ring makipag-ugnayan ang Mga Miyembro ng Medi-Cal sa:***

California Department of Health Care Services  
Office of HIPAA Compliance  
Privacy Officer  
1501 Capitol Avenue, MS0010  
P.O. Box 997413  
Sacramento, CA 95899-7413  
[www.dhcs.ca.gov](http://www.dhcs.ca.gov)



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

**X. Gamitin Ang Iyong Mga Karapatan Nang Walang Takot**

Hindi magsasagawa ng anumang aksyon laban sa iyo ang L.A. Care dahil sa paggamit ng mga karapatan sa pagkapribado sa abisong ito o sa paghahain ng reklamo.

**XI. Petsa ng Pagkakabisa**

Ang orihinal na petsa ng simula ng abisong ito ay Abril 14, 2003. Ang abisong ito ay pinakahuling binago noong Oktubre 1, 2019.

**XII. Pakikipag-ugnayan sa Amin, o Mga tanong, o kung gusto mo ng abisong ito sa ibang wika o anyo:**

Kung may mga tanong kayo tungkol sa abisong ito, o gusto ninyo ng tulong sa paggamit ng inyong mga karapatan, o gusto ninyo ang abisong ito sa ibang threshold na wika (Arabic, Armenian, Chinese, Farsi, Khmer, Korean, Russian, Espanyol, Tagalog, o Vietnamese), malalaking titik, audio, o iba pang alternatibong format (kapag hiniling) nang wala kayong babayaran, mangyaring tumawag o sumulat sa amin sa:

**Member Services**

1055 West 7<sup>th</sup> Street, 10<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017  
Telepono: **1-888-839-9909**  
TTY: **711**

o

L.A. Care Privacy Officer  
L.A. Care Health Plan  
1055 West 7<sup>th</sup> Street, 10<sup>th</sup> Floor  
Los Angeles, CA 90017

Ang mga miyembro na maaaring sumang-ayong makatanggap ng mga sensitibong serbisyo ay hindi kinakailangang makakuha ng anumang awtorisasyon ng ibang miyembro para makatanggap ng mga sensitibong serbisyo o magsumite ng isang claim para sa sensitibong serbisyo. Idirrekta ng L.A. Care ang mga komunikasyon hinggil sa mga sensitibong serbisyo sa alternatibong itinalagang mailing address, email address, o numero ng telepono ng isang miyembro o, kapag walang itinalaga, sa pangalan ng miyembro sa address o numero ng telepono na naka-file. Hindi isiswalat ng L.A. Care ang medikal na impormasyong may kaugnayan sa sensitibong serbisyo sa sinumang iba pang miyembro nang walang nakasulat na pahintulot mula sa miyembrong tumatanggap ng pangangalaga. Pauunlakan ng L.A. Care ang mga kahilingan para sa kumpidensyal na komunikasyon sa form at format na hiniling, kung ito ay madaling makuha sa hiniling na form at format, o sa mga alternatibong lokasyon. Ang kahilingan ng miyembro para sa kumpidensyal na komunikasyon na may kaugnayan sa mga sensitibong serbisyo ay magiging wasto hanggang sa bawiin ng miyembro ang kahilingan o magsumite siya ng bagong kahilingan para sa kumpidensyal na komunikasyon.

Para makagawa ng kumpidensyal na kahilingan sa komunikasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa numero ng telepono sa inyong ID card.

<https://www.dhcs.ca.gov/formsandpubs/laws/priv/Documents/Notice-of-Privacy-Practices-English.pdf>.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Mga abiso tungkol sa mga batas

Maraming batas ang naaangkop sa Handbook ng Miyembro na ito. Ang mga batas na ito ay maaaring makaapekto sa inyong mga karapatan at responsibilidad kahit na ang mga batas ay hindi isinama o ipinaliwanag sa handbook na ito. Ang mga pangunahing batas na naaangkop sa handbook na ito ay mga batas ng estado at pederal na pamahalaan tungkol sa mga programa ng Medi-Cal. Maaari ding gamitin ang iba pang batas ng pederal na pamahalaan at estado.

## Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang huling tagabayad, iba pang coverage sa kalusugan, at tort recovery

Ang programa ng Medi-Cal ay sumusunod sa mga batas at regulasyon ng estado at pederal na pamahalaan na may kaugnayan sa legal na pananagutan ng mga ikatlong partido para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga miyembro. Gagawin ng L.A. Care ang lahat ng makatwirang hakbang para matiyak na ang programang Medi-Cal ang huling magbabayad.

Ang mga miyembro ng Medi Cal ay maaaring magkaroon ng iba pang coverage sa kalusugan (OHC), na tinutukoy din bilang pribadong insurance sa kalusugan. Bilang kondisyon ng kwalipikasyon sa Medi-Cal, kailangan ninyong mag-apply para sa at/o mapanatili ang anumang available na OHC kapag wala kayong gagastusin.

Ang mga batas ng pederal na pamahalaan at estado ay iniaatas sa mga miyembro ng Medi-Cal na mag-ulat ng OHC at anumang pagbabago sa umiiral na OHC. Kung hindi ninyo agad iniulat ang OHC, maaaring kailanganin ninyong bayaran ang DHCS para sa anumang benepisyo na binayaran nang may pagkakamali. Isumite ang inyong OHC online sa <http://dhcs.ca.gov/OHC>. Kung wala kayong access sa internet, ang OHC ay maaaring iulat sa inyong planong pangkalusugan, o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-541-5555** (TTY **1-800-430-7077** o **711**; sa loob ng California), o **1-916-636-1980** (sa labas ng California). May karapatan at responsibilidad ang DHCS para sa mga saklaw na serbisyo ng Medi-Cal kung saan hindi unang tagabayad ang Medi-Cal. Halimbawa, kung napinsala kayo sa isang aksidente sa sasakyan o sa trabaho, ang insurance sa kabayaran sa sasakyan o manggagawa ay maaaring kailangang magbayad muna, o i-reimburse ang Medi-Cal.

Kung kayo ay napinsala, at isa pang partido ang mananagot para sa inyong pinsala, kayo o ang inyong legal na kinatawan ay dapat na mag-abiso sa DHCS sa loob ng 30 araw pagkatapos maghain ng legal na aksyon o isang paghahabol. Isumite ang inyong pag-abiso online:

- Programa sa Personal na Pinsala sa <http://dhcs.ca.gov/PI>
- Program ng Pagbawi para sa Kabayaran sa Manggagawa sa <http://dhcs.ca.gov/WC>

Para matuto pa, tumawag sa **1-916-445-9891**.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

## Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian

Ang programa ng Medi-Cal ay kailangang humingi ng pagbabayad mula sa mga ari-arian ng ilang partikular na yumaong miyembro para sa mga benepisyo ng Medi-Cal na natanggap sa o pagkatapos ng kanilang ika-55 kaarawan. Kasama sa muling pagbabayad ang bayad para sa serbisyo at mga premium para sa pinamamahalaang pangangalaga at capitation na pagbabayad para sa mga serbisyo sa pasilidad para sa pagkalinga, mga serbisyong nakabase sa tahanan at komunidad, at mga kaugnay na serbisyo sa ospital at inireresetang gamot na natanggap noong ang miyembro ay isang inpatient sa isang pasilidad para sa pagkalinga o tumatanggap ng mga serbisyong nakabase sa tahanan at komunidad. Ang muling pagbabayad ay hindi maaaring lumagpas sa halaga ng naka-probate na ari-arian ng isang miyembro.

Para malaman ang higit pa, pumunta sa website ng DHCS para sa pagbawi ng ari-arian sa <http://dhcs.ca.gov/er> o tumawag sa **1-916-650-0590**.

## Abiso sa Pagkilos

Padadalhan ka ng L.A. Care ng sulat ng Abiso sa Pagkilos (NOA) anumang oras na tatanggihan, antalahin, wawakasan, o babaguhin ng L.A. Care ang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon ng plano, maaari kayong maghain ng apela sa L.A. Care. Pumunta sa seksyon ng Apela sa itaas para sa mahahalagang impormasyon sa paghahain ng inyong apela. Kapag nagpadala sa inyo ang L.A. Care ng NOA, ipapaalam nito sa inyo ang lahat ng karapatan na mayroon kyoa kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyong ginawa namin.

### *Mga Nilalaman sa Mga Abiso*

Kung ibinabase ng L.A. Care ang mga pagtanggig, pagkaantala, pagwawakas, o pagbabago sa kabuuan o sa bahagi ng pangangailangang medikal, ang inyong NOA ay dapat maglaman ng mga sumusunod:

- Isang pahayag ng pagkilos na balak gawin ng L.A. Care.
- Isang malinaw at maikling paliwanag ng mga dahilan ng desisyon ng L.A. Care.
- Kung paano nakapagdesisyon ang L.A. Care. Dapat nitong isama ang mga pamantayan na ginamit ng L.A. Care.
- Ang mga medikal na dahilan para sa desisyon. Dapat ipahayag nang malinaw ng L.A. Care kung paano hindi natutugunan ng kondisyon ng miyembro ang mga pamantayan o alituntunin.

### *Mga Pagsasalin*

Iniaatas sa L.A. Care na ganap na magsalin at magbigay ng nakasulat na impormasyon ng miyembro sa inyong karaniwang pinipiling wika, kabilang ang lahat ng abiso sa karaingan at apela.

Ang ganap na isinaling abiso ay dapat isama ang medikal na dahilan para sa desisyon ng L.A. Care na bawasan, suspindehin, o ihinto ang isang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

Kung ang inyong pinipiling wika ay hindi available, ang MCP ay kinakailangang mag-alok ng pasalitang tulong sa inyong pinipiling wika para maunawaan ninyo ang impormasyon na inyong natatanggap.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

# 8. Mahahalagang numero at salita na dapat malaman

## Mahahalagang numero ng telepono

- Mga Serbisyo sa Miyembro ng **L.A. Care 1-888-839-9909** (TTY **711**)
- Medi-Cal Rx sa **800-977-2273** (TTY **800-977-2273** at pindutin ang **7** o **711**)
- 24 na Oras na **Linya para sa Payo ng Nars ng L.A. Care 1-800-249-3619** (TTY **711**)
- Linya ng Tulong para sa Pagsunod ng L.A. Care **1-800-400-4889**
- Mga Sentro ng Mapagkukunan sa Komunidad ng L.A. Care – **1-877-287-6290**
- L.A. Care Family Resource Center – Boyle Heights **1-213-294-2840**
- L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan Community Resource Center – East L.A. **1-213-438-5570**
- L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan Community Resource Center – El ninyonte **1-213-428-1495**
- L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan Community Resource Center – Inglewood **1-310-330-3130**
- L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan Community Resource Center – Lynwood **1-310-661-3000**
- L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan Community Resource Center – Metro L.A. **1-213-428-1457**
- L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan Community Resource Center – Norwalk **1-562-651-6060**
- L.A. Care Family Resource Center – Pacoima **1-213-438-5497**
- L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan Community Resource Center – Palmdale **1-213-438-5580**
- L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan Community Resource Center – Poninyona **1-909-620-1661**
- L.A. Care/Blue Shield of California Promise Health Plan Community Resource Center – Wilmington **1-213-428-1490**



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

- Mga Serbisyo para sa May Kapansanan
- California Relay Service (CRS) – (TTY **711**)
  - **1-888-877-5379**
  - **1-800-735-2922**
- Impormasyon sa Batas sa Mga Amerikanong May Mga Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA) **1-800-514-0301** (TTY **1-800-514-0383**)
- Mag Serbisyo para sa Mga Bata
  - California Children’s Services (CCS) **1-800-288-4584**
  - Child Health and Disability Prevention (CHDP) **1-800-993-2437** (**1-800-993-CHDP**)
- Mga Serbisyo ng Estado ng California
  - California State Department of Health Services (DHCS) **1-916-636-1980**
  - Medi-Cal Managed Care Office of the Ombudsman **1-888-452-8609**
  - Medi-Cal Dental Program (Denti-Cal) **1-800-322-6384** (TTY/TDD **1-800-735-2922**)
  - California Department of Social Services (CDSS) **1-800-952-5253**
  - Department of Managed Health Care (DMHC) **1-888-466-2219** (**1-888-HMO-2219**) (TTY/TDD **1-877-688-9891**)
- Health Care Options:
  - Arabic **1-800-576-6881**
  - Armenian **1-800-840-5032**
  - Cambodian/Khmer **1-800-430-5005**
  - Cantonese **1-800-430-6006**
  - English **1-800-430-4263**
  - Farsi **1-800-840-5034**
  - Hninyong **1-800-430-2022**
  - Korean **1-800-576-6883**
  - Laotian **1-800-430-4091**
  - Mandarin **1-800-576-6885**
  - Russian **1-800-430-7007**
  - Spanish **1-800-430-3003**
  - Tagalog **1-800-576-6890**
  - Vietnamese **1-800-430-8008**
  - TTY/TDD **1-800-430-7077**



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



- U.S. Office for Civil Rights **1-866-627-7748**
- Social Security Administration Supplemental Social Income (SSI) **1-800-772-1213**
- Los Angeles County - Department of Public Social Services (DPSS): Customer Service Center **1-866-613-3777** (TTY **1-800-660-4026**)
- Los Angeles County Department of Health Services **1-213-240-8101**
- Los Angeles County Department of Mental Health **1-800-854-7771**
- Women, Infant and Children Program (WIC) **1-888-942-9675**

---

## Mga salitang dapat malaman

**Aktibong pagle-labor:** Ang yugto ng panahon kung kailan ang isang babae ay nasa tatlong yugto ng panganganak at hindi maaaring ligtas na mailipat ang babae o sanggol sa tamang oras sa ibang ospital bago manganak o ang paglipat ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan at kaligtasan ng babae o ng hindi pa isinisilang na sanggol.

**Malalang kondisyon:** Ang isang kondisyong medikal na biglaan at nangangailangan ng mabilis na atensyong medikal at hindi nagtatagal ng mahabang panahon.

**Amerikanong Indiyano:** Isang indibidwal, na tinukoy sa titulo 25 ng seksyon 1603(13), 1603(28), 1679(a) ng U.S.C. o natukoy na kwalipikado, bilang isang Indiyano, alinsunod sa 42 C.F.R. 136.12 o Titulo V ng Batas sa Pagpapahusay ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indiyano, para makatanggap ng mga serbisyong pangkalusugan mula sa mga Indiyang provider ng pangangalagang pangkalusugan (Indian Health Service, isang Indian Tribe, Tribal Organization, o Urban Indian Organization–I/T/U) o sa pamamagitan ng referral sa ilalim ng Mga Nakakontratang Serbisyong Pangkalusugan.

**Apela:** Ang kahilingan ng isang miyembro na suriin at baguhin ng L.A. Care ang desisyong ginawa tungkol sa coverage para sa hiniling na serbisyo.

**Mga Benepisyo:** Mga serbisyo at gamot sa pangangalagang pangkalusugan na saklaw sa ilalim ng planong pangkalusugan na ito.

**Mga Serbisyo para sa Mga Bata ng California (California Children's Services, CCS):** Isang programa ng Medi-Cal na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga batang may edad na hanggang 21 taon na may ilang partikular na sakit at problema sa kalusugan.

**Kalusugan at Pag-iwas sa Kapansanan ng California (California Health and Disability Prevention, CHDP):** Isang programa sa pampublikong kalusugan na nagre-reimburse sa mga pampubliko at pribadong provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa maagang pagtatasa sa kalusugan para matukoy o maiwasan ang sakit at mga kapansanan sa mga bata at kabataan. Tinutulungan ng programa ang mga bata at kabataan na magkaroon ng access sa regular na pangangalagang pangkalusugan. Maaaring magbigay ang inyong PCP ng mga serbisyo ng CHDP.

**Tagapamahala ng kaso:** Mga rehistradong nars o social worker na makakatulong sa inyo na maunawaan ang mga pangunahing problema sa kalusugan at isaayos ang pangangalaga sa inyong mga provider.

**Sertipikadong Kumadronang Nars (Certified Nurse Midwife, CNM):** Isang indibidwal na lisensyado bilang Rehistradong Nars at sertipikado bilang kumadronang nars ng Lupon ng Rehistradong Pagkalinga ng California. Ang isang sertipikadong kumadronang nars ay pinapahintulatang mangasiwa ng mga kaso ng normal na panganganak.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

**Chiropractor:** Isang provider na ginagamot ang gulugod sa pamamagitan ng mano-manong pagmamaniipula.

**Hindi gumagaling na kondisyon:** Isang sakit o iba pang problemang medikal na hindi ganap na mapapagaling o lumalala sa paglipas ng panahon o kailangang gamutin para lumala ang inyong kondisyon.

**Klinika:** Isang pasilidad na maaaring piliin ng mga miyembro bilang pangunahing provider ng pangangalaga (PCP). Ito ay maaaring alinman sa Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (Federally Qualified Health Center, FQHC), klinikal sa komunidad, Rural na Klinikang Pangkalusugan (Rural Health Clinic, RHC), Indiyanong Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan (IHCP) o iba pang pasilidad para sa pangunahing pangangalaga.

**Mga serbisyo para sa nasa hustong gulang na nakabase sa komunidad (Community-based adult services, CBAS):** Mga serbisyo para sa outpatient na nakabase sa pasilidad para sa may kasanayang pagkalinga, mga serbisyong panlipunan, mga therapy, personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta sa pamilya at tagapangalaga, mga serbisyo sa nutrisyon, transportasyon, at iba pang serbisyo para sa mga miyembrong kwalipikado.

**Reklamo:** Ang pasalita o pasulat na pagpapahayag ng isang miyembro ng pagkadismaya tungkol sa isang serbisyong saklaw ng Medi-Cal, L.A. Care, plano sa kalusugan ng pag-iisip ng county, o isang provider ng Medi-Cal.

**Pagpapatuloy ng pangangalaga:** Ang kakayahan ng miyembro ng plano na patuloy na makakuha ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa kanilang kasalukuyang wala sa network na provider nang hanggang 12 buwan, kung sumang-ayon ang provider at L.A. Care .

**Listahan ng Mga Nakakonstratang Gamot (List of Contract Drugs, CDL):** Ang aprubadong listahan ng gamot para sa Medi-Cal Rx kung saan maaaring mag-order ang inyong provider ng mga saklaw na gamot na kailangan ninyo.

**Pagsasaayos ng Mga Benepisyo (Coordination of Benefits, COB):** Ang proseso ng pagtukoy kung aling coverage ng insurance (Medi-Cal, Medicare, komersyal na insurance o iba pa) ang may pangunahing responsibilidad sa paggamot at pagbabayad para sa mga miyembrong may higit sa isang uri ng coverage ng insurance sa kalusugan.

**Copayment:** Ang pagbabayad na isinasagawa ninyo, sa karaniwang oras ng serbisyo, bilang karagdagan sa bayad ng taga-insure.

**Coverage (saklaw na mga serbisyo):** Mga serbisyo ng Medi-Cal kung saan ang L.A. Care ay responsable sa pagbabayad. Ang mga saklaw na serbisyo ay napapailalim sa mga tuntunin, kondisyon, limitasyon, at pagbubukod ng kontrata ng Medi-Cal at naaayon sa nakalista sa Katibayan ng Coverage (Evidence of Coverage, EOC) na ito at anumang pagbabago.

**DHCS:** Ang Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Health Care Services). Ito ang tanggapan ng Estado na nangangasiwa saprograma ng Medi-Cal.

**Pag-alis sa pagkakatala:** Para ihinto ang paggamit ng planong pangkalusugan na ito dahil hindi na kayo kwalipikado o lumipat kayo sa bagong planong pangkalusugan. Kailangan ninyong pumirma sa form na nagsasabing ayaw na ninyong gamitin ang planong pangkalusugan na ito o tumawag sa HCO at umalis sa pagkakatala sa pamamagitan ng pagtawag.

**DMHC:** Ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Managed Health Care). Ito ang tanggapan ng Estado na nangangasiwa sa mga planong pangkalusugan ng pinamamahalaang pangangalaga.

**Matibay na kagamitang medikal (durable medical equipment, DME):** Ang kagamitang medikal na kinakailangan at iniaatas ng inyong doktor o iba pang provider. Ang L.A. Care ang magpapasya kung uupa o bibili ng DME. Ang mga gastos sa pag-uupa ay hindi dapat higit sa gastos sapagbili.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

**Maaga at pana-panahong screening, pagsusuri at paggamot (Early and periodic screening, diagnostic, and treatment, EPSDT):** Ang mga serbisyo ng EPSDT ay benepisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 21 taong gulang para matulungan silang manatiling malusog. Ang mga miyembro ay dapat makatanggap ng mga tamang pagpapatingin sa kalusugan para sa kanilang edad at naaangkop na mga screening para malaman at magamot nang maaga ang mga problema sa kalusugan at mga karamdaman pati na rin ang anumang paggamot para mapangalagaan o matulungan ang mga kondisyon na maaaring makita sa mga pagpapatingin.

**Pang-emergency na kondisyong medikal:** Isang kondisyong medikal o mental na may mga malalang sintomas, gaya ng aktibong pagle-labor (pumunta sa kahulugan sa itaas) o matinding pananakit, na maaaring makatuwirang maniwala sa isang karaniwang taong may kaalaman sa kalusugan at medisina na ang hindi pagkuha ng agarang pangangalagang medikal ay maaaring:

- Maglagay sa inyong kalusugan o sa kalusugan ng inyong hindi pa naipapanganak na sanggol sa malubhang panganib
- Magdulot ng kapansanan sa paggalaw ng katawan
- Magdulot ng hindi maayos na paggana ng bahagi o organ ng katawan

**Pangangalaga sa emergency room:** Eksaminasyong isinagawa ng doktor (o tauhan sa ilalim ng direksyon ng doktor ayon sa pinapayagan ng batas) para malaman kung mayroong pang-emergency na kondisyong medikal. Mga serbisyo na medikal na kinakailangan para maging stable sa loob ng kakayahan ng pasilidad.

**Pang-emergency na medikal na transportasyon:** Ang transportasyon sa ambulansya o pang-emergency na sasakyan papunta sa emergency room para makatanggap ng pang-emergency na medikal na pangangalaga.

**Nakatala:** Isang taong miyembro ng planong pangkalusugan at nakakatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano.

**Itinatag na pasyente:** Ang isang pasyente na may umiiral na relasyon sa isang provider at nakapagpatingin sa provider na iyon sa loob ng isang tinukoy na haba ng oras na itinatag ng Plano.

**Hindi kasamang mga serbisyo:** Mga serbisyong hindi saklaw ng California Medi-Cal Program.

**Pang-eksperimentong paggamot:** Mga gamot, kagamitan, procedure, o serbisyo na nasa yugto ng pagsusuri sa laboratoryo at/o pag-aaral ng hayop bago ang pagsusuri sa mga tao. Ang mga serbisyong pang-eksperimento ay hindi sumasailalim sa klinikal na pagsisiyasat.

**Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya:** Mga serbisyo para sa pagpigil o pag-antala ng pagbubuntis.

**Pederal na Kwaliplikadong Sentrong Pangkalusugan (Federally Qualified Health Center, FQHC):** Isang sentrong pangkalusugan sa isang lugar na may kaunting provider ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kayong makakuha ng pangunahin at pang-iwas na pangangalaga sa FQHC.

**Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal:** Kung minsan, ang inyong plano sa Medi-Cal ay hindi sumasaklaw sa mga serbisyo, pero maaari pa rin ninyong makuha ang mga ito sa pamamagitan ng Medial Cal FFS, gaya ng maraming serbisyo sa botika sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal Rx.

**Follow-up na pangangalaga:** Regular na pangangalaga ng doktor para tingnan ang progreso ng pasyente pagkatapos ng pagkakaospital o sa panahon ng paggamot.

**Panloloko:** Ang sinasadyang gawain para manlinlang o magbigay ng maling representasyon ng isang tao na nakakaalam na ang panlilinlang ay maaaring magresulta sa ilang hindi awtorisadong benepisyo para sa tao o sa ibang tao.



**Mga Freestanding na Paanakan (Freestanding Birth Center, FBC):** Mga pasilidad para sa kalusugan kung saan nakaplanong isagawa ang panganganak nang malayo sa tinitirahan ng buntis. Ito ay lisensyado o sa ibang paraan ay inaprubahan ng estado para magbigay ng pangangalaga bago manganak, sa pagle-labor at panganganak, o pagkatapos manganak, at iba pang serbisyong pang-ambulatoryo na kasama sa plano. Ang mga pasilidad na ito ay hindi mga ospital.

**Karaingan:** Ang pasalita o nakasulat na pahayag ng pagkadismaya ng miyembro sa L.A. Care, isang provider, o mga serbisyong ibinibigay. Ang isang reklamong inihain sa L.A. Care tungkol sa isang provider sa network ay isang halimbawa ng reklamo.

**Mga serbisyo at kagamitang panghabilitasyon:** Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na tumutulong sa inyong panatilihin, matutuhan, o pahasayin ang mga kakayahan at paggalaw para sa pang-araw-araw na pamumuhay.

**Health Care Options (HCO):** Ang programang maaaring magtala o mag-alis sa pagkakatala sa inyo sa planong pangkalusugan.

**Mga provider ng pangangalagang pangkalusugan:** Mga doktor at espesyalista gaya ng mga surgeon, doktor na gumagamot ng kanser, o doktor na gumagamot sa mga espesyal na bahagi ng katawan, at nagtatrabaho sa L.A. Care o nasa network ng L.A. Care. Ang mga provider sa network ng L.A. Care ay dapat magkaroon ng lisensya para magsanay sa California at bigyan kayo ng serbisyong saklaw ng L.A. Care.

Kadalasang kailangan ninyo ng referral mula sa inyong PCP para pumunta sa isang espesyalista. Ang inyong PCP ay dapat makakuha ng paunang pag-apruba mula sa L.A. Care bago kayo tumanggap ng pangangalaga mula sa espesyalista.

**Hindi** ninyo kailangan ng referral mula sa inyong PCP para sa ilang uri ng serbisyo, gaya ng pagpapalano ng pamilya, pang-emergency na pangangalaga, pangangalaga sa OB/GYN, o mga sensitibong serbisyo.

**Insurance sa kalusugan:** Ang coverage ng insurance na nagbabayad para sa mga medikal at pang-operasyong gastos sa pamamagitan ng pagbabayad sa naka-insure para sa mga gastos mula sa pagkakasakit o pinsala o direktang pagbabayad sa provider ng pangangalaga.

**Pangangalagang pangkalusugan sa tahanan:** Ang may kasanayang pagkalinga at iba pang serbisyo na ibinibigay sa tahanan.

**Mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa tahanan:** Ang mga provider na nagbibigay sa inyo ng may kasanayang pagkalinga at iba pang serbisyo sa tahanan.

**Hospisyo:** Ang pangangalaga para mabawasan ang pisikal, emosyonal, panlipunan, at espirituwal na pagkabalisa ng miyembrong may malubhang sakit. Ang pangangala sa hospisyo ay available kapag ang miyembro ay mayroong tagal ng buhay na 6 na buwan o mas maikli.

**Ospital:** Ang lugar kung saan kayo nakakatanggap ng pangangalaga para sa inpatient at outpatient mula sa mga doktor at nars.

**Pagpapaospital:** Ang pag-admit sa ospital para sa paggamot bilang inpatient.

**Pangangalaga sa ospital bilang outpatient:** Ang medikal o pang-operasyong pangangalaga na isinasagawa sa ospital nang hindi ina-admit bilang inpatient.

**Indiyanong Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan (Indian Health Care Provider, IHCP):** Isang programa sa pangangalagang pangkalusugan na pinatatakbo ng Serbisyong Pangkalusugan para sa Indiyano (Indian Health Service, IHS), Indiyang Tribu, Organisasyon ng Tribu o Urban Indian Organization (I/T/U) ayon sa pagkakatukey ng mga katawagang iyon sa Seksyon 4 ng Batas sa Pagpapahusay ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indiyano (Indian Health Care Improvement Act) (25 U.S.C. seksyon 1603).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

**Pangangala para sa inpatient:** Kapag kailangan ninyong manatili nang isang gabi sa ospital o ibang lugar para sa pangangalagang medikal na kailangan ninyo.

**Pangsiyasat sa paggamot:** Ang isang gamot para sa paggamot, biyolohikal na produkto, o device na matagumpay na nakompleto ang unang yugto ng isang klinikal na pagsisiyasat na inaprubahan ng FDA ngunit hindi pa naaprubahan para sa pangkalahatang paggamit ng FDA at nananatiling nasa ilalim ng pagsisiyasat sa isang klinikal na pagsisiyasat na inaprubahan ng FDA.

**Pangmatagalang pangangalaga:** Ang pangangalaga sa loob ng pasilidad nang lagpas sa buwan ng pag-admit.

**Plano ng pinamamahalaang pangangalaga:** Ang planong Medi-Cal na gumagamit lang ng ilang doktor, espesyalista, klinika, botika, at ospital para sa mga tatanggap ng Medi-Cal na nakatala sa planong iyon. Ang L.A. Care ay isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga.

**Medi-Cal Rx:** Isang serbisyo ng benepisyo sa botika ng FFS Medi-Cal na kilala bilang “Medi-Cal Rx” na nagbibigay ng mga benepisyo at serbisyo sa botika, kabilang ang mga inireresetang gamot at ilang medical supply sa lahat ng benepisyaryo ng Medi-Cal.

**Tahanang medikal:** Isang modelo ng pangangalaga na magbibigay ng mas mahusay na kalidad ng pangangalagang pangkalusugan, pabubutihin ang pamamahala ng mga miyembro ng sarili nilang pangangalaga, at babawasan ang mga maiiwasang gastusin sa paglipas ng panahon.

**Medikal na transportasyon:** Transportasyon kapag hindi kayo makakapunta sa isang saklaw na medikal na appointment at/o para kunin ang mga reseta sa pamamagitan ng kotse, bus, tren, o taxi at ang inyong provider ay inireseta ito para sa inyo. Nagbabayad ang L.A. Care ng pinakamababang gastos sa transportasyon para sa inyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan ninyo ng masasakyan papunta sa inyong appointment.

**Medikal na kinakailangan (o medikal na pangangailangan):** Ang medikal na kinakailangang pangangalaga ay mahahalagang serbisyo na makatwiran at pumoprotekta sa buhay. Kailangan ang pangangalagang ito upang maiwasang magkasakit o mabalda nang malubha ang mga pasyente. Binabawasan ng pangangalagang ito ang matinding pananakit sa pamamagitan ng paggamot ng sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kasama sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ng Medi-Cal ang pangangalagang medikal na kinakailangan para ayusin o matulungan ang isang pisikal o mental na sakit o kondisyon, kabilang ang mga sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal, gaya ng itinakda sa Seksyon 1396d(r) ng Titulo 42 ng ang Kodigo ng Estados Unidos.

**Medicare:** Ang pederal na programa ng insurance sa kalusugan para sa mga taong 65 taong gulang pataas, ilang mas bata na may kapansanan, at mga taong may end-stage renal disease (permanenteng pagpalya ng bato na nangangailangan ng dialysis o transplant, at kung minsan ay tinatawag na ESRD).

**Miyembro:** Sinumang kwalipikadong miyembro ng Medi-Cal na nakatala sa L.A. Care na may karapatang makakuha ng mga saklaw na serbisyo.

**Provider ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip:** Ang mga lisensyadong indibidwal na nagbibigay ng mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip at pag-uugali sa mga pasyente.

**Mga serbisyo ng kumadrona:** Pangangalaga bago manganak, sa panahon ng panganganak, at pagkatapos manganak, kabilang ang pangangalaga sa pagpapalano ng pamilya para sa ina at agarang pangangalaga para sa bagong silang, na ibinibigay ng mga sertipikadong nars na kumadrona (CNM) at lisensyadong kumadrona (LM).

**Network:** Isang grupo ng mga doktor, klinika, ospital, at iba pang provider na nakakontrata sa L.A. Care para magbigay ng pangangalaga.

**Provider sa network (o nasa network na provider):** Pumunta sa “Kalahok na provider.”



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



**Hindi saklaw na serbisyo:** Ang serbisyong hindi saklaw ng L.A. Care.

**Hindi pangmedikal na transportasyon:** Transportasyon kapag naglalakbay papunta at paalis sa appointment para sa saklaw na serbisyo ng Medi-Cal na pinapahintulutan ng inyong provider at kapag kumukuha ng mga reseta at medikal na supply.

**Hindi kalahok na provider:** Isang provider na wala sa network ng L.A. Care.

**Iba pang coverage sa kalusugan (Other health coverage, OHC):** Ang iba pang coverage sa kalusugan (OHC) ay tumutukoy sa mga pribadong insurance sa kalusugan at tagabayad para sa serbisyo bukod sa Medi-Cal. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang mga planong medikal, pangngipin, para sa paningin, botika at/o pandagdag na plano ng Medicare (Part C at D).

**Orthotic device:** Isang device na ginagamit bilang suporta o brace na nakakabit sa labas sa katawan para suportahan o iwasto ang isang matinding nasugatan o may sakit na bahagi ng katawan at medikal na kinakailangan para sa medikal na paggaling ng miyembro.

**Mga serbisyong hindi available sa lugar:** Ang mga serbisyo habang ang isang miyembro ay nasa anumang lugar sa labas ng lugar ng serbisyo.

**Wala sa network na provider:** Isang provider na hindi bahagi ng network ng L.A. Care.

**Pangangalaga para sa outpatient:** Kapag hindi ninyo kailangang manatili ng isang gabi sa isang ospital o ibang lugar para sa pangangalagang medikal na kailangan ninyo.

**Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient:** Kabilang sa mga serbisyo para sa outpatient para sa mga miyembrong may mga hindi malala hanggang katamtamang kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip ang:

- Pang-indibidwal o panggrupong pagsusuri at paggamot ng kalusugan ng pag-iisip (psychotherapy)
- Psychological na eksaminasyon kapag ipinabatid ng klinika para suriin ang kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay ng therapy sa gamot
- Psychiatric na konsultasyon
- Laboratoryo, mga supply, at suplemento para sa outpatient

**Palliative na pangangalaga:** Pangangalaga para mabawasan ang pisikal, emosyonal, panlipunan, at espirituwal na mga kakulangan sa ginhawa para sa isang miyembrong may malubhang karamdaman. Hindi kinakailangan ng palliative na pangangalaga na magkaroon ang miyembro ng inaasahang haba ng buhay na 6 na buwan o mas maikli pa.

**Kalahok na ospital:** Isang lisensyadong ospital na may kontrata sa L.A. Care para magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro sa panahon na nakakatanggap ang isang miyembro ng pangangalaga. Ang mga saklaw na serbisyo na maaaring ialok ng ilang kalahok na ospital sa mga miyembro ay nililimitahan ng pagsusuri sa paggamit at mga patakaran sa pagtiyak ng kalidad ng L.A. Care o kontrata ng L.A. Care sa ospital.

**Kalahok na provider (o kalahok na doktor):** Isang doktor, ospital, o iba pang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensyadong pasilidad para sa kalusugan, kabilang ang mga pasilidad para sa sub-acute na sakit na may kontrata sa L.A. Care na mag-alok ng mga saklaw na serbisyo sa mga miyembro sa oras na makakuha ng pangangalaga ang isang miyembro.

**Mga serbisyo ng doktor:** Mga serbisyong ibinibigay ng isang taong lisensyado sa ilalim ng batas ng estado para magsanay ng medisina o osteopathy, nang hindi kasama ang mga serbisyong inaalok ng mga doktor habang kayo ay na-admit sa isang ospital na sinisingil sa bayarin sa ospital.

**Plano:** Pumunta sa “Plano ng pinapamahalaang pangangalaga.”



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

**Mga serbisyo pagkatapos ng pag-stabilize ng kondisyon:** Mga saklaw na serbisyo na may kaugnayan sa isang pang-emergency na medikal na kondisyon na ibinibigay pagkatapos maging stable ng kondisyon ng isang miyembro para mapanatili ang stable na kondisyon. Ang mga serbisyo sa pangangalaga pagkatapos ng pag-stabilize ng kondisyon ay saklaw at binabayaran. Ang mga ospital sa labas ng network ay maaaring mangailangan ng paunang pag-apruba.

**Paunang pag-apruba (o paunang pahintulot):** Ang inyong PCP o iba pang provider ay dapat makakuha ng pahintulot mula sa L.A. Care bago kayo makakuha ng ilang serbisyo. Aaprubahan lang ng L.A. Care ang mga serbisyong kailangan ninyo. Hindi aaprubahan ng L.A. Care ang mga serbisyo ng mga hindi kalahok na provider kung naniniwala ang L.A. Care na makakakuha kayo ng maihahambing o mas naaangkop na mga serbisyo sa pamamagitan ng mga provider ng L.A. Care. Ang referral ay hindi pag-apruba. Kailangan ninyong kumuha ng pag-apruba mula sa L.A. Care.

**Coverage sa inireresetang gamot:** Coverage para sa mga gamot na inirereseta ng provider.

**Mga inireresetang gamot:** Isang gamot na legal na nangangailangan ng utos mula sa lisensyadong provider para maibigay.

**Pangunahing pangangalaga:** Pumunta sa “Karaniwang pangangalaga.”

**Provider ng pangunahing pangangalaga (Primary care provider, PCP):** Ang lisensyadong provider na mayroon kayo para sa karamihan ng inyong pangangalagang pangkalusugan. Tinutulungan kayo ng inyong PCP na makuha ang kailangan ninyong pangangalaga. Ang ilang pangangalaga ay kailangan muna ng pag-apruba, maliban kung:

- May emergency ka
- Kailangan ninyo ng pangangalaga sa OB/GYN
- Kailangan ninyo ng mga sensitibong serbisyo
- Kailangan ninyo ng mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya/pagkontrol sa pagbubuntis

Ang inyong PCP ay maaaring isang:

- Pangkalahatang practitioner
- Internist
- Doktor para sa Mga Bata
- Pampamilyang practitioner
- OB/GYN
- Indiyang Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan (IHCP)
- Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (FQHC)
- Rural na Klinikang Pangkalusugan (RHC)
- Nurse practitioner
- Assistant na doktor
- Klinika

**Paunang pahintulot (paunang pag-apruba):** Ang inyong PCP o iba pang provider ay dapat makakuha ng pag-apruba mula sa L.A. Care bago kayo makakuha ng ilang partikular na serbisyo. Aaprubahan lang ng L.A. Care ang mga serbisyong kailangan ninyo. Hindi aaprubahan ng L.A. Care ang mga serbisyo ng mga hindi kalahok na provider kung naniniwala ang L.A. Care na makakakuha kayo ng maihahambing o mas naaangkop na mga serbisyo sa pamamagitan ng mga provider ng L.A. Care. Ang referral ay hindi pag-apruba. Kailangan ninyong kumuha ng pag-apruba mula sa L.A. Care.

**Prosthetic device:** Isang artipisyal na device na nakakabit sa katawan para palitan ang nawawalang bahagi ng katawan.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).



**Direktoryo ng Provider:** Ang listahan ng mga provider sa network ng L.A. Care.

**Psychiatric na pang-emergency na kondisyong medikal:** Isang sakit sa pag-iisip kung saan ang mga sintomas ay sapat na seryoso o malubha para magdulot ng agarang panganib sa inyong sarili o sa iba o hindi kayo kaagad makakapagbigay o makakagamit ng pagkain, tirahan, o damit dahil sa sakit sa pag-iisip.

**Mga pampublikong serbisyong pangkalusugan:** Ang mga serbisyong pangkalusugan na nakatuon sa populasyon bilang kabuuan. Kabilang ito ang, bukod pa sa iba, pagsusuri sa sitwasyong pangkalusugan, pagsubaybay sa kalusugan, mga pang-iwas na serbisyo, pagkontrol sa nakakahawang sakit, pagprotekta at paglinis ng kapaligiran, kahandaan at pagtugon sa sakuna, at kalusugan sa trabaho.

**Kwalipikadong provider:** Ang doktor na kwalipikado sa larangan ng panggagamot na naaangkop para magamot ang inyong kondisyon.

**Reconstructive surgery:** Operasyon para maayos ang mga abnormal na estruktura ng katawan para mapahusay ang paggalaw o gumawa ng normal na hitsura hangga't maaari. Ang mga abnormal na estruktura ng katawan ay sanhi ng depekto sa pagkapanganak, abnormalidad sa pag-unlad, trauma, impeksyon, mga tumo, r o sakit.

**Referral:** Kapag sinabi ng inyong PCP na maaari kayong makakuha ng pangangalaga mula sa ibang provider. Ang ilang saklaw na serbisyo sa pangangalaga ay nangangailangan ng referral at paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

**Mga serbisyo at device sa pangrehabilitasyon at panghabilitasyong therapy:** Mga serbisyo at device para matulungan ang mga taong may mga pinsala, kapansanan, o hindi gumagaling na kondisyon para makakuha o mabawi ang mga mental at pisikal na kasanayan.

**Karaniwang pangangalaga:** Mga serbisyong medikal na kinakailangan at pangangalagang pang-iwas, well child na pagbisita, o pangangalagang gaya ng karaniwang follow-up na pangangalaga. Ang layunin ng karaniwang pangangalaga ay maiwasan ang mga problema sa kalusugan.

**Rural na Klinikang Pangkalusugan (Rural Health Clinic, RHC):** Isang sentrong pangkalusugan sa isang lugar na may kaunting provider ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kayong makakuha ng pangunahin at pang-iwas na pangangalaga sa RHC.

**Mga sensitibong serbisyo:** Mga serbisyong may kaugnayan sa kalusugan ng pag-uisip o pag-uugali, sekswal at reproduktibong kalusugan, pagpapalano ng pamilya, mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik (STI), HIV/AIDS, sekswal na pag-atake at pagpapalaglag, sakit sa paggamit ng kontroladong kemikal, pangangalagang nagpapatibay sa kasarian, at karahasan ng kinakasama.

**Malubhang karamdaman:** Isang sakit o kondisyon na dapat gamutin at maaaring magresulta sa pagkamatay.

**Lugar ng serbisyo:** Ang heyograpikong lugar na pinaglilingkuran ng L.A. Care. Kabilang dito ang county ng Los Angeles.

**May kasanayang pangangalaga:** Mga saklaw na serbisyong ibinibigay ng mga lisensyadong nars, technician, at/o therapist sa panahon ng pananatili sa pasilidad ng may kasanayang pagkalinga o sa tahanan ng isang miyembro.

**Pasilidad para sa may kasanayang pagkalinga:** Isang lugar na nagbibigay ng 24 na oras sa isang araw na pangangalagang pagkalinga na tanging mga sinanay na propesyonal sa kalusugan lang ang maaaring magbigay.

**Espesyalista (o espesyal na doktor):** Isang doktor na gumagamyot sa ilang partikular na uri ng mga problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ang orthopedic surgeon ay ang gumagamot sa mga baling buto; ang allergist ang gumagamot sa mga allergy; at ang cardiologist ang gumagamot sa mga problema sa puso. Sa karamihan ng mga kaso, kailangan ninyo ng referral mula sa inyong PCP para pumunta sa isang espesyalista.

**Mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip:** Mga serbisyo para sa mga miyembrong may mga pangangailangan sa kalusugan ng pag-iisip na mas mataas na antas ng kapansanan kaysa sa banayad hanggang katamtaman.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909 (TTY 711)**. Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](http://lacare.org).

**Sakit na nagtatanging sa buhay:** Isang kondisyong medikal na hindi na mababawi at malamang na magdudulot ng pagkamatay sa loob ng isang taon o mas maikli pa kung ang sakit ay sumusunod sa natural na kurso nito.

**Tort recovery:** Kapag ang mga benepisyo ay ibinigay o ibibigay sa isang miyembro ng Medi-Cal dahil sa isang pinsala na kung saan ang ibang partido ay may pananagutan, babawiin ng DHCS ang makatwirang halaga ng mga benepisyo na ibinigay sa miyembro para sa pinsalang iyon.



**Triage (o screening):** Ang pagsusuri ng inyong kalusugan ng isang doktor o nars na sinanay na mag-screen para sa layunin ng pagtukoy sa pagkaagaran ng inyong pangangailangan para sa pangangalaga.

**Agarang pangangalaga (o mga agarang serbisyo):** Mga serbisyong ibinibigay para gumamot ng hindi pang-emergency na sakit, pinsala, o kondisyon na nangangailangan ng medikal na pangangalaga. Maaari kayong makakuha ng agarang pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network, kung pansamantalang hindi available o naa-access ang mga provider na nasa network.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-888-839-9909** (TTY **711**). Narito ang L.A. Care 2 4 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, kasama ang mga holiday. Walang bayad ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [lacare.org](https://www.lacare.org).



 Walang bayad: **1.888.839.9909** | TTY **711**  **lacare.org**